# 9

# Panitikang Asyano

## (Gabay ng Guro)

DRAFT
April 1, 2014

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga mula sa mga publikong paaralan, kolehiyo at/o unibersidad. Hinihikayat naming ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph. Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

Kagawaran ng Edukasyon

Republika ng Pilipinas

# MODYUL 1

## MGA AKDANG PAMPANITIKAN NG TIMOG-SILANGANG ASYA

DRAFT
April 1, 2014

## I. PANIMULA

Matapos na pag-aralan sa Baitang 8 ang mga panitikang pambansa, tiyak na napaghandaan ng mga mag-aaral ang malalim na pagtalakay at pag-unawa sa iba't ibang genre ng panitikan ng mga karatig-bansa sa Asya.

Sa **Modyul1**, matutunghayan natin ang mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya. Inaasahan nating ang mga aralin sa module na ito ay tutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na maintindihan ang iba pang kultura at pamumuhay ng mga tao ng karatig-bansa ng Pilipinas.

Inaasahang pagkatapos ng Unang Markahan, ang mga mag-aaral ay nakapagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pamapanitikan ng Timog-Silangang Asya sa tulong ng teknolohiya at mga estratehiya na gagabay sa mga mag-aaral sa higit na malalim at kapaki-pakinabang na pagkatuto.

Nilalayon ng **Modyul 1** na nakagagawa ang mga mag-aaral ng isang malikhaing panghihiyakat sa pamamagitan ng *book fair* at ilang pamamaraan na kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral sa mga susunod na mga modyul

Sa pagtalakay ng mga aralin, gagabayan ang mga mag-aaral na masagot ang mga pokus na tanong na: "Paano nakatutulong ang pag-aaral ng iba't ibang akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya sa pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang Asyano". At "paano nakatutulong ang gramatika at retorika para sa malalim na pagsusuri ng mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya?"

Iba't ibang gawaing isahan at pangkatan ang inihanda para sa mga mag-aaral tulad ng pagbabasa at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan at mga kolaboratibong gawain sa gramatika at retorika upang magiging interaktibo ang pagtalakay sa mga aralin. Sa pamamagitan nito, inaasahan na ang mga kasanayang pampagkatuto ay malilinang sa mga mag-aaral pagkatapos ng talakayan sa **Modyul 1.**

DRAFT
April 1, 2014

## GRAPIKONG PRESENTASYON NG MODYUL 1

### PANITIKAN NG TIMOG-SILANGANG ASYA

**Aralin 1.1**
Panitikan: Ang Ama
Maikling Kuwento - Singapore
Wika: Pangatnig at *Transitional Devices*
Uri ng Teksto: Nagsasalaysay

**Aralin 1.2**
Panitikan: Ang Alamat ni Prinsesa Manorah
Alamat - Thailand
Wika: Pang-abay na Pamanahon
Uri ng Teksto: Nagsasalaysay

**Aralin 1.3**
Panitikan: Kultura: Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan
Tula - Pilipinas
Wika: Wastong Gamit ng mga Salitang Naglalarawan
Uri ng Teksto: Naglalarawan

**Aralin 1.4**
Panitikan: Kay Estela Zeehandelar
Sanaysay – Indonesia
Wika: Wastong Gamit ng mga Pang-ugnay sa Paglalahad ng Opinyon
Uri ng Teksto: Naglalahad

**Aralin 1.5**
Panitikan: Tiyo Simon
Dula – Pilipinas
Wika: Pandiwang Panaganong Paturol
Uri ng Teksto: Nagsasalaysay

**Aralin 1.6**
Pangwakas ng Gawain
Malikhaing Panghihikayat o *book fair*

## II. PANIMULANG PAGTATAYA

**PANGKALAHATANG PANUTO:**

1. Bago mo simulan ang pagsagot, bilangin mo muna kung ito ba ay binubuo ng pitong (7) pahina.
2. Isulat sa malalaking titik ang titik ng napili mong sagot.
3. Bahagi ng pagsusulit ang pagsunod sa panuto.

1. Panuto: Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga pangatnig at *transitional devices* ay nakatutulong sa:

   A. pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento.
   B. pagbibigay kahulugan sa konotasyon at denotasyon ng mga salita.
   C. pagtukoy sa mga pangunahing tauhan sa maikling kuwento o alamat.
   D. pagkilala kung kalian naganap, nagaganap, gaganapin ang kilos o pangyayari.

2. Kapag ang maikling kuwento ay nakatuon sa pagkakabuo ng mga pangyayari, ito'y mauuri bilang maikling kuwentong:

   A. kababalaghan
   B. katutubong kulay
   C. pangtauhan
   D. makabanghay

3. Ang pangatnig na <u>samantala</u> ay ginagamit na:

   A. panlinaw
   B. pananhi
   C. pantuwang
   D. panapos

4. Ang tulang naglalarawan ng pagpapahalaga o pagkamuhi ng makata o may akda sa isang pook o pangyayari ay tinatawag na tulang:

   A. mapang-uroy
   B. mapaglarawan
   C. mapang-aliw
   D. mapangpanuto

5. Ang pang-ugnay ay bahagi ng salitang:

   A. Pangkayarian
   B. pananda
   C. pantukoy
   D. pangawing

6. Kung ang sanaysay na di-pormal ay tinatawag na personal na sanaysay, ang sanaysay na impersonal naman ay:

   A. naglalarawan.
   B. pormal.
   C. nangungutya
   D. nang-aaliw

DRAFT
April 1, 2014

7. Ang panagano ng pandiwa na nagsasaad ng katotohanan ng isang bagay o pangyayari ay tinatawag na:

A. pawatas
B. pautos.
C. paturol
D. pasakali

8. Isang uri ng dulang nagtataglay ng malulungkot na pangyayari subalit nagwawakas na masaya ang:

A. komedya
B. melodrama
C. tragikomedya
D. trahedya

9. Ang sining ng panggagaya sa tunay na kalikasan ng buhay na kinatha upang itanghal at magsilbing salamin ng buhay ang:

A. kathambuhay
B. dula
C. teatro
D. sarsuwela

10. *Simula nang natutong magsarili, siya'y naging responsableng bata.* Ang pangungusap ay may pang-abay na pamanahon na

A. walang pananda
B. payak na salita
C. may pananda
D. inuulit

DRAFT
April 1, 2014

11. *Ang bawat bituin ay naging munting puting bulaklak na sadyang napakatamis ng samyo. _____ noon, ang kaniyang mga bulaklak ay naging paborito ng mga tao, pangkuwintas sa mga dalaga at bisita at pang-alay sa mga Santa tuwing may okasyon*." Anong salita ang maaaring ipuno na magiging pananda ng pang-abay na pamanahon?

A. hanggang
B. kaya
C. mula
D. kapag

12. Sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento, gumagamit tayo ng mga:

A. pantukoy
B. pangatnig
C. pandiwa
D. pang-abay

13. ____ *araw ng Linggo, nagsisimba ang buong mag-anak.* Ang salitang nawawala sa pangungusap ay:

A. Kung
B. Kapag
C. Sa
D. Simula

14. Maituturing ang isang kuwento na alamat kapag

A. naganap sa mga tanyag na lugar.
B. naglalaman ito ng makatotohanang pangyayari.
C. nagsasalaysay ng pinagmulan ng bagay o lugar.
D. naglalahad ng patunay sa pinagmulan ng mga bagay-bagay.

15. Sa pangungusap na, *Si Sitti Nhuraliza ay may ginintuang tinig at ginintuang puso*, ang salitang ginintuan ay:

A. nangangatuwiran
B. Naglalarawan
C. nag-uugnay
D. nagsasalaysay

16. Sa mga pangungusap na, *Nagugutom si Egay*. at *Nagluto si Mulong ng pansit*. Ano ang angkop na gamiting pang-ugnay upang maging iisang pangungusap ang mga nabanggit?

A. kaya
B. palibhasa
C. subalit
D. datapwat

*17.* *Haba ng hair,*
*Utak niya'y puro air,*
*Amoy mo ay wagas,*
*Dapat ka ngang magtawas*

Ang saknong na mula sa tulang isinulat ni Von Crisostomo Villaraza ay halimbawa ng tulang:

A. mapagbiro
B. mapaglarawan
C. mapanghikayat
D. mapang-aliw

18. Anong uri ng pang-ugnay ang ginamit sa pangungusap na, *Ayon kay Rene, ang pagpapakahulugan sa pahayag ay malinaw*.

A. pananda
B. pangatnig
C. pang-ukol
D. pantukoy

19. *Ang dekonstruksyon ay isang paraan ng pag-aanalisa ng teksto*. Ang pangungusap ay halimbawa ng

A. pangangatuwiran
B. paglalahad
C. pagkukuwento
D. paglalarawan

20. Aling pangkat ng pandiwa ang nasa panaganong paturol?

A. pinuhin, Anihin, Ihain
B. kumanta, tumalilis, kumaripas
C. gamitan, asahan, pag-aralan
D. natapos, natatapos, matatapos

DRAFT
April 1, 2014

21.___ *ni Rizal ang Noli at El Fili upang mapalaya ang Pilipinas sa mga Espanyol.* Anong anyo ng pandiwa ang angkop na ipuno sa pahayag?

A. Nagamit
B. Gagamitin
C. Ginamit
D. Kagagamit

22. Ang patalastas o anunsiyo ay isang paraan ng komunikasyon o pakikipagtalastasan na may layuning:

A. maglarawan
B. manghimok
C. mangaral
D. magpakilala

23. Alin sa sumusunod na pandiwang paturol ang nasa perpektibong katatapos?

A. kumaripas
B. kakalusong
C. katatayo
D. pinagsabitan

24. Ang lahat ay nagsasaad ng makatotohanang impormasyon, maliban sa:

A. naganap ang makasaysayang EDSA Revolution noong Pebrero 25, 1986.
B. taun-taon ay dinadaanan ng hindi bababa sa dalawampung bagyo ang Pilipinas.
C. nakagagamot sa sakit sa ubo ang dahon ng oregano.
D. kung hindi tayo kikilos, maaaring mauwi sa wala ang ating pinaghirapan.

25. *Ang ngiti ni Ina ay <u>patak ng ulan</u> kung tag-araw: ang bata kong puso ay tigang na lupang uhaw na uhaw*...Ang sinalungguhitang pahayag ay nagpapahiwatig ng:

A. pagdurusa
B. kaligayahan
C. kalutasan
D. kalungkutan

**Para sa mga bilang 26-27**

> Tinuyo ng nagdadalamhating ama ang kaniyang mga luha at saka tumayo. Mayroon siyang naisip. <u>Mula ngayon</u>, magiging mabuti na siyang ama. Dinukot niya sa bulsa ang perang ibinigay ng kaniyang amo sa asawa (na kiming iniabot naman ito agad sa kanya, tulad ng

26. Mahihinuhang ang ama ay magiging:

A. matatag
B. Mabuti
C. matapang
D. masayahin

27. Maituturing na pang-abay na pamanahon ang:

A. magiging mabuti
B. nagdadalamhating ama
C. mula ngayon
D. dinukot sa bulsa

DRAFT
April 1, 2014

**Para sa mga bilang 28-29**

> “Tapos po ako ng pagtuturo kaso wala pa ring mapasukan. Sabagay, kahit magtuturo ka ngayon, di mo kakayanin. Oo nga po e. Di mo ba kaya kahit ‘yung tigtatatlong daan lang na kuwarto isang araw? Hindi po talaga kaya e.”
>
> “Sige, ipakita mo na itong papel sa opisina ng Social Services. Doon sa bandang kanan. Salamat po! Maraming salamat!”
>
> Kailangang magpanggap, magsinungaling, mapunta lang si Rebo sa Charity Ward ng ospital. Dito, kahit paano, kutson ang mahihigaan ni Rebo, di hamak na mas mainam kesa higaang bakal na de gulong ng Emergency Room.

28. Ipinahihiwatig ng teksto na ang ama ay:

A. maawain
B. mapagmahal
C. matulungin
D. maalalahanin

29. Ang salitang may salungguhit sa teksto ay isang:

A. pandiwa
B. pang-abay
C. pangngalan
D. pang-uri

DRAFT

**Para sa mga bilang 30**

> Huling Sabado ng Pebrero ang ikalimang Sabado. Eksaktong katapusan. Kasabay ng pagtatapos ng Pebrero ay pumanaw ang aking anak. Ilang sandali matapos ang sabay na paglaglag ng luha sa kanIyang mga mata at pagtirik ng mata, ibinuga niya ang kanIyang huling hininga. Namatay siya habang tangan ko sa aking bisig. Hinintay lamang niya ang aking pagdating. Di na kami nakapag-usap pa dahil pagpasok ko pa lang ng pintua’y pinakawalan na niya ang sunod-sunod na palahaw ng matinding sakit na di nais danasin ng kahit sino. Isa’t kalahating oras siyang naghirap. Nabulag, nanigas, nilabasan ng maraming dugo sa bibig, at naghabol nang naghabol ng hininga.”

30. Layunin ng teksto na:

A. mangatuwiran
B. magsalaysay
C. maglahad
D. maglarawan

31. *Nang tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay- kinakailangang ikahon ako.* Ano ang kahulugan ng salitang sinalungguhitan?

A. itali sa bahay
B. ikulong
C. pagbawalang lumabas
D. lahat ng nabanggit

32. Sa pangungusap na, *Ang araw ay muling sisikat sa dakong Silangan pagsapit ng umaga.* Aling salita ang may dalawa o higit pang kahulugan?

A. araw
B. umaga
C. sisikat
D. lahat ng nabanggit

**Para sa mga bilang 33-34**

> Isa sa pinakamahusay na mang-aawit sa Asya si Sitti Nurhaliza mula sa bansang Malaysia. Nagkamit siya ng iba't ibang awit-parangal hindi lamang sa kaniyang bansa kundi maging sa pang-internasyonal na patimpalak. Isa na rito ang titulong "Voice of Asia" nang makamit niya ang Grand Prix Champion mula sa Voice *of Asia Singing Contest* na ginanap sa Almaty, Kazakhstan.

33. Maituturing na salitang naglalarawan ang:

A. pinakamahusay
B. ginanap
C. nagkamit
D. patimpalak

34. Ang salitang nasalungguhitan sa sanaysay ay nangangahulugang:

A. pag-eensayo
B. paligsahan
C. pamahiin
D. programa

DRAFT
April 1, 2014

35. Ang tulang isinulat ni Pat V. Villafuerte na may pamagat na *Kultura: Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan* ay nagpapahiwatig na ang kultura ay:

A. nagbabago
B. di nagpapalit
C. naaalis
D. di itinuturo

36. *"Isinuko ko ang aking kalayaan at nagpakahon ako sa kanilang nais."*
Ang ipinahihiwatig ng tauhan sa pahayag ay:

A. pagkatalo
B. pagiging sunod-sunuran
C. kawalan ng kapangyarihan
D. kasiyahan

**Para sa mga bilang 37-39**

> Palala nang palala ang problema sa polusyon ngunit marami ang hindi nababahala sa kalagayang ito. Binabalikat ngayon ng daigdig ang pinakamabigat na suliraning ito na maaaring dulot na rin ng makabagong kabihasnan at siyensiya. Mapapansing dahil sa malubhang pag-init ng mundo, pabago-bago ang klima sa iba't ibang panig ng daigdig. Ito'y bunga ng labis na paggamit ng kahoy bilang panggatong. Ang mabilis na pagkaubos ng mga puno sa kagubatan ay nagbibigay rin ng suliranin sa polusyon hindi lamang sa ating bansa pati na rin sa iba pang mga bansa.
>
> Sa nabanggit na mga problema, pinakamalubha ang suliranin sa basura sapagkat ito ang nagpapalala ng polusyon sa lahat ng mga bansa. Kaya naman hindi tumitigil ang pamahalaan ng bawat bansa at mga dalubhasa sa buong mundo sa paglutas ng mga problemang ibinibigay nito sa daigdig.
>
> Gayon pa man, hindi dapat iasa lahat sa mga grupo ng mamamayang may malasakit ang paglutas sa suliranin sa bansa. Dapat magsimula ang pagkilos sa mga tahanan upang mapadali ang pagbibigay ng kalutasan sa problemang idinudulot nito sa sangkatauhan.
>
> Hango sa Hiyas ng Lahi IV Vibal Publishing, Inc

DRAFT
April 1, 2014

37. Ano ang maaaring maging bunga ng patuloy na pag-init ng mundo?

   A. Matutunaw ang mga yelo na magpapalala sa pagbaha.
   B. Mamamatay ang lahat ng may buhay sa mundo.
   C. Masusunog ang mga tao.
   D. Magkakaroon ng taggutom dahil sa kakulangan ng suplay ng pagkain.

38. Ano ang pinakamalubhang suliranin ng lahat ng mga bansa ayon sa teksto?

   A. suliranin sa basura
   B. pagkaubos ng mga puno
   C. problema sa polusyon
   D. pag-init ng mundo

39. Ang lahat ay sanhi ng pandaigdigang problema sa polusyon ayon sa akda, maliban sa isa.

   A. paggamit ng kahoy bilang panggatong
   B. pagkaubos ng mga puno
   C. pagtatapon sa mga estero at ilog
   D. makabagong kabihasnan at siyensiya

**Para sa mga bilang 40-42**

Sa isang sentro ng Ohio, may isang tanawing batuhan sa isang patag na baybayin. Ang lugar na ito ay nakikilala sa tawag na Mount Pheasant. Dati ay may nakatayo ritong higanteng punong kahoy. Bago ito pinutol, may makailang saling ang mga tao ay nag-ukit ng kanilang tanda at pangalan sa katawan nito. Sa dami ng mga sulat sa balat nito, ang pagnanasang mag-iwan ng marka o tanda ng isang tao ay maliwanag.

Habang iniisip ko ito, naalala ko ang sinabi ng isang matalinong lalaki: " Huwag mong iukit ang iyong alaala sa kahoy o pader, iukit mo sa puso ng bata." Ang pagmamarka sa materyal na bagay ay pag-aaksaya ng oras ay lilipas ito sa paglipas ng panahon. Ngunit ang tatak na iiwan sa puso ng mga anak ay mananatili hanggang wakas. Kaya kung nais ng isang ama na mag-iwan ng anumang magtatagal na alaala sa kabataang ipinagkaloob sa kaniya ng Panginoon, umukit siya ng ispiritwal na alaala.

40. Ano ang pahiwatig ng mensaheng may salungguhit?

A. Kukupas ang isang tanda o markang inukit sa puno o pader.
B. Mag-iwan ka ng isang alaalang mananatili hanggang sa wakas.
C. Mahirap umukit ng tanda o marka sa pader o puno.
D. Hindi basta-basta nabubura sa puso ang isang alaala.

41. Makapag-iiwan ng pangmatagalang alaala ang isang tao sa pamamagitan ng:

A. pag-iiwan ng marka o tanda sa isang puno
B. pag-uukit ng ispiritwal na alaalap
C. paggugol ng panahon sa mga bat.
D. pag-iiwan ng alaalang larawan sa isang tao

42. Ano ang maaaring maging pamagat ng teksto?

A. Alalaang inukit sa puso
B. Inukit na alaala sa puno
C. Bato sa Ohio
D. Sa paglipas ng panahon...

2. Sumulat ng tatlong malikhaing panghihikayat na islogan tungkol sa alinman sa sumusunod na paksa – **kabataan, kalikasan,** at **kapayapaan**.

DRAFT
April 1, 2014

**PAALALA SA GURO**

Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya sa gabay na ito ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyakin na nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at *genre* ng panitikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto.

Ang mga Kasanayang Pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat na kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw na pag-aaral. Ngunit inaasahan na malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

## III. YUGTO NG PAGKATUTO

DRAFT

### A. TUKLASIN

- Magkakaroon ng *gallery walk* ang mga mag-aaral na nagpapakita ng iba't ibang bansa sa Timog-Silangang Asya – kultura, uri ng edukasyon, paraan ng pamumuhay, at ilang panitikan na magpapakita ng iba't ibang impormayon tungkol sa mga tatalakaying bansa. (Ang *gallery* walk ay isang ekshibit ng mga larawan at ilang materyal).
- Paalala: Maaaring magpasaliksik ang guro ng iba't ibang impormasyon tungkol sa mga bansang Singapore, Thailand, Indonesia, at Pilipinas.

April 1, 2014

### B. LINANGIN

- **Paalala:** Tunghayan ang mga gawain sa **Gabay ng Guro sa Pagtuturo**

**Aralin 1.1**

A. **Panitikan:** Ang Ama
Maikling Kuwento – Singapore
Isinalin sa Filipino ni M. R. Avena

B. **Gramatika / Retorika:** Mga pangatnig at *Transitional Devices* sa Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari (subalit, samantala, sa wakas, dahil sa, saka, kaya, kung gayon, sa lahat ng ito)

C. **Uri ng Teksto:** Nagsasalaysay

**Deskripsyon ng ARALIN 1**

Ang Aralin 1 ay naglalaman ng mga konsepto tungkol sa maikling kuwentong makabanghay. Naglalahad ito ng isang kuwento ng Singapore na pinamagatang **Ang Ama** na isinalin sa Filipino ni Mauro R. Avena. Bahagi rin ng pagtalakay ang iba't ibang pangatnig at ***transitional devices*** na makatutulong sa mga mag-aaral sa pagsasalaysay ng sariling karanasan, pasalita man o pasulat.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa maikling kuwentong makabanghay sa tulong ng teknolohiya at iba pang *transitional devices*. upang makapagsalaysay ng sariling karanasan

**Pamantayan sa Pagganap:** Naisasalaysay nang masining ng mag-aaral ang banghay ng maikling kuwento gamit *graphic organizer*

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nasusuri ang mga pangyayari, at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan sa lipunang Asyano batay sa napakinggang akda |
| Pag-unawa sa Binasa | Nakabubuo ng sariling paghahatol o pagmamatuwid sa mga ideyang nakapaloob sa akda batay sa mga pamantayang internal na taglay ng mambabasa / manonood |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang- kahulugan ang mga pahiwatig na ginamit sa binasang mga akda |
| Panonood | Napaghahambing ang mga piling pangyayari sa napanood na dula / telenobela sa kasalukuyang lipunang Asyano |
| Pagsasalita | Naisasalaysay nang may pagkakasunod ang mga pangyayari ng isang maikling kuwentong makabanghay |

| | |
|---|---|
| Pagsulat | Naisusulat ang pagsusuri ng isang kuwentong makabanghay batay sa mga proseso sa paglikha nito tulad ng: isang mahalagang desisyon o isang mahalagang pagbabago sa sarili |
| Gramatika/Retorika | Nagagamit nang wasto ang mga pangatnig o kataga na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nakapagsasaliksik nang pahapyaw sa iba't ibang uri ng maikling kuwento |

**Tuklasin**

Maghanap ka ng kuwentong halimbawa ng kuwentong makabanghay. Kung maaari ay yaong maikli lamang. Basahin mo ang kuwentong ito. Paalalahanan ang mga mag-aaral na makinig nang mabuti dahil pagkatapos ng gawaing pakikinig ay ipapagawa mo ang Gawain 1.

**GAWAIN 1.** *Episodic Organizer*

1. Ilalahad ng mga mag-aaral ang kuwentong napakinggan gamit ang *episodic organizer*.
2. Hayaan silang buuin ang *episodic organizer* sa loob ng 10 minuto.
3. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang ginawa.

DRAFT

**Paalala:** Ang **Gawain 1.b** sa LM ay maaring ipagawa pagkatapos ng malayang talakayan sa pamamagitan ng pagsagot ng sumusunod na tanong:

a. Sino ang pangunahing tauhan? Pantulong na tauhan?
b. Saan ang tagpuan ng kuwento?
c. Paano nagsimula ang kuwento?
d. Ano ang naging suliranin / tunggalian ng kuwento?
e. Saang bahagi ang kasukdulan?
f. Paano nagtapos ang kuwento?

April 1, 2014

4. Ipabasa mo sa mga mag-aaral ang kuwentong "Nang Minsang Naligaw si Adrian" na nasa LM.
5. Ipagawa ang Gawain 1.b

**GAWAIN 3.** *Fist of Five*

- Ipagawa sa mga mag-aaral ang Gawain 3 na nasa kanilang LM.
- **MUNGKAHI:** Mas maiging babasahin mo nang malakas ang panuto paano at ang bawat pulso.

**Panuto:**

- Ipakita ang bilang ng mga daliri ayon sa katumbas nitong antas ng pagkaunawa o pagkatuto – **5 daliri** kung alam na alam mo na at kaya mong ipaliwanag sa iba; **4 daliri** kung nagagawa mo nang mag-isang ipaliwanag; **3 daliri** kung kailangan mo pa ng tulong sa pagpapaliwanag; **2 daliri** kung kailangan mo pang magpraktis, at **1 daliri** kung nagsisimula ka pa lamang.

**Ang iyong pulso sa:**

- naipaliliwanag ko ang katuturan ng maikling kuwento
- napag-iiba-iba ko ang iba't ibang uri ng kuwento
- naiisa-isa ko ang mga elemento ng maikling kuwento
- napagsusunod-sunod ko ang mga pangyayari sa isang kuwento
- nasusuri ko ang mga pangyayari, at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan
- nakabubuo ako ng sariling paghahatol o pagmamatuwid sa mga ideyang nakapaloob sa akda
- nabibigyang-kahulugan ko ang mga pahiwatig na ginamit sa maikling kuwento
- napaghahambing ko ang mga piling pangyayari sa napanood na dula o telenobela sa kasalukuyang lipunan at sa kuwentong tinalakay,
- nasusuri ang isang kuwentong makabanghay batay sa mga proseso sa paglikha nito
- naisasalaysay ko nang may pagkakasunod ng mga pangyayari ng isang maikling kuwentong makabanghay
- at nagagamit ko nang wasto ang mga kataga o pahayag na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari

**GAWAIN 2.** Paghahanay ng mga Pangyayari

1. Ipagawa ito sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsagot nito sa sagutang papel.
2. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang ginawa. Iproseso ang mga sagot ng mag-aaral.

DRAFT
April 1, 2014

**Linangin**

- Maaari kang magsagawa muna ng pangganyak na gawain bago ipabasa ang kuwentong kuwentong "Ang Ama".
- Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang **Alam mo na ba** bago gawin ang Gawain 4.
- Iproseso ang Gawain 4 at tiyaking naunawaan ng mga mag-aaral ang mga pahayag na binigyan ng kahulugan.
- Pagkatapos magawa ang Gawain 4, ipagawa sa mga mag-aaral ang Gawain 5.

**GAWAIN 5.** *Fan Fact-Analyzer*

- Pagkatapos gawin ng mga mag-aaral ang Gawain 5, tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang ginawa.
- Pagkatapos ng bahaginan, ang Gawain 6 ay magsisilbing gabay sa talakayan upang malaman ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

**PAALALA:** Kung may mga konseptong hindi naaayon sa tinatalakay, ipawasto sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggabay mo.

- Ipabasa sa mga mag-aaral ang isa pang kuwentong makabanghay na "Anim na Sabado ng Beyblade" ni Ferdinand Pisigan Jarin.
- Ipaalala sa mga mag-aaral na ang babasahing kuwento ay bahagi lamang.
- Pagkatapos mabasa ng mga mag-aaral, ipagawa ang Gawain 7.
- Ipaliwanag mo paano gagawin ang isang *timeline*.
- Tumawag ng ilang mag-aaral na magbahagi ng kanilang ginawa pagkatapos makagawa ng *timeline.*

**PAALALA:** Bahagi ng talakayan ang Gawain 7. Tiyaking maproseso ito.

- Ipagawa sa mga mag-aaral ang Gawain 8 pagkatapos ng talakayan.
- Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang tungkol sa pangatnig at *transitional devices.*
- Ipagawa ang Gawain 9 sa LM.
  Ipaliwanag ang tamang sagot upang maintindihan ng mga bata ang konsepto ng pangatnig at *transitional devices* na ginagamit sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

## Pagnilayan at Unawain

- Ipasagot sa mga mag-aaral ang mahahalagang tanong upang malaman mo ang antas ng kanilang pag-unawa sa aralin.
- Tiyaking maiwasto ang mga konsepto na hindi naaayon sa araling tinalakay.
- **PAALALA:** Maaaring magbigay pa ng gawaing susubok sa kanilang pagkaunawa sa aralin.

## Ilipat

- Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang Gawain 10, kung paano nila ito paghahandaan at ang pamantayan sa pagmamarka.
- Maaari kang mag-anyaya ng mga guro na tutulong sa iyo sa pagbibigay ng marka.

DRAFT
April 1, 2014

**GAWAIN:**

Magsasalaysay ang mga mag-aaral ng isang kuwento gamit ang *graphic organizer* sa masining na paraan. Tandaang ang pagganap ay batay sa *GRASPS*

| | |
|---|---|
| *Role-* | *illustrator / layout artist* |
| *Audience-* | Manunulat (writer) ng maikling kuwento |
| *Situation-* | Kailangan ng manunulat ng isang illustrator /graphic artist na gagawa ng *graphical presentation* para sa isang pahina ng kuwento |
| *Performance-* | *Graphical presentation* ng kuwento |
| *Standards-* | ▪ Hikayat sa unang tingin……...40 puntos<br>▪ Kumpleto ang mga element…30 puntos<br>*(tagpuan, tauhan, banghay)*<br>▪ Pagkamasining……………….30 puntos<br>**Kabuuan………………………100 puntos** |

**Aralin 1.2**

**Panitikan:** Ang Alamat ni Prinsesa Manorah
Alamat –Thailand
Isinalin sa Filipino ni Dr. Romulo N. Peralta

**Gramatika / Retorika:** Pang-abay na Pamanahon

- Pang-abay na may pananda (nang, sa, noon, kung, kapag, tuwing, buhat, mula, umpisa, hanggang)
- Pang-abay na walang pananda (kahapon, kangina, ngayon, mamaya, bukas, sandali)
- Pang-abay na nagsasaad ng dalas (araw-araw, tuwing, taon-taon, buwan-buwan)

**Uri ng Teksto:** Nagsasalaysay

**Deskripsyon ng Aralin 2**

Ang Aralin 2 ay tumatalakay sa mga konsepto ng alamat. Naglalahad ito ng isang alamat ng Thailand na pinamagatang Ang **"**Alamat ni Prinsesa Manorah" na salin ni Romulo N. Peralta. Bahagi rin ng pagtalakay ang iba't ibang pang-abay na pamanahon na makatutulong sa mga mag-aaral sa pagsasalaysay ng alamat sa masining na paraan.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa alamat sa tulong ng teknolohiya at mga pang-abay na pamanahon

**Pamantayan sa Pagganap:** Nakapasasalaysay nang masining ang mag-aaral ang isang sariling kathang alamat gamit

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nabibigyang kahulugan ang kilos, gawi, karakter ng mga tauhan batay sa usapang napakinggan |
| Pag-unawa sa Binasa | Napatutunayan ang pagiging makatotohanan/ di–makatotohanan ng akda |
| Paglinang ng Talasalitaan | Naipaliliwanag ang pagbabagong nagaganap sa salita at kahulugan nito dahil sa paglalapi |
| Panonood | Nabubuo ang balangkas ng isa sa pinanood na mga alamat |
| Pagsasalita | Naitatanghal sa pamamagitan ng pagbabalita binuong sariling wakas |
| Pagsulat | Naisusulat ang sariling wakas batay sa huling pangyayari |

| | |
|---|---|
| | o sa naging wakas ng alamat |
| Gramatika/Retorika | Nagagamit nang wasto ang pang-abay na pamanahon sa alamat |

**Tuklasin**

1. Papiliin ang mga mag-aaral ng isa sa mga larawang nasa kanilang LM at pagawaan ito ng kuwento ng maaaring pinagmulan ng kanilang napiling bagay gamit ang *web organizer*.
2. Ihanda ang mga mag-aaral para sa pagbabahagi ng kanilang ginawa.
3. Ipasagot ang mga gabay na tanong bilang bahagi ng talakayan.

**PAALALA**: Kung gagamit ka pa ng ibang larawan maliban sa nasa LM, tiyakin na ito ay mga larawang may kinalaman sa mga bansang kasapi ng Timog-Silangang Asya.

**Linangin**

DRAFT
April 1, 2014

1. Ipabasa sa mga mag-aaral ang "Alamat ni Prinsesa Manorah".
2. Talakayin ang bahaging **Alam mo ba na** upang maintindihan ng mga mag-aaral ang uri ng genre na tatalakayin.
3. Ipagawa ang bahaging Gawain 2 at ipagamit ang mga salita sa kanilang sariling pangungusap.
4. Ipagawa ang Gawain 3 bilang bahagi ng talakayan. Tiyakin na ito'y maayos na maproseso/maipaliwanag.
5. Ipabasa ang isa pang halimbawa ng alamat na "Ang Buwang Hugis-Suklay".
6. Ipagawa ang Gawain 4 at pagkatapos ay tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi.
7. Ang Gawain 5 ay magiging gabay sa pagtalakay sa teksto.
8. Sa Gawain 6, isasagawa ang pagsasanib ng gramatika/retorika. Tiyaking ang bahaging ito ay maipaliliwanag nang mabuti.

**Pagnilayan at Unawain**

1. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga mga gabay na tanong.
2. Gamit ang sagot ng mga mag-aaral, alamin kung ang mga konseptong naintindihan nila ay naaayon sa dapat malinang sa araling ito.
3. Tiyakin na maproseso ang lahat na konseptong ibibigay ng mag-aaral upang maituwid ang mga maling konsepto ng mga mag-aaral.

**Ilipat**

**GAWAIN:**

Magsasalaysay ang mga mag-aaral ng sariling likha na alamat sa isang masining na paraan. Tandaang ang pagganap ay batay sa *GRASPS.*

| | |
|---|---|
| *Goal*- | Magsasalaysay ang mag-aaral ng sariling likha na alamat sa isang masining na paraan. |
| *Role*- | Tagapagkuwento |
| *Audience*- | Mga panauhin sa isang kaarawan |
| *Situation*- | Magdiriwang ng kaarawan ang iyong pamangking at nahilingan kang magkuwento para sa mga panauhin. |
| *Performance*- | Pagsasalaysay ng isang alamat |
| *Standards*- | ▪ Malikhaing pagsasalaysay……50 puntos<br>▪ Paraan ng pagsasalaysay…….30 puntos<br>*(tono at lakas ng tinig,<br>wastong bigkas ng mga salita)*<br>▪ Hikayat sa manonood…………20 puntos<br>**Kabuuan……………………….100 puntos** |

DRAFT
April 1, 2014

**Aralin 1.3**

**A. Panitikan:** Kultura: Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan
Tulang naglalarawan-Pilipinas
ni Pat V. Villafuerte

**B. Gramatika/Retorika:** Mga Salitang Naglalarawan ng mga Pangyayari, Tao at Lugar

**C. Uri ng Teksto**: Naglalarawan

**Deskripsyon ng Aralin**

Ang Aralin 3 ay naglalaman ng tula ni Pat V. Villafuerte na pinamagatang "Kultura: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan, at Buhay ng Kinabukasan". Bahagi ng aralin ang pagtalakay sa mga salitang naglalarawan na makatutulong sa pagpapahayag ng damdamin sa pagbuo ng isang komentaryo.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa tulang naglalarawan (uri ng tula ayon sa layon) sa tulong ng teknolohiya at iba pang mga salitang naglalarawan upang makapaglarawan sa isang pangyayari, tao o lugar

**Pamantayan sa Pagganap:** Nailalarawan ng mga mag-aaral ang katangiang taglay ng isang tulang naglarawan gamit ang *social networking site*

April 1, 2014

**Palala sa Guro**:

Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya sa gabay na ito ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyakin na nakabatay pa rin sa pagtatamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at *genre* ng panitikan ay hindi maaaring palitan (*non-negotiable*). Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto.

Ang mga Kasanayang Pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw na pag-aaral. Ngunit inaasahan na malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

## Tuklasin

Sa bahaging ito tutuklasin ng guro ang eskima (*prior knowledge*) ng mga mag-aaral sa pagkakaiba ng tulang naglalarawan at sa iba pang uri ng tula ayon sa layon.

Pagpapagawa ng guro sa mga gawain na lilinang sa bahaging tuklasin ng aralin. Maaaring ipabasa ang halimbawang tula na pinamagatang Elehiya Kay Ram na isinulat ni Pat V. Villafuerte. Ang tula ay naglalarawan sa damdamin. Sa bahaging ito maaaring magbigay ng ibang halimbawang tula na naglalarawan.

**GAWAIN 1**. Ang Malalabay na Sanga
Pagpapatukoy sa mga salitang naglalarawan sa katangian na ginamit sa ipinabasang bahagi ng tula.

**GAWAIN 2**. Balde ng Kaalaman
Pagpapabigay ng mga ideyang may kaugnayan sa tulang naglalarawan.

**GAWAIN 3**. Tula Ko Iparinig mo at Huhusgahan Ko
Pagpapakinig sa ilang halimbawa ng pagbigkas ng tula mula sa *youtube* o sa anumang aklat na sasaliksikin ng guro.

DRAFT
April 1, 2014

## Linangin

Pagpapabasa ng tulang mapaglarawan na pinamagatang "Kultura:Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan" ni Pat V. Villafuerte.

> **Paalala sa Guro:** Ang akda ay maaaring mapalitan o ito ay *negotiable*. Mahalaga lamang na ang pipiliing akda ay isa pa ring halimbawa ng tulang naglalarawan.

**Alam mo ba na**….
Pagtalakay na sa uri ng panitikang nais bigyang tuon sa aralin (Tulang Naglalarawan). Malaya ang mga guro sa kaniyang paraan sa pagtalakay nito. Maaaring maging *collaborative task* at magpapangkat ang guro sa apat upang sulyapan din ang iba pang uri ng tulang naglalarawan.

**Gawain 3**. Paglinang ng Talasalitaan
Ipabibigay ng guro ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa taludturan. Maaring umisip ang guro ng estratehiya sa bahaging ito o teknik sa kung paano palilitawin ang pagbibigay ng talasalitaan.

**Gawain 4**. Noon, Ngayon at Bukas
Gamit ang grapikong pantulong ipalalarawan ng guro sa mga mag-aaral ang kultura batay sa tatlong panahong binanggit sa tula.

**Pagsagot sa mga tanong**:

Sa bahaging ito ay ipoproseso na ng guro ang masusing pagtalakay sa nilalaman ng akda patungo sa unti-unting pagtalakay sa tulang naglalarawan na may paghahambing o pagsusuri sa katangian ng iba pang tula ayon sa layon.

**Gawain 5.** Ihambing Mo

Pagpapabasa sa isa pang tula na may pamagat na "Ang Pagbabalik" ni Jose Corazon de Jesus.

Pagpapasagot sa mga tanong tungkol sa nilalaman ng tula. Ipahahambing ang tulang nagsasalaysay sa tulang naglalarawan. Iisa-isahin ang katangian ng bawat isa.

Pagpapabasa sa isang sanaysay na pinamagatang Sitti Nurhaliza ni Jan Henry M. Choa Jr. at pabibigyang pansin ng guro ang mga katangian ni Sitti Nurhaliza.

**Alam mo ba na ….**

pagpaliliwanag ng wastong gamit ng mga salitang naglalarawan?

**Gawain 6.** *Character Mapping*

Pagpapaisa-isa sa mga katangian ni Sitti Nurhaliza sa tulong ng *character map*.

**Gawain 7**. Ilista Mo

Pagpapalista ng mga katangian ng taong nakaimpluwensiya sa iyo nang lubos. Sa paanong paraan?

**Gawain 8**. *Blog* Ko

Pagpapapagawa ng isang *blog* tungkol sa pagka-Pilipino ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagkokomentaryo sa ating kultura, paniniwala at pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng bansang Asya.

**Gawain 9**. Pagsasanib ng Gramatika/Retorika

Batay sa ipinabasang sanaysay pabubuuin ang mag-aaral ng mga komentaryong naglalaman ng mga pahayag na may kinalaman sa paglalarawan sa mga pangyayari sa buhay ni Sitti Nurhaliza.

Pagpapaliwanag sa wastong gamit ng salitang naglalarawan.
Pagbibigay ng guro ng mga halimbawa. Sa bahaging ito, isaalang-alang sa paliwanag na ang mga salitang naglalarawan bagamat naglalarawan ay may angkop ding pinaggagamitan sa pahayag.

**Pagsasanay**

Pagpapapili sa angkop na salitang naglalarawan upang mabuo ang pahayag. Sa bahaging ito maaaring itaas ng guro ang antas ng gamit sa mga salitang naglalarawan. Maaaring magbigay ng pagsasanay sa gamit ng salitang

DRAFT
April 1, 2014

naglalarawan kapag ginamit sa mga pahayag sa iba't ibang uri ng akda tulad halimbawa sa tula.

## Pagnilayan at Unawain

Ang bahaging ito ay magsisilbing paglalahat o *generalization* na ng mga mag-aaral sa aralin. Dito na ipabubuod ng guro ang kanilang natutuhan sa panitikan at gramatika/retorika. Maaaring gamitin ang pagbuo ng sintesis na pagdurugtong sa pahayag na nasa LM. Maaari din namang magpagawa ng iba pang gawain ang guro ngunit tiyaking ito ay lalabas na pagbibigay sintesis sa araling tinalakay.

Paalala na sa bahaging ito ay walang pagtalakay na sa aralin o walang panibagong tekstong ibibigay.

## Ilipat

*Goal* - Maibahagi sa alinmang *social network* ang personal na pagbati
*Role*- *blogger*/ komentarista
*Audience*- Mga kaibigan sa ibang bansa at mga nasa *friends' list* sa naturang *social media* na gagamitin sa pagpo-*post* ng komentaryo ng mag-aaral
*Situation*- Nang magbukas ang mag-aaral ng kaniyang *account* sa isang *social media* ay nakita niyang ang taong kaniyang pinahahalagahan ay binabati na ng mga kaibigan nito sa kaniyang kaarawan.
*Performance*- *B*abatiin din ng mag-aaral ang taong iyon sa pamamagitan ng paghahandog ng isang tulang mapaglarawan, gamit ang mga salitang naglalarawan sa taludutrang mabubuo. Pagkatapos ay bibigkasin ng mag-aaral ang ginawang tula at irerekord ito upang mapanood ng kaniyang mahal sa buhay na nasa malayo.
*Standard:* Sa bahaging ito ng aralin ay ipakikita na ng guro ang pamantayang kanilang nabuo sa pagmamarka ng ginawang komentaryo o *blog*.

Maaaring gamitin ang kasunod na mga pamantayan, at malayang makapagbibigay ng katumbas na bahagdan o puntos ang guro.

1. Maraming sumubaybay (bilang patunay na maganda ang ginawang pagsulat at pagbigkas ng tula)
2. Makatotohanan ang ginawang tula
3. Taglay ang elemento ng tula
4. May kaangkupan ng mga salita

DRAFT
April 1, 2014

**Aralin 1.4**

**A. Panitikan:** Kay Estela Zeehandelar
Sanaysay-Indonesia
Isinalin sa Filipino ni Ruth Elynia S. Mabanglo

**B.Gramatika/Retorika:** Gamit ng mga Salitang Pang-ugnay
sa Pagpapahayag ng Sariling Opinyon

**C. Uri ng Teksto:** Naglalahad

**Deskripsyon ng Aralin:**

Ang Aralin 4 ay naglalaman ng sanaysay na salin ni Ruth Elynia S. Mabanglo na pinamagatang **Kay Estela Zeehandelaar** mula sa Indonesia. Bahagi rin ng aralin ang pagtalakay sa gamit ng mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng mga opinyon na makatutulong sa paglalahad ng mga pangyayari.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa sanaysay na di-pormal at pormal sa tulong ng pagbuo ng komentaryo sa radio o telebisyon tungkol sa isang paksa gamit ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng mga opinyon

**Pamantayan sa Pagganap:** Nailalahad ng mag-aaral ang katangiang taglay ng isang sanaysay na pormal at di-pormal sa pagpapahayag ng mga opinyon gamit ang mga pang-ugnay sa pamamagitan ng pagbibigay ng komentaryong ginagamit sa radyo at telebisyon

**Paalala sa Guro:**

Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya sa gabay na ito ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat domain ngunit tiyakin na nakabatay pa rin sa pagtatamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at genre ng panitikan ay hindi maaaring palitan (non-negotiable). Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto.

Ang mga Kasanayang Pampagkatuto sa Bawat Domain ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw na sesyon. Ngunit inaasahan na malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT DOMAIN**

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nailalahad nang may panunuri ang sariling ideya at ang napakinggang ideya kapag ang sarili ay nakita sa katauhan ng nagsasalita |
| Pag-unawa sa Binasa | Nasusuri ang proseso ng padron ng pag-iisip (*thinking pattern*) sa mga ideya at opinyong inilahad sa binasang sanaysay |
| Paglinang ng Talasalitaan | Naipaliliwanag ang salitang may mahigit sa isang kahulugan |
| Panonood | Nasusuri ang paraan ng pagpapahayag ng mga ideya at opinyon sa napanood na halimbawa ng debate o mga kauri nito |
| Pagsasalita | Naitatanghal ang isang debate o mga kauri nito batay sa isang napapanahong isyu o paksa na may kaugnayan sa paksa ng sanaysay |
| Pagsulat | Naisusulat ang sariling opinyon tungkol sa mga dapat o hindi dapat taglayin ng isang kabataang Asyano |
| Gramatika/Retorika | Nagagamit ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng mga opinyon |
| Estratehiya sa Pananaliksik | |

DRAFT
April 1, 2014

**Tuklasin**

Sa bahaging ito, maaring magpakita ang guro sa mga mag-aaral ng *slide show presentation* ng mga larawan ng mga sinaunang pamumuhay at ng modernong pamumuhay.

**Gawain 1**: Ilista Mo

Ipatatala ng guro ang pamumuhay noon at ngayon ng Indonesia

**Gawain 2**: Paghambingin Mo

Ipahahambing ng guro ang uri ng pamumuhay ayon sa kanilang pagkakaiba at pagkakatulad gamit ang *Venn Diagram.*

**Gawain 3**: Indonesia at Pilipinas

Ipahambing naman ang pamamahala sa Indonesia sa Pilipinas. Inaasahang ang bahaging ito ay maaaring naipatakda na ng guro bago pa man dumating ang araw ng talakayan dito. Hayaang makapagsaliksik na agad ang mga mag-aaral tungkol sa Indonesia at Pilipinas. Magtuon sa pinagkatulad at pinagkaiba sa pamamahala ng dalawang bansa. Maaaring gamitin ang chart sa LM para sa hambingan.

**Linangin**

Matapos iproseso ng guro ang bahaging tukalasin sa unang sesyon ay ipagagawa naman ang nasa bahaging ito ng Linangin. Ipababasa na ng guro ang teksto na pinamagatang “Kay Estella Zeehandelar” na isinalin ni Ruth Elynia S. Mabanglo

**Paalala sa guro**: Maaaring palitan ang halimbawang teksto ngunit di maaring palitan ang *genre* ng tekstong dapat talakayin sa bahaging ito. Gayundin kung papalitan ng teksto siguraduhing ang teksto ay mula sa bansang nasasakupan pa rin ng Timog Silangang Asya.

**Alam mo ba na...**

Matapos ang pagpapabasa ay maari nang talakayin ng guro sa kaniyang maiisip na paraan o estratehiya ang bahaging alam mo ba na naglalaman ng paliwanag tungkol sa uri ng akdang pampanitikan na nais palitawin sa araling ito. Maaring kolaboratibong pagtlakay ang magananp na talakayan dito.

Pagsasakatuparan ng Gawain 1 upang mapalalim ng guro ang talakayan hinggil sa nilalaman ng sanaysay patungo sa pagpapalalim na ng pagtalakay sa uri ng sanaysay na pormal at di-pormal.

DRAFT
April 1, 2014

**Gawain 6**:

Pagpapasagot sa Paglinang sa Talasalitaan sa pamamagitan ng pagpapabigay ng guro sa mga mag-aaral sa kahulugan ng mga salita na ginamit sa sanaysay.

**Gawain 7**: *Concept Webbing*

Gamit ang *concept webbing* ipatatala ng guro ang mga kaugaliang Javanese na binaggit sa akda. Sa bahaging ito, tiyakin ng guro na maikokonekta niya ang pagpapalitaw sa kaugaliang Javanese na siya namang nais paglabanan ni Estela Zeehandelar sa kabila ng kaniyang pagiging prinsesa.

**Mga Gabay na Tanong**

Pagkatapos ay ipasasagot ang mga tanong sa bahaging Gabay na Tanong upang maproseso ang pagtalakay sa nilalaman ng sanaysay at maipakita sa mag-aaral kung paano binubuo ang mga pahayag sa pagsulat ng isang sanaysay na di-pormal at sa sanaysay na pormal

**Gawain 8:** Pagsasanib ng Gramatika/Retorika

Pagsuri sa dalawang halimbawang bahagi ng isang sanaysay na di pormal at pormal. Dito na sa bahaging ito palalalimin ng mag-aaral ang pagtalakay sa katangian ng pormal at di pormal na sanaysay. Maaaring magbigay ang guro ng iba pang halimbawang sanaysay para sa pagsasanay 1 at 2

**Pag-usapan:**

Ang sanaysay na Para Kay Estela Zeehandelar ay isang sanaysay na di pormal ayon na rin sa anyo nito na bahagi ng isang liham. Papansinin ang pagkakabuo ng mga pahayag na malaki ang kaibahan sa pahayag na ginagamit sa isang pormal na sanaysay.

**Paalala sa Guro:** Gawing bahagi ng kanilang takdang-aralin ang paghahanap ng iba't ibang uri ng sanaysan na di pormal at pormal. Ipasuri ang katangian pati na rin ang element ng bawat uri.

**Alam mo ba na…**

Sa bahaging ito ay tatalakayin na ng guro sa paraang maiisip niya ang gramatika- Mga pang-ugnay na nakatutulong ng malaki upang mapag-ugnay -ugnay ng may kawastuhan ang mga opinyong isinasaad sa isang paglalahad.

**Gawain 9**: Pag-ugnayin Mo

Pag-uugnayin ng mag-aaral ang mga pahayag upang mabuo ito. Hayaang magamit ng mga mag-aaral ang pangatnig bilang uri ng pang -ugnay.

DRAFT

**Gawain 10**: Komentaryo mo, Susuriin ko

Pagpapasuri sa isang komentaryo. Tandaan na maaaring magbigay ng iba pang halimbawang komentaryo ang guro basta't maisaaalang alang ang pagkuha ng mga ginamit na pang-ugnay. Maaaring magbigay ang guro ng iba pang pagkukunang komentaryo na paghahanguan ng mga pang-ugnay.

**PinoyWEEKLYONLINE**

HOME BALITA BUHAY PINOY KULTURA LATHALAIN MULTIMEDIA OPINYON ISYU MEDIA MAKERS SUR

**Sa panahon ng kalamidad: Bakit ganito sila?**

by Pinoy Weekly Staff

" *What is it about capitalism and its obsession with profit that makes people lose their humanity?"*

Ito ang tanong ni Prop. Judy Taguiwalo, propesor sa Unibersidad ng Pilipinas at aktibista, sa kanyang Facebook *account*, bilang reaksiyon sa kumalat na imahe ng mensahe ng isang kompanya ng *business process outsourcing* (BPO) na nakabase sa Estados Unidos (US). Sa mensaheng ito, inuutusan ng kompanya ang mga empleyado nitong *call center agents* sa Manila na pumasok sa opisina — sa kabila ng utos ng pamahalaan na ikansela ng pribadong mga kompanya ang pasok sa trabaho, at sa kabila ng malaganap na pagbaha sa buong Kamaynilaan.

**Gawain 11**: Opinyon Mo

Ipapakinig o ipanonood muna ng guro ang debate na nasa LM ang link pagkatapos ay ipatutukoy ang mga opinyong inilahad mula sa debate. Tutukuyin din ng mga mag-aaral ang mga ginamit na pang-ugnay at ano-anong mga uri ng paglalahad ang pinaggamitan ng mga pang-ugnay. Kung halimbawang walang pagkakataong makapanood ang mga bata sa nasabing link ay maaaring maghanap ang guro ng isang nakasulat na iskrip ng isang debate ay iyon ang ipasuri sa mag-

aaral. Muli maaaring kolaboratibo ang pagtalakay dito upang maging maayos at mabilis ang talakayang mangyayari.

**Pagnilayan at Unawain**

Hayaang makabuo ang mag-aaral ng kanilang paglalahat sa bahaging ito tungkol sa kahulugan ng sanaysay, uri ng sanaysay pagkakaiba ng pormal at di-pormal na sanaysay. Gamit ng pang-ugnay sa pagbuo ng isang paglalahad ng opinyon.

**Ilipat**

*Goal*- Masuri ang mga komentaryong nakalap ng kapisanan tungkol sa paksang kanialng inilunsad at iprinisisnta sa isang pangkat.
*Role*- Tagapagsuri/Komentarista sa Radyo o Telebisyon
*Audience*- Kapisanan at mga nakikinig sa isatasyon ng radyo.
*Situation*- Nagkalap ang isang kapisanan ng mga komentaryo tungkol sa paksang *gender sensitivity* at upang mabuo ang pagsusuring ilalahad sa radyo at telebisyon ng pangangalap ng opinyon ng madla ay kaialngan nila ng susuri sa mga komento
*Performance*- Naimbitahan kang magsuri ng mga komento at ikaw ang magbubuod ng pagsusuri hinggil sa komentong nakalap ng kapisanan. Ikaw din ang naatasang maglahad ng pagsusuri sa radyo o telebisyon hinggil sa mga opinyong nakalapa bilang pagtatapos sa buwan ng pagtalakay sa *gender sensisitivity* ng kapisanan.
*Standards* -Tatayain ang pagganap sa pamantayang nakalahad:

- Kaangkupan at kabisaan ng mga salitang ginamit sa pagpapahayag ng opinyon
- Kaayusan ng mga opinyon sa pagbibigay komentaryo
- Kabisaan sa pagpapalutang ng paksa
- Katumpakan ng mga impormasyon sa isinagawang saliksik
- Kaisahan ng mga kasapi ng pangkat sa presentasyon
- Kalinawan sa pagsasalita
- Kahusayan sa pagkokomentaryo

DRAFT
April 1, 2014

**Aralin 1.5**

**A. Panitikan:** Tiyo Simon Dula - Pilipinas
ni N.P.S. Toribio

**B. Gramatika/Retorika:** Pandiwang Panaganong Paturol
(Pagbibigay ng Impormasyon)

**C. Uri ng Teksto:** Nagsasalaysay

**Deskripsiyon ng Aralin**

Tatalakayin sa araling ito ang isang dulang Pilipino na "Tiyo Simon" na akda ni N.P.S. Toribio. Bahagi rin ng pagtalakay ang paggamit ng pandiwang nasa panaganong paturol sa pagbibigay ng makatotohanang impormasyon.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa dula at pandiwang paturol upang makapagsalaysay ng katotohanan

**Pamantayan sa Pagganap:** Ang mag-aaral ay nakapaglalahad ng mga impormasyon sa tulong ng mga pandiwang nasa panaganong paturol upang magsalaysay ng makatotohanang pangyayari.

DRAFT April 1, 2014

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nabubuo ang kritikal na paghusga sa kapayakan ng mga tauhan at sa epekto nito sa pagiging masining ng akda batay sa napakinggang mga pahayag |
| Pag-unawa sa Binasa | Nailalapat ang pangunahing kaisipan ng dula sa sarili |
| Paglinang sa Talasalitaan | Nabibigyang-kahulugan ang mga salitang ginamit sa binasang akda at nagagamit sa pagbuo ng makabuluhang pahayag |
| Panonood | Napapahalagahan ang napanood na halimbawa ng dula sa pamamagitan ng pagpili at pagpapaliwanag ng bahaging naibigan |
| Pagsasalita | Nabibigkas nang may paglalapat sa pagsasatao ang ilang dayalogo ng napiling tauhan sa binasang dula |
| Pagsulat | Naisusulat ang isang salaysay na nagbibigay ng |

| | |
|---|---|
| | makatotohanang impormasyon |
| Gramatika/Retorika | Nasusuri ang wastong gamit ng mga salita na nagpapahayag ng pagiging makatotohanan ng mga pangyayari |

**Tuklasin**

**Gawain 1.** Amain ko, Kilalanin Mo

Ganyakin ng guro ang mag-aaral na ipakilala sa klase ang katangian ng iniidolo nilang amain/tiyuhin.

**Paalala:** Maaaring gumamit ang guro ng iba pang estratehiya kung paano isasagawa ang bahaging ito. Ito ay mungkahi lamang.

**Gawain 2.** Ikuwento Mo…

Pagkatapos ipakilala ng mag-aaral ang kaniyang amain/tiyuhin, hikayatin siyang magsalaysay ng sariling karanasan o karanasan ng iba partikular ng kaniyang amain/tiyuhin na tutugon sa salitang nasa bilo-haba.

DRAFT
April 1, 2014

**Gawain 3.** Naisip Mo Ba?

Alamin muna sa mga mag-aaral ang iba pang anyo ng dula at hayaan silang talakayin ang uring binanggit. Maaaring magbigay ng pahapyaw na pagtalakay ang guro sa bahaging ito. (Ang bahaging ito ay naibigay na bilang bahagi ng takdang-aralin.)

Pagkatapos, tuklasin na ng guro ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa pagkakatulad at pagkakaiba ng melodrama sa iba pang anyo ng dula sa pamamagitan ng *comparison organizer.*

**Linangin**

Bago simulan ang pagtalakay sa nilalaman ng akda, ipasagot muna ang gawain sa bahaging talasalitaan. Pagkatapos, ipagagamit sa mga mag-aaral ang bagong salitang natutuhan sa pagbuo ng mga pahayag.

**Paglinang ng Talasalitaan**

1. Araw ng *pangingilin*
2. Namatay na hindi nakapagpa-Hesus
3. Sumakabilang-buhay
4. *Naulinigan* mong may itinututol siya

5. Matibay at *mataos* na pananalig
6. Kailangan ng *pananalig*

Talakayin ang nilalaman ng dulang “Tiyo Simon”. Maaaring isadula ito ng ilang piling mag-aaral sa masining na pagbabasa ng dula *(reader’s theater).* Ang iba pang mga mag-aaral ay manonood at makikinig lamang sa kabuuan ng akda.

**Paalala:** Ang magsisiganap ay maaaring napili na ng guro bago pa man talakayin ang akda. Maaari pa ring gumamit ang guro ng iba pang pamamaraan kung paano isasagawa ang bahaging ito. Ilan sa mungkahing pamamaraan ay *chamber theater, radio drama, puppet show* o iba pa upang maganyak ang mga mag-aaral sa panonood. Ibigay ng guro bilang bahagi ng takdang-aralin ang pagbabasa sa nilalaman ng akda sa mga mag-aaral.

**Pag-usapan**

Ang melodrama ay isang dulang nagtataglay ng malulungkot na pangyayari. Maaaring ito’y makaantig ng damdamin subalit nagwawakas ito nang masaya at kasiya-siya sa mga mabubuti at mababait na tauhan sa dula.

DRAFT April 1, 2014

**Paalala sa Guro:** Talakayin ang melodrama at iba pang uri ng dula (trahedya, komedya, parsa, saynete). Magbigay ang guro ng *input* sa pagtakay sa bahaging ito.

Pag-usapan pagkatapos ang mga gabay na tanong. Magsagawa ng malayang talakayan upang mapalawig pang lalo ang pagtalakay subalit maging maingat ang guro sa pagtanggap ng mga negatibong sagot, argumento o opinyon.

**Gawain 5.** Sa Antas ng Iyong Pag-unawa
Ipasagot ang Mga Gabay na Tanong sa Pagtalakay

1. Ano ang malaking impluwensiya ng pangunahing tauhan kay Boy? Patunayan.
2. Bakit naisipan ni Tiyo Simon na sumama sa mag-ina sa simbahan?
3. Anong damdamin ang namayani sa hipag ni Tiyo Simon sa pagbabalik-loob niya sa Diyos? Kung ikaw ang hipag ni Tiyo Simon, ganoon din ba ang iyong mararamdaman? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
4. Bakit kailangang magkaroon ng matibay na pananalig sa Diyos ang isang tao?
5. Dapat bang sisihin ng tao ang Diyos sa mga pagkakataong dumaranas siya ng mga kabiguan sa buhay? Pangatuwiranan.

6. Kapani-paniwala ba ang mga pangyayaring inilahad sa dula? Tukuyin ang mga pangyayaring makatotohanan at hindi makatotohanan sa akda. Patunayan.
7. Matapos mong mabasa at masuri ang akda…
   a. Ano ang iyong nadama?
   b. Ano ang binago nito sa iyong pag-uugali?
   c. Bakit mo ibabahagi sa iba na basahin ito?
8. Bakit isang melodrama ang akdang iyong binasa? Patunayan.
9. Anong kulturang Pilipino ang inilarawan sa akda? Ihambing ito sa kultura ng alinman sa mga bansang Asyano.
10. Pumili ng dalawa o tatlong madudulang pangyayari sa akda na naibigan. Ipaliwanag kung bakit ito ang iyong naibigan.

Talakayin sa bahaging ito ang nilalaman ng tekstong nagsasalaysay na "Kapag Naiisahan Ako ng Aking Diyos" ni Raquel E. Sison- Buban. Ipabasa ng guro ang nilalaman ng teksto sa piling mga mag-aaral.

Pabigyang-puna ang mga kaisipang inilahad sa binasang teksto. Maaaring ilapat ng mga mag-aaral ang kanilang sariling karanasan sa pagkakataong ito. Bigyang-pansin ang mga puntong katanggap-tangap para sa kanila. Pag-usapan at sagutin ang mga tanong kaugnay sa tekstong pinag-aaralan. Maging maingat sa pagtanggap ng mga negatibong sagot sa mga mag-aaral.

DRAFT
April 1, 2014

**Gawain 6**

Mga Gabay na Tanong sa Pagtalakay

1. Ano ang naunawaan sa bandang huli ng nagsasalita sa teksto tungkol sa kinasapitan ng kaniyang mga plano sa buhay?
2. Ano ang nais ipahiwatig ng nagsasalita sa pagsasabing: "Iniisahan ako ng aking Diyos" Pangatuwiranan ang sagot.
3. Bakit madalas na sisihin ng nagsasalita ang kaniyang Diyos sa tuwing siya'y pumapalpak? Pangatuwiranan ang sagot.
4. Paano haharapin ng tao ang lahat ng mgakabiguang dumarating sa kaniyang buhay?
5. Naniniwala ka bang parusa ng langit ang mga pagsubok na nararanasan ng tao? Patunayan ang sagot.
6. Kung ikaw ang nasa katayuan ng nagsasalita, iisipin mo rin bang iniisahan ka ng iyong Diyos? Bakit? Bigyan ng patotoo ang iyong sagot.
7. Bakit ipinalalagay na impormal ang kababasa mong teksto. Patunayan.

**Pagsasanib ng Gramatika**

Tahasang isinasaad ng **pandiwang panaganong paturol** ang kilos na ipinahahayag nito. Kadalasan ay tuwirang ginagawa o naaapektuhan ng tagaganap ang ipinahahayag ng kilos ng pandiwa. Lahat ng uri ng pandiwa ay nababanghay sa aspekto: nagsasaad na ang kilos ay (perpektibo) naganap na,

(imperpektibo) kasalukuyang nagaganap at kontemplatibo (kilos na gagawin pa lamang).

Mga Halimbawa:
1. Kumuha sa mesa ng makakain natin si Edzel. (perpektibo)
2. Nagsusuklay si Jane habang pinanonood ang mga batang naglalaro. (imperpektibo)
3. Tiyak na magugustuhan ni Eric kapag natikman niya ang dala mong kakanin. (kontemplatibo)
4. Kaiinom lang niya ng gamot. (katatapos)

Kasama rin dito ang pang-apat na aspekto, ang perpektibong katatapos. Nabubuo ito sa pagsasama ng panlaping ka + pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat + salitang-ugat.

Mga Halimbawa:
1. Katutuklas ko lamang na ang may pakana ng lahat ng ito ay ang aking Diyos.
2. Kaiimbita ko sa aking Diyos na bulabugin ako sa aking buhay.

DRAFT

Magbibigay ang guro ng komprehensibong pagtalakay sa bahaging ito. Ipaliwanag din ang pamamaraan sa pagbabanghay ng mga pandiwang nasa panaganong paturol. Bigyang-diin sa mga halimbawang ihahanay sa pisara ang gamit ng mga pandiwang nasa panaganong paturol sa pagbibigay ng makatotohanang impormasyon.

April 1, 2014

**Pagsasanay**

Upang malaman ng guro kung talagang naunawaan ng mga mag-aaral ang paliwanag tungkol sa pandiwang nasa panaganong paturol, ipatukoy sa sa kanila ang iba pang pandiwang paturol na ginamit sa teksto. Ipasagot sa ang gawain sa bahaging Pagsasanay 1 at 2. Iwasto ito pagkatapos. Sa katapusan ng mga gawain, humingi ng paglilinaw sa bahaging mahirap para sa mga mag-aaral.

Magsagawa ng gawain sa Pagsulat. Sumangguni sa LM **Pagsasanay 3**. Ang mga paksa sa bahaging ito ay mungkahi lamang. Malaya ang gurong magbigay ng iba pang paksang sa tingin niya ay napapanahon. Maaari ring bigyan ng pagkakataon na malayang makapili ang mga mag-aaral ng paksang nais nilang sulatin. Ipabasa sa sumulat ang mga mahuhusay na *output*. Pabigyang-puna sa mga tagapakinig ang narinig na mga halimbawa.

## Pagnilayan at Unawain

Pagkatapos sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul, ibigay sa mga mag-aaral ang pokus na tanong na sasagutin nila. Iminumungkahing pasagutan ito nang isahan upang matiyak na lahat ng mga mag-aaral ay may ibibigay na sagot.

Ipasulat sa papel ang sagot at ipabasa ito pagkatapos. Kokolektahin ng guro ang sagot ng mga mag-aaral upang malaman ng guro ang natutuhan ng mga mag-aaral na hindi nabigyan ng pagkakataong maibahagi ang sagot.

## Ilipat

**Paalala:** Gawin ang bahaging **Ilipat** nang pangkatan. Bago isagawa ang bahaging ito ay magbibigay muna ang guro ng ilang paalala o *tips* sa pagsasagawa ng panradyong pagsasahimpapawid *(radio broadcasting).* Bigyan ng isang araw na paghahanda ang mga mag-aaral mula sa pagsulat ng iskrip hanggang sa pag-eensayo sa isasagawang pagbabalita. (Maaaring simulan ang paghahanda sa inaasahang produkto o pagganap pagkatapos ng bahaging Pagnilayan at Unawain.) Hikayatin ang mga mag-aaral na makapagsaliksik ng totoong pangyayari upang maging makatotohanan ang pagbabalita. Kung walang mapagkunan ng totoong pangyayari ay maaari ring humango ng katulad na pangyayari sa mga pahayagan o magasin.

Magtakda ng isang araw para sa presentasyon ng inaasahang produkto o pagganap. Pabigyang-puna sa pamamagitan ng ebalwasyon ang ipinakitang pagganap ng bawat pangkat. Isara ang aralin.

DRAFT
April 1, 2014

## PAGNILAYAN AT UNAWAIN PARA SA MODYUL 1

Pagkatapos sagutan ang lahat ng mga gawain sa Modyul, ibigay sa mag-aaral ang **pokus na tanong** na sasagutin nila. Iminumungkahing pasagutan ito nang isahan upang matiyak na lahat ng mga mag-aaral ay may ibibigay na sagot. Ipasulat sa papel ang sagot at ipabasa ito pagkatapos. Kokolektahin ng guro ang sagot ng mga mag-aaral upang malaman ng guro ang natutuhan ng mga mag-aaral na hindi nabigyan ng pagkakataong maibahagi ang sagot.

## ILIPAT PARA SA MODYUL 1

**Paalala:**

Gawin ang bahaging Ilipat nang pangkatan. Bago isagawa ang bahaging ito ay magbibigay muna ang guro ng ilang paalala o *tips* sa pagsasagawa ng panradyong pagsasahimpapawid *(radio broadcasting).* Bigyan ng isang araw na paghahanda ang mga mag-aaral mula sa pagsulat ng iskrip hanggang sa pag-eensayo sa isasagawang pagbabalita. (Maaaring simulan ang paghahanda sa inaasahang produkto o pagganap pagkatapos ng bahaging Pagnilayan at Unawain.) Hikayatin ang mga mag-aaral na makapagsaliksik ng totoong pangyayari upang maging makatotohanan ang pagbabalita. Kung walang mapagkunan ng totoong pangyayari ay maaari ring humango ng katulad na pangyayari sa mga pahayagan o magasin.

Magtakda ng isang araw para sa presentasyon ng inaasahang produkto o pagganap. Pabigyang-puna sa pamamagitan ng ebalwasyon ang ipinakitang pagganap ng bawat pangkat. Isara ang aralin.

DRAFT
April 1, 2014

## IV. SINTESIS TUNGKOL SA MODYUL 1

Malinaw na ang mga aralin sa Modyul 1 – Unang Markahan ay naglalaman ng mga araling naghahanda sa mga mag-aaral sa mga susunod na Gawain.

Ang **Aralin 1** ay tumatalakay tungkol sa maikling kuwento ng Singapore at kung paano ginamit ang mga *transitional devices* sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari upang makabuo ng isang *graphical representation* ng isang kuwento.

Nakatuon naman ang **Aralin 2** sa pag-alam sa mahahalagang impormasyon at kaisipan tungkol sa alamat ng Thailand at ang paggamit ng mga pang-abay na pamanahon sa pagsasalaysay ng mga pangyayari upang makapagsagawa ng isang *puppet show* bilang bahagi ng pagganap.

Tinalakay naman sa **Aralin 3** ang tula ng Pilipnas at ang paggamit ng mga salitang naglalarawan bilang paghahanda sa paggawa ng *blog* o *comment* sa *social media*. Pinag-aralan din ang iba't ibang uri ng tula ayon sa layon.

Matapos pag-aralan ang mga tula at salitang panlarawan, sa **Aralin 4** naman tatalakayin ang sanaysay ng Indonesia kung saan tuon ang pagtalakay sa iba't ibang pang-ugnay na magagamit sa pagsusuri ng mga komentaryo na isasahimpapawid sa pamamagitan ng *broadcasting*.

Naging tuon sa **Aralin 5** ang pag-aaral ng dula ng Piliinas bilang hulwaran sa pagtalakay ng aralin tungkol sa panaganong paturol sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng mga pangyayaring makatotohanan.

At bilang pangwakas na gawain, bahagi ng **Aralin 6** ang paggawa ng pinakamalaking pagganap ng mga mag-aaral. Sa bahaging ito maipakikita ng mga mag-aaral ang mga kasanayang nalinang sa kanila sa buong Modyul 1.

DRAFT
April 1, 2014

# MODYUL 2

## MGA AKDANG PAMPANITIKAN NG SILANGANG ASYA

DRAFT
April 1, 2014

**Deskripsyon ng Modyul 2**

Sa araling ito lalawak ang karunugan ng mga mag-aaral ang panitikan ng Silangang Asya at ilang kaalamang pangwika.

At sa pagtatapos, ipamamalas ng mga mag-aaral ang mga natutuhan nila sa kabuuan mula sa aralin 2.1 hanggang aralin 2.5. Isang pagganap/produkto ang bubuuin nila sa tulong ng mga kasanayang nalinang at ilang *input* na inisa-isa sa bahaging ito.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipapamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga piling akdang tradisyunal ng Silangang Asya

**Pamantayan sa Pagganap:** Naisusulat ng mag-aaral ang sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging Asyano

DRAFT
April 1, 2014

**PAALALA SA GURO**:

Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyaking nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at ang *genre* ng pantikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto. Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugang ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw o pag-aaral. Ngunit inaasahang malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

Bilang panimulang gawain, ipaliwanag sa mga mag-aaral ang **Konseptuwal na Balangkas ng mga Aralin** at agad na isunod ang pagbibigay ng **Paunang Pagtataya**. Sikaping linawin sa mga mag-aaral ang layon ng pagkakaroon ng panimulang pagtataya.

Narito ang mga sagot sa **Paunang Pagtataya:**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. B | 11. B | 21. B | 31. C | 42-50.Nasa pamamatnubay na ng guro ang pagmamarka |
| 2. D | 12. A | 22. C | 32. C | |
| 3. D | 13. A | 23. C | 33. D | |
| 4. B | 14. C | 24. D | 34. D | |
| 5. D | 15. A | 25. B | 35. A | |
| 6. D | 16. D | 26. C | 36. B | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 7. B<br>8. D<br>9. C<br>10. D | 17. C<br>18. B<br>19. B<br>20. A | 27. A<br>28. D<br>29. A<br>30. C | 37. B<br>38. A<br>39. A<br>40. D<br>41. B | |

## TUKLASIN

1. Simulan sa isang malikhaing pagganyak ang klase. Maaaring gamitin ang **Pahulaan** kung saan magbibigay ang guro ng pamagat ng iba't ibang akda at huhulaan ng mga mag-aaral ang kung saang bansa ito nagmula.
2. Itanong ang mahalagang tanong para sa Aralin 2, ito ang "paano mabisa ang mga akdang pampanitikan ng Silangang Asya sa pagpapakilala ng kultura at kaugalian ng mga bansa nito?" Maaring bigyan ang mga mag-aaral ng ilang minuto upang limiin ang tanong. Matapos nito, isa-isang ipasulat ang kanilang sagot sa ipapaskil na sulatan na tila "malaking haligi ng nakatalang kaisipan".
3. Ilahad ang inaasahang pagganap/produkto gayundin ang pamantayang gagamitin.
4. Ipasagot ang mga panimulang pagtataya para sa yugtong tuklasin. Ang mga sagot sa ibaba ay ilan lamang sa mga posibleng maging sagot.

    1. Japan- Bihasa sa Teknolohiya
    2. Korea- May matatag na hukbong militar
    3. Taiwan- kinikilala ang karapatan ng kababaihan
    4. China- mayaman sa kultura at kaugalian
    5. Mongolia- sanay sa malayang pamumuhay

DRAFT
April 1, 2014

## LINANGIN

Dito na papasok ang iba't ibang paksa na nakapaloob sa **Modyul 2** na magsisimula sa panitikan ng *Japan* tungo sa panitikan ng Mongolia.

**Aralin 2.1**

**A. Panitikan**: *Tanka* ni Ki no Tomonori
Isinalin sa Filipino ni Vilma C. Ambat
*Haiku* ni Bashō – Japan
Isinalin sa Filipino ni Vilma C. Ambat

**B. Gramatika/Retorika:** Ponemang Suprasegmental
(Diin, Tono o Intonasyon, at Antala o Hinto)

**C. Uri ng Teksto:** Naglalarawan

**Deskripsyon ng Aralin**

Ang araling ito ay magiging tulay ng mag-aaral sa pagtuklas ng kultura ng *Japan* sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang Tanka na sinulat ni *Ki ño Tomonori* at *Haiku* na isinulat ni *Bash*õ . Lilinangin din dito ang kasanayan nila sa wastong paggamit ng mga ponemang suprasegmental upang mabigkas nang wasto ang *Tanka*.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa Tanka at Haiku ng Japan gamit ang teknolohiya at suprasegmental na katangian ng wika upang mapahalagahan ang kultura ng Japan

**Pamantayan sa Pagganap:** Nabibigkas nang wasto ng mag-aaral ang Tanka at Haiku

DRAFT
April 1, 2014

**PAALALA SA GURO**

Ang mga gawain at estratehiya sa gabay na ito ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyakin na nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at *genre* ng panitikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto.

Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat na kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw na pag-aaral. Ngunit inaasahan na malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **Kasanyang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa napakinggan | Nasusuri ang tono ng pagbigkas ng napakinggang Tanka at Haiku |
| Pag-unawa sa Binasa | Nasusuri ang pagkakaiba at pagkakatulad ng estilo ng pagkakabuo ng Tanka at Haiku |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang kahulugan ang matatalinghagang salitang ginamit sa Tanka at Haiku |
| Panonood | Naibabahagi ang sariling damdamin at ang damdamin ng bumibigkas ng Tanka at Haiku |
| Pagsasalita | Nabibigkas nang may wastong antala/ hinto, diin/haba,intonasyon at damdamin ang Tanka at Haiku |
| Pagsulat | Naisusulat ang saling wika ng Tanka at Haiku |
| Gramatika/Retorika | Naipaliliwanag kung paano binibigkas nang may wastong antala/ hinto, diin/haba,intonasyon ang Tanka at Haiku |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nasasaliksik ang kulturang nakapaloob sa Tanka at Haiku ng Silangang Asya |

**Tuklasin**

DRAFT

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng mga kaalamanan nila tungkol sa bansang *Japan*. Iproseso ang kanilang mga sagot bago ipagawa ang mga Gawain.

April 1, 2014

**GAWAIN 1.** Suriin Mo

Maaaring gumawa na ng *template* para sa gawaing ito na susulatan ng mga mag-aaral. Pagkatapos ay pahapyaw lamang na iproseso ang gawain.
Ipabasa ang halimbawa ng *Tanka* at *Haiku*. Ipasuri sa mga mag-aaral kung ano ang paksa at mensaheng nais ipabatid nito.

Ang layunin ng Gawain 1 ay masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral na sumuri at umunawa ng akdang binasa.

**GAWAIN 2.** Paghambingin Mo

Susukatin naman sa gawaing ito ang kakayahan ng mag-aaral na sumuri ng tula batay sa kayarian nito.

**Linangin**

Ipabasa sa mga mag-aaral ang Kaligirang Pangkasaysayan ng *Tanka* at *Haiku* upang maging malinaw sa kanila ang kahalagahan ng mga ito.

**Paalala sa guro**

1. Maaaring gawing isahan o pangkatan ang pagbabasa.

2. Talakayin ang nilalaman ng Kaligirang Pangkasaysayan ng Tanka at Haiku at ang mga halimbawang naibigay.
3. Bigyang diin sa pagtalakay na ang damdaming nangingibaw sa Haiku at Tanka ang magiging batayan sa kung paano ito bibigkasin.
   Bigyan ng pansin ang mga tunog na ginamit sa *Tanka*. Mapapansing ang tunog ng /h/ ay paulit-ulit na ginamit. Sa mga *Japanese* ang tunog ng /h/ ay lumilikha ng damdamin ng kapayapaan at katahimikan.

Ang paghinto sa pagbigkas ng mga salitang *Japanese* ay hindi laging nakabatay sa kanilang mga patinig. Binibilang nilang isang pantig ang /n/ <u>Halimbawa</u> :

Haibun - /Ha-i-bu-n/

Sa pagbigkas ng *Haiku*, ang saglit na paghinto ay matatagpuan sa pagitan ng dalawang larawang diwa o kaisipang ipinahihiwatig sa tula.

<u>Halimbawa</u>:

Ambong kaylamig/
Maging matsing ay nais
ng kapang damo

Matandang sapa/
Ang palaka'y tumalon
Lumalagaslas

4. Maaaring iparinig ang na*record* na pagbasa ng *Tanka* at *Haiku* ng isang *Japanese* upang maihambing ang pagkakaiba sa pagbigkas.

Paglinang ng Talasalitaan

**Gawain 3.** *Webbing*

Maaaring gumawa na ng *template* para sa gawaing ito upang mas maging mabilis na maisagawa ng mga mag-aaral.

**Panuto:**

1. Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang *Tanka* at *Haiku* ay naglalaman ng mga salitang may malalim na kahulugan o may iba pang ipinahihiwatig.
2. Batay sa kultura ng *Japan* ipasulat sa loob ng kahon ang mga salitang kaugnay ng kahulugan o ipinahihiwatig ng mga salitang nasa bilohaba.
3. Maaari pang dagdagan ang mga kahon kung kinakailangan.
4. Maaaring tumawag ng mga mag-aaral na magpapaliwanag sa harap ng klase batay sa nabuo niya *webbing.*

**Gawain 4. Kahon ng Kaalaman**

Ipatala sa mga kahon ang mahahalagang impormasyon na nakalap mula sa binasang kaligirang pangkasaysayan ng *Tanka* at *Haiku.*

**Maaring sagot**

*Tanka*

Panahon kung kalian isinulat: Ikawalong siglo
Paksa: Pagsisimula ng taglamig
Sukat: 5-7-5-7-7

DRAFT
April 1, 2014

Paraan ng pagbigkas: Walang pagkakaiba

*Haiku*
Panahon kung kalian isinulat: Ikawalong siglo
Paksa: Simula ng tagsibol
Sukat: 5-7-5
Paraan ng pagbigkas: Walang pagkakaiba

**GAWAIN 5**. Sa Antas ng Iyong Pag-unawa

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga gabay na tanong. Maging handa sa pagbibigay ng karagdagang tanong upang maipaliwanag nang husto ng mag-aaral ang kanyang kaisipan.

**GAWAIN 6.** Pagpapaunlad ng kaalaman

Ipaliwanag nang bahagya kung ano ang tanaga at bakit sinasabing ito ay kawangis ng Tanka at Haiku ng Japan.Ipabasa sa mga mag-aaral ang Haiku,Tanaga at Tanka. Maaaring gawing pangkatan ang pagbasa at pagsusuri upang makapagbahagi ng kaisipan ang bawat mag-aaral. Ipasagot ang mga Gabay ng Tanong upang malinang pa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa.

**Pagtalakay sa Ponemang Suprasegmental**

Bigyang diin ang paglinang sa mga kasanayan ng mag-aaral na alam mong magagamit niya sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Iwasang maging masyadong teknikal sa pagtalakay sa bahaging ito ng Aralin.

**Pagsasanay 1.** Bigkasin Mo

Ibigay ang dalawang paraan ng pagbigkas ng sumusunod na mga salitang iisa ang tunog o baybay. Ibigay ang kahulugan.

**Pagsasanay 2.** Tono

Ipabigkas sa mga mag-aaral ang bawat salita bago ipasagot ang gawain.

**Pagsasanay 3.** Diin

Ipagamit sa pangungusap ang mga salita upang mahalaw ang pagbabago ng kahulugan ng salita kapag nagbago ang diin sa pagbigkas.

**Pagsasany 4.** Hinto/Antala

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pangungusap. Bigyang diin ang mga bantas na ginamit sa pangungusap upang matukoy ang wastong pagbasa ng mga ito. Ipaliliwanag ng mag-aaral kahulugan ng pangungusap sa bawat bilang.

DRAFT
April 1, 2014

**Pagnilayan at Unawain**

Ipasagot sa mag-aaral ang mga tanong upang masukat kung naunawaan ba nila ang tinalakay na paksa.

**Ilipat**

*G* **-** Magtanghal/ magbasa ng Tangka at Haiku
*R* **-** Kamag-anak na magtatanghal
*A* **-** Lolo, mga panauhin
*S* **-** Magkakaroon ng *Grand Family Reunion* bilang pagdiriwang sa ika 80 kaarawan ng lolo . Napagkasunduan ng angkan na magsagawa ng paligsahan sa pagtatanghal. Upang maging kakaiba sa lahat,sasariwain ang mga *Tanka* at *Haiku* na nasulat ng lolo noong panahon ng *Japanese*. Kailangang isalin sa wikang Filipino ang mga tulang naisulat niya sa *English* upang higit na madama at maunawaan ng mga panauhing bata man o may edad na.
*P* **-** Pangkatang Pagbigkas ng *Tanka* at *Haiku*
*S* **–** Malinaw at malakas na pagbigkas, kaangkupan ng paglapat ng damdamin

DRAFT
April 1, 2014

## Aralin 2.2

**A. Panitikan:** Ang Hatol ng Kuneho
Pabula - *Korea*
Isinalin sa Filipino ni Vilma C. Ambat

**B. Gramatika/ Retorika:** Modal:
Gamit bilang Malapandiwa, bilang Panuring,
Mga Uri nito: nagsasaad ng pagnanasa, paghahangad at pagkagusto, sapilitang pagpapatupad, hinihinging mangyari, at nagsasaad ng posibilidad)

**C. Uri ng Teksto:** Nagsasalaysay

**Deskripsyon ng Aralin**

Ang araling ito ay gagabay sa mga mag-aaral sa pagtuklas nila ng isa pang uri ng panitikan, ang pabula na mula sa *Korea*. Mauunawaan nila at mapahahalagahan ang mga hayop na ginamit bilang tauhan sa pabula.

Sa pamamagitan ng wastong pananaliksik at paglalarawan mapatutunayan o mapasusubalian nila ang kaugaliang taglay ng mga hayop sa pabula ay salamin ng katangian ng mga tao sa bansang pinagmulan nito.

DRAFT
April 1, 2014

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pabula gamit ang teknolohiya at modal upang lubos na maunawaan at mapahalagahan ang katangian ng mga tao sa bansang pinagmulan nito.

**Pamantayan sa Pagganap:** Nakapagsasagawa ng sistematikong pagsusuri upang pasubalian o pagtibayin na ang mga hayop na ginagamit sa pabula ay sumasalamin sa katangian ng mga tao ng bansang pinagmulan nito.

**Paalala sa Guro:**

Ang mga gawain at estratehiya ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyakin na nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at *genre* ng panitikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto.

Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat na kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw na pag-aaral. Ngunit inaasahan na malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

## MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN*

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Naipadarama ang pag-unawa sa damdamin ng mga tauhan batay sa diyalogong napakinggan |
| Pag-unawa sa Binasa | Nabibigyang puna ang kabisaan ng paggamit ng mga tauhan na parang mga taong nagsasalita at kumikilos |
| Paglinang sa Talasalitaan | Nabibigyang kahulugan ang pahayag na ginamit sa pabula |
| Panonood | Naipakikita ang transpormasyong nagaganap sa tauhan batay sa pagbabagong<br>• pisikal<br>• emosyonal<br>• intelektwal |
| Pagsasalita | Naibabahagi ang ang katangian ng mga hayop na ginamit na tauhan sa mga pabula ng *Korea* |
| Pagsulat | Naisusulat ang paglalarawan ng mga hayop na ginamit sa mga pabula |
| Gramatika/Retorika | Naggamit nang wasto ang mga modal sa pagpapahayag ng kaisipan |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nasasaliksik ang iba't ibang tauhang hayop na ginagamit sa mga tanyag na pabula sa *Korea* |

DRAFT
April 1, 2014

**Tuklasin**

Bago talakayin ang araling ito, ibigay bilang takdang- aralin ng mga mag-aaral ang pagsaliksik sa mga pabulang mula sa Korea. Magagamit nila ang kanilang mga nasaliksik sa lubos na pag-unawa sa araling ito. Pahapyaw na pag-usapan ang mga nalalaman ng mga bata tungkol sa *Korea*.

**GAWAIN 1.** Iguhit Mo

Mainam ang gawaing ito hindi lamang upang masukat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga nabasang pabula, matutukoy rin ang kaugalian at pananaw nila sa buhay. Masusulyapan ng guro ang bahagi ng pagkatao ng mga mag-aaral.

Maaaring gawing pangkatan ang pagbabahagi ng mga mag-aaral sa iginuhit nilang hayop at pagpapaliwanag kung bakit ito ang kanilang napili. Mula sa mga pangkatang pagbabahagi, pipili ng dalawang kinatawang magbabahagi sa buong klase.

**GAWAIN 2.** Iugnay Mo

Basahin sa klase ang pabulang mula sa Korea na pinamagatang "Ang Pasaway na Palaka", at ipasagot ang mga tanong.

**Ang Pasaway na Palaka**

May mag-inang palaka na naninirahan sa isang malaking sapa. Ang anak na palaka ay sutil at wala nang ginawa kung ‘di ang magpasaway sa kanyang ina. Siya ay mabigat na pasanin ng kanyang ina at madalas, sanhi ng kahihiyan nito.

Kapag sinabi ng kanyang ina na maglaro siya sa tabi ng burol, maglalaro siya sa dalampasigan. Kapag naman sinabing pumunta siya sa mga kapit-bahay sa itaas, magtutungo siya sa ibaba. Anuman ang sabihin ng kanyang ina ay gagawin niya ang kabaligtaran nito.

“Ano kaya ang gagawin ko sa batang iyon?” bulong niya sa kanyang sarili. “Bakit hindi siya maging tulad ng ibang mga batang laging sumusunod sa mga ipinag-uutos sa kanila. Sila ay mabubuti at magagalang. Hindi ko alam kung ano ang mangyayari sa kanya, kapag magpapatuloy siyang ganito. Kailangan kong maituwid ang mga baluktot niyang pag-uugali.” Buntong- hininga ng nanay na palaka.

“Ha!ha!ha!” Halakhak ng batang palaka. “Sssshh! sermon...sermon. Hindi ninyo kailangang mag-alala para sa akin. Ayos lang ako nang ganito.

“Ganoon ba?” wika ni Inang Palaka. “Bakit hindi ka makakokak nang wasto? Ni hindi mo alam lumikha ng tunog na tulad ng isang palaka. Hayaan mong turuan kita.” Huminga nang malalalim si Inang Palaka nang may ngiti sa kanyang mga labi at buong lakas na bimigkas ng Kokak! Kokak! "Sige, subukin mo."

DRAFT

Ngumisi nang todo ang batang palaka at huminga rin nang malalim. Buong lakas niyang isinigaw ang Kakok! Kakok!

April 1, 2014

“Pasaway! Sutil kang bata ka! Papatayin mo talaga ako!” sigaw ni Inang Palaka. Makinig ka sa akin kung alam mo kung ano ang makabubuti sa iyo. Ngayon...”

“Kakok! Kakok! Pang-aasar na wika ng batang palaka habang tumatalon papalayo.

Araw-araw ay walang sawang pinagsasabihan ni Inang Palaka ang kanyang anak. Subalit patuloy siyang sinusuway nito. Kung ano ang iniutos ng ina ay ang kabaligtaran pa rin ang ginagawa ng anak. Siya ay lubos na nag-alala at nabahala kaya nagkasakit. Sa kabila nito’y patuloy sa baluktot na gawain ang kanyang anak.

Isang araw ay tinawag niya ang kanyang anak habang nakahiga sa kama. “Anak”, wika niya, “ Sa tingin ko’y di na ako magtatagal pa. Kapag namatay ako,huwag mo akong ilibing sa bundok, ilibing mo ako sa tabi ng sapa. Nasabi niya ito dahil alam niyang gagawin ng kanyang anak ang kabagtiran ng kanyang sinabi.

Lumipas ang ilang araw, namatay na si Inang Palaka. Umiyak nang umiyak ang batang palaka. “O, kawawang ina ko. Labis siyang nag-alala sa pagiging pasaway ko. Bakit hindi ko siya pinakinggan?” sumbat niya sa kanyang sarili. Ngayon, wala na siya. Pinatay ko siya. Pinatay ko siya."

Simula noon , ang mga berdeng palaka ay nag-iingay ng kokak! kokak! kapag umuulan. Ito rin ang dahilan kapag ang isang *Korean* ay gumagawa ng kabaligtaran ng dapat niyang gawin ay tinatawag na *Cheong Kaeguli*, palakang puno.

**Linangin**

Ipabasa sa mga mag-aaral ang pabulang pinamagatang "Ang Hatol ng Kuneho" mula sa *Korea* na isinalin sa Filipino ni Vilma C. Ambat. Pagkatapos ay talakayin ang Kaligirang Pangkasaysayan ng pabula sa Korea at ang kahulugan ng pabula. Talakaying ang pabula ay mula sa mga mitolohiya. Ang mga sinaunang pabula ay tungkol sa mga diyos, ang kanilang pakikipagsapalaran at mga paalaala at babala para sa mga tao. Masasalamin sa mga pabula noon ang mga dakilang karunungan ng mga diyos.

Ang pabulang gumagamit ng hayop bilang mga tauhan ay pinasikat ni Aesop at ito ay tinaguriang *Aesopic Fable.* Ang mga pabulang tatalakayin sa araling ito ay napapabilang sa *Aesopic Fable*.

**GAWAIN 3.** Tukuyin ang Ipinahihiwatig

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga nais ipahiwatig ng mga bahayag na nabanggit sa gawain.

DRAFT

**GAWAIN 4.** Ikuwento Mong Muli

Ipaayos sa mga mag-aaral ang wastong pagkakasunod-sunod ng paglabas ng mga tauhan sa pabula. Mula rito ay ipalarawan sa kanila ang katangian at ginampanan ng bawat tauhan.

April 1, 2014

**GAWAIN 5.** Sa Antas ng Iyong Pag-unawa

Ipasagot ang mga mungkahing tanong at maaari pang dagdagan upang lubos na matalakay ang aralin. Maaaring gawin itong pangkatan.

**GAWAIN 6.** Basahin Mo

Ipabasa ang pabulang pinamagatang "Nagkamali ng Utos" mula sa Pilipinas. Ihambing ito sa pabulang galing Korea. Suriin kung may pagkakatulad ba o pagkakaiba ang katangian ng mga hayop na ginamit sa mga pabulang galing sa magkaibang bansa.

**GAWAIN 7.** *Story Ladder*

Maaaring gamitin ang estratehiyang *Story Ladder* upang masukat kung nakuha ba ng mga mag-aaral ang mahahalagang detalye sa tekstong binasa.

**GAWAIN 8.** Mga Gabay na Tanong

Ipasagot sa mga mag-aaral at talakayin sa buong klase ang mga sagot upang lubos na magabayan sila sa pag-unawa ng pabula.

**Pagsasanib ng Gramatika**

Talakayin ang modal bilang malapandiwa at panuring sa pandiwa. Balik-tanawin din na ang modal tulad ng napag-aralan nila noong sila ay nasa baitang walo ay isang uri ng pangungusap na walang paksa.

**Pagsasanay 1**

Hahalawin ng mga mag-aaral ang mga modal na ginamit sa pabulang "Nagkamali ng Utos", at kikilalanin nila kung paano ito ginamit.

**Pagsasanay 2**

Layunin ng gawaing ito na malinang ang mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang saloobin at masukat ang lawak ng kamalayan nila tungkol sa mga isyung panlipunan sa bansa.

**Pagsasanay 3**

Ipasagot sa mag-aaral upang mas malinang ang kanilang kasanyan sa pagkilala ng mga gamit ng modal.

**Pagsasanay 4**

Magpasulat ng isang batas na nais ng mag-aaral na ipatupad sa bawat isyung panlipunan. Maaari rin silang magmungkahi ng isa o dalawang mga hakbang na dapat gawin upang malutas ang mga isyung nabanggit. Ipasuri sa mga mag-aaral kung anong uri ng modal ang ginamit sa bawat pangungusap.

DRAFT

**Pagnilayan at Unawain**

Bago ipagawa ang gawaing ito bigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magsaliksik sa *internet* o aklatan tungkol sa iba pang hayop na kadalasang ginagamit ng mga taga *Korea* sa kanilang mga pabula. Pahapyaw na talakayin sa klase.

April 1, 2014

**Ilipat**

*G* – Makapagsulat at makasuri ng mahusay na pabula

*R* – Pinuno ng Human Resource Department ng isang kompanya, empliyado

*A* - Pinuno ng Human Resource Department ng isang kompanya, empliyado

*S* - Isa kang presidente ng isang kompanya.Magdaraos ka ng *Team Building Workshop* upang mapaunlad ang pagkakaisa, pagmamalasakit at dedikasyon sa trabaho ng mga empliyado. Magsasagawa ka ng paligsahan sa pangkatang pagsulat ng pabula bilang isa sa inyong gawain. Ang bawat miyembro ng pangkat ay pipili ng isang hayop na sumisimbolo sa kanilang pagkatao. Ang hayop na napili ng bawat miyembro ang magiging tauhan sa kanilang pabula.

*P* – Pangkatang pagsulat ng pabula. paghuhusga

*S* – Orihinalidad, pagiging malikhain ,pagkakabuo ng kuwento, malinaw na pagkakalahad ng mensahe

**Aralin 2.3**

A. **Panitikan :** Ang Kababaihan ng Taiwan:
Ngayon at Noong Nakalipas na 50 Taon
Sanaysay – Taiwan
Isinalin sa Filipino ni Sheila C. Molina

B. **Gramatika/Retorika :** Mga Pangatnig na Nag-uugnay ng Magkatimbang na Yunit (at,pati, saka, o, ni, maging, ngunit, subalit), at Di-Magkatimbang na Yunit ( kung, nang, bago, upang, kapag o pag, dahil sa, sapagkat, palibhasa, kaya, kung gayon, sana)

C. **Uri ng Teksto :** Naglalahad

**Deskripsyon ng Aralin**

Ang Aralin 2.3 ay naglalaman ng mga konsepto tungkol sa sanaysay. Naglalahad ito ng isang sanaysay ng Taiwan na pinamagatang "Ang Kababaihan ng Taiwan : Ngayon at Noong Nakalipas na 50 Taon", na isinalin sa Filipino ni Sheila C. Molina. Kabilang din sa pagtalakay ang mga pangatnig na magkatimbang at di-magkatimbang na yunit na magagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng editoryal na nagpapahayag ng sariling opinyon o pananaw.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa sanaysay gamit ang teknolohiya at mga pangatnig upang makapaglahad ng sariling opinyon sa ilang napapanahong isyu

**Pamantayan sa Pagganap:** Nakapagbibigay ang mag-aaral ng mahusay na opinyon/pananaw tungkol sa isang napapanahong isyu.

**Paalala sa Guro:**

Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya sa gabay na ito ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat domain ngunit tiyakin na nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teskto at genre ng panitikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaaring gumamit ng ibang teksto. Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat domain ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw na pag-aaral. Ngunit inaasahan na malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

## MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN*

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakingggan | Naipaliliwanag ang opinyon/pananaw ng may-akda tungkol sa paksa batay sa napakinggan |
| Pag-unawa sa Binasa | Naipaliliwanag ang mga :<br>• kaisipan<br>• layunin<br>• paksa; at<br>• paraan ng pagkakabuo ng sanaysay |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang-kahulugan ang mga salita batay sa pagkakagamit sa sanaysay |
| Panonood | Naibabahagi ang sariling opinyon/ pananaw sa paraan ng paglalahad ng nagsasalita |
| Pagsasalita | Naipapahayag ang sariling opinyon/pananaw tungkol sa napapanahong isyu |
| Pagsulat | Nakasusulat ng talatang naglalahad ng sariling opinyon/pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa |
| Gramatika/ Retorika | Nagagamit ang angkop na mga pangatnig sa pagbibigay ng sariling opinyon/pananaw |

DRAFT

**Tukasin**

Ipababasa nang tahimik ang maikling talata upang tayain ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa. Sasagutin ang mga tanong at ito ay isasagawa nang dalawahan.

April 1, 2014

**GAWAIN 1.** Ang Malaking Katanungan

Sasagutin ng mga mag-aaral ang sumusunod na tanong:

1. Sino ang kinakausap ng may-akda?
2. Ano ang nais sabihin ng may-akda?
3. Saan madalas mamasyal ang mga kabataan noon?
4. Bakit nagbago ang uri ng pamumuhay ng mga kabataan?
5. Paano nakaapekto ang mga *mall* sa pamumuhay ng mga Pilipino?

Tatawag ng ilang pares ng mag-aaral upang ibahagi sa klase ang nabuong sagot.

**GAWAIN 2.** Awit ay Unawain

Ipababasa at ipauunawa ng guro ang ilang bahagi ng awit na Dalagang Pilipina na sinulat ni Jose Corazon de Jesus sa musika ni Jose G. Santos. Pagkatapos ay may mga tanong na sasagutin.

1. Ilarawan ang dalagang Pilipina.

2. Patunayan na karapat-dapat ang dalagang Pilipina sa isang tunay na pagtatangi.

**Mga Kagamitan**: *manila paper* (kopya ng talata at grapiko ng Malaking katanungan), mga larawan, *sound system* kung mahanap ang awitin

**Linangin**

Bago ipabasa ang sanaysay, mag-isip ng pangganyak na magbibigay ng ideya sa mga mag-aaral sa sanaysay na babasahin. Bibigyan nang sapat na panahon ang mga mag-aaral na basahin ang sanaysay mula sa Taiwan.Maaaring tanungin muna ng guro ang ideya ng mga mag-aaral kung ano ba ang sanaysay bago magbigay ng katuturan nito.

**Pag-usapan :**

Ang sanaysay ay isang *genre* o sangay ng panitikan na nasusulat sa anyong tuluyan at tumatalakay sa kapaligiran, tao, hayop, pook, pangyayari, bagay at guni-guni na kayang unawain ng damdamin at ipaliwanag ng isip. Matapos nito, maaari nang simulan ang mga gawain.

DRAFT
April 1, 2014

**GAWAIN 3:** Paglinang ng Talasalitaan

Suriin ang kahulugan ng salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa sanaysay. Isusulat sa papel ang sagot.

1. parehong <u>pagkakataon</u> - oportunidad
2. pantay na <u>karapatan</u> - pribilehiyo
3. naiiba na ang <u>gampanin</u> - tungkulin
4. hindi <u>makatarungan</u> ang trato - makatwiran
5. higit na <u>mapanghamon</u> - nangangailangan ng ibayong lakas ng isip at katawan

**GAWAIN 4.** Grapiko ng Talakayan

Maaaring hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Unang pangkat ang magtatala ng sagot sa kalagayan ng kababaihan sa Taiwan **noon**. Ikalawang pangkat ang **ngayon** at huling pangkat ang magbibigay ng **konklusyon** ng may-akda. Iuulat ng isang mag-aaral sa bawat pangkat ang kinalabasan ng gawain.

**GAWAIN 5.** Sanaysay ay Suriin

Isang pangkat naman ang sasagot sa mga tanong na susuri sa nilalaman ng binasang sanaysay. Ano ang paksa, layunin, mga kaisipan at pagkakabuo ng sanaysay.

Ipababasa ng guro ang ikalawang teksto na naglalahad na ang tema ay pareho rin sa unang teksto. Ito ay tungkol sa kalagayan ng kababaihan sa lipunan. Upang matiyak na naunawaan ng mga mag-aaral ang binasa ay isasagawa ang gawain 6.

**GAWAIN 6.** Tugunang Tanong Sagot

Ang Tugunang Pagtatanong ay tungkol sa sistemang pagsusuri ng mga tanong at paraan ng pagsagot. Nahahati sa tatlong kategorya ang ugnayang tanong sagot. Ipaliliwanag ng guro ang tatlong kategorya ng mga tanong. Hahatiin sa tatlo ang klase. Babasahin ng kinatawan ng pangkat ang nabuong sagot.

**Nandyan na** -ang sagot ay tuwirang nakalahad sa teksto at nangangailangan ito ng simpleng paggunita o pagtukoy sa mga impormasyon galing sa binasa.

1. Ano ang kalagayan ng kababaihang Pilipino sa ating lipunan sa ngayon?

**Pag-isipan** - mga tanong na humahamon sa kaisipan ng mga mag-aaral na nasa lebel na interpretatib.

1. Paano mo ihahambing ang kalagayan ng babaing Pilipina sa babaeng Taiwanese?
2. Ano ang tono ng may-akda? Ipaliwanag.
3. Ano ang layunin ng may-akda sa pagsulat ng ganitong uri ng sanaysay?

DRAFT

**Sariling Sikap**- ang pagsagot sa mga tanong ay manggagaling sa sariling pananaw, kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral.

1. Bumuo ng sariling pananaw kung ano ang dapat na maging katayuan ng kababaihan sa lipunan.
2. Isa-isahin ang katangiang taglay ng sanaysay.

April 1, 2014

**GAWAIN 7.** Pagsasanib ng Gramatika/Retorika

Tatalakayin naman ang wika na papag-aralan upang makatulong sa isasagawang pagganap ng mag-aaral. Tatalakayin ang dalawang panlahat na pangkat ng pangatnig. Ipagagawa ng guro ang mga pagsasanay.

**Pagsasanay 1.** Magtala at Magsuri

Magpapabasa sa mga mag-aaral ng talata at mula rito ay itatala ang mga pangatnig na ginamit. Pagkatapos ay susuriin ang pangatnig kung magkatimbang o di-magkatimbang. Isusulat sa papel ang sagot.

<u>Sagot sa Pagsasanay</u>:

| Mga Pangatnig na Magkatimbang | Mga Pangatnig na Di-Magkatimbang |
|---|---|
| at<br>o | kundi<br>upang<br>nang |

**Pagsasanay 2.** Opinyon Mo'y Ipahayag

Magpapakita ng mga larawan ang guro tungkol sa napapanahong mga isyu sa bansa. Bubuo ng mga pangungusap ang mga mag-aaral na nagpapahayag ng kanilang opinyon gamit ang mga pangatnig. Isusulat sa papel ang sagot.

**Paalala** : Ang mga ibinigay na larawan sa modyul ay halimbawa lamang. Mas makabubuti na maghanap ang guro ng larawan tungkol sa napapanahong isyu sa bansa.

**Mga Kagamitan :** manila *paper*, *bookmark*, mga larawan
(Maaaring gumamit ng *overhead projector* sa bahaging input ng guro.)

**Pagnilayan at Unawain**

Ilalahad ng mga mag-aaral ang konsepto na kanilang natutuhan sa pamamagitan ng pagbubuo sa pahayag na ibinigay. Isasagawa ito nang isahan. Tatawag ng ilang mag-aaral na magbabasa ng kanilang sagot.

**Maaaring Sagot sa mga Pokus na Tanong:**

1. Paano masasalamin sa sanaysay ang kalagayang panlipunan at kultura ng Silangang Asya?
   Posibleng sagot:
   Sa binasang sanaysay ng Taiwan ipinapakita ang katotohanan na hanggang sa kasalukyan ay hindi pantay ang katayuan ng babae at lalaki sa lipunan. Maaaring may kinalaman ito sa higit na pagpapahalaga ng lipunan sa kalalakihan dahil ang lalake ang magdadala ng pamilya. Bagamat ang kababaihan ay nabibigyan na ng karapatan sa pagtatamo ng edukasyon hindi pa rin ito sapat upang mabigyan ng pantay na karapatan ang babae at lalaki sa larangan ng trabaho.

2. Paano mabisang maipahahayag ang iyong mga opinyon at pananaw gamit ang mga pangatnig?
   Posibleng Sagot:
   Malaki ang maitutulong ng kaalaman sa wastong gamit ng pangatnig sa mabisang pagpapahayag ng mga opinyon at pananaw ng. Ang mga pangatnig ang nag-uugnay sa mga salita, parirala o sugnay. Higit na magiging malinaw ang pagpapahayag ng opinyon at pananaw kung gagamit ng pangatnig na maaaring nag-uugnay ng mga sugnay na kapwa nakapag-iisa o mga sugnay na makapag-iisa kasama ang mga pantulong na sugnay.

**Paalala**: Maaaring magdagdag pa ang guro ng ibang gawain na sa palagay niya ay makatutulong upang lumabas ang mga konseptong natamo ng mga mag-aaral.

DRAFT
April 1, 2014

**Ilipat**

**GAWAIN 8.** Masubok Nga

Ang mga mag-aaral ay susulat ng isang editoryal na naglalahad ng kanilang opinyon/pananaw tungkol sa napapanahong isyu sa bansa. Tandaang ang pagganap ay batay sa *GRASPS*.

*Goal:* Gagawa ka ng isang editoryal sa napapanahong isyu sa alinmang bansa sa Asya
*Role:* Editor sa isang pahayagan
*Audience:* Mambabasa ng pahayagan
*Situation:* Kailangang makasulat ka ng editorial na magtatampok sa napapanahong isyu sa alinmang bansa sa Silangang Asya
*Performance*: Pagsulat ng Editoryal
*Standards*: Mapanghikayat
Makatotohanan
Kaangkupan sa paksa
Kawastuhan ng balangkas

Ang katumbas na iskor ay tingnan sa iskala:

4 - Napakahusay
3 - Mahusay
2 - Hindi mahusay
1 - Kailangan pang linangin

DRAFT
April 1, 2014

**Aralin 2.4**

**Panitikan:** Niyebeng-itim
Maikling Kuwento – Tsina ni Liu Heng
Isinalin sa Filipino ni Galileo S. Zafra

**Gramatika/Retorika:** Pagpapalawak ng Pangungusap Gamit ang Panuring (Pang-uri at Pang-abay)

**Uri ng Teksto:** Naglalarawan

**Deskripsyon ng Aralin**

Ang Aralin 2.4 ay naglalaman ng mga konsepto tungkol sa maikling kuwento. Nagsasalaysay ito ng kaugalian at uri ng pamumuhay ng Tsina na pinamagatang "Niyebeng Itim ni Liu Heng" na isinalin sa Filipino ni Galileo S. Zafra Kabilang din sa pagtalakay ang mga panuring bilang pampalawak ng pangungusap na magagamit ng mga mag-aaral sa paglalarawan ng kaugalian at uri ng pamumuhay ng alinmang bansa sa Silangang Asya.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kwentong pangkatutubong-kulay gamit ang teknolohiya at pagpapalawak ng pangungusap upang mailarawan ang kaugalian at uri ng pamumuhay ng bansang pinanggalingan nito

**Pamantayan sa Pagganap:** Nailalarawan ng mag-aaral nang may kasiningan ang mga kaugalian at uri ng pamumuhay sa alinmang bansa na pinanggalingan nito

**Paalala sa Guro:**

Ang mga gawain at estratehiya sa gabay na ito ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat domain ngunit tiyakin na nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teskto at genre ng panitikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaaring gumamit ng ibang teksto.

Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw na pag-aaral. Ngunit inaasahan na malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

## MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN*

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nasusuri kung anong uri ng maikling kuwento batay sa mga pangungusap |
| Pag-unawa sa Binasa | Nailalahad ang kulturang nakapaloob sa binasang halimbawa ng isang kuwentong pangkatutubong kulay |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang-kahulugan ang mga kaisipan mula sa maikling kuwento |
| Panonood | Napaghahambing ang mga bansa sa Silangang Asya batay sa napanood na bahagi ng teleserye o pelikula |
| Pagsasalita | Naikukuwento ang sariling karanasan na may kaugnayan sa kulturang nabanggit sa alinmang nabasang maiklin kuwento |
| Pagsulat | Nailalarawan ang sariling kultura batay sa sariling maikling kuwento na may uring pangkatutubong-kulay |
| Gramatika/ Retorika | Napapalawak ang mga pangungusap |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nasasaliksik ang mga tradisyon, paniniwala at kaugalian ng mga Asyano batay sa maikling kwento ng mga ito |


**Tuklasin**


DRAFT
April 1, 2014


Bilang panimulang gawain ay tatayain ng guro ang kaalaman ng mga mag-aaral sa maikling kuwento. Tutukuyin ng mag-aaral kung ano ang binibigyang-pansin sa kuwento. Tauhan, lugar ba o pangyayari. Ito ay isahang gawain na isusulat sa papel ang sagot.


**GAWAIN 1.** Kuwento ay Suriin


Sagot :

1.  Lugar

2.  Tauhan

**3.**  Tauhan

4.  Lugar

**5.**  Pangyayari

May ipababasang komik istrip ang guro. Tatawag ng dalawang mag-aaral na babae upang bigyang buhay ang usapan ng mga karakter sa komik istrip. Pagkatapos ay isasagawa ang Gawain 2.

**GAWAIN 2.** Paglalarawan ng Tauhan

Tutukuyin ng mga mag-aaral ang katangiang taglay ng tauhan, ikukuwento ang buhay nito at pagkatapos ay magbibigay sila ng opinyon kaugnay ng ibinigay na kaisipan. Tatawag ang guro ng ilang mag-aaral.

**GAWAIN 3.** Makikilala Mo Ba?

Magbibigay ang mga mag-aaral ng mga tradisyon at kaugalian ng mga Tsino. Isusulat sa papel ang sagot.

**Mga Kagamitan**: tsart ng gawain, mga larawan

**Linangin**

Bago ipabasa ng guro ang kuwento ng China, mag-isip ng gawain bilang pangganyak o pagbibigay ng paunang kaalaman tungkol sa akda. Maaaring ipabasa nang tahimik ng guro ang kwento o maaaring pangkatan *(jigsaw reading*) .

**Pag-usapan :**

Tatanungin ng guro kung may alam ang mga mag-aaral tungkol sa uri ng maikling kuwento. Ipaliliwanag ng mag-aaral ang pagkakaiba ng kuwento ng tauhan, kuwento ng banghay at kuwento ng katutubong kulay. Ang konsepto ng mga mag-aaral tungkol sa pagkakaiba-iba ng mga uri ng maikling kuwento ay higit na lilinawin ng guro sa kaniyang pagpapaliwanag. Matapos ang talakayan ay pasasagutan na ng guro ang mga gawain.

DRAFT
April 1, 2014

**GAWAIN 3.** Pagpapalawak ng Kaisipan

Ipaliliwanag ng mga mag-aaral ang pagkaunawa sa mga piling kaisipang hango sa kuwentong binasa.

**GAWAIN 4.** Kayarian ng Kuwento

Tatalakayin ang kuwento sa tulong ng *Story Grammar.* Sinasabi ng pananaliksik na higit na mauunawaan ang kuwento kung may kaalaman ang bumabasa sa kayarian nito. Kung alam ng mga mag-aaral ang bahagi ng kuwentong pasalaysay madali silang makapagbibigay ng hinuha. Maaaring isagawa ito nang pangkatan. Ibibigay ang mga gabay na tanong upang masundan ng mga mag-aaral.

**GAWAIN 5.** Mailalarawan Mo Ba?

Sa bahaging ito susuriin ang mga patunay na ang binasang kwento ay pangkatutubong-kulay. Gabayan ang mga mag-aaral na mailarawan ang lugar na kinabilangan ng tauhan maging ang kilos, gawi at paniniwala nito. Maaaring ipagawa ito ng isang pangkat. Maaari rin silang atasan na magdrowing ng lugar na kinabilangan ng tauhan batay sa paglalarawan ng

may-akda. Ipababasa nang tahimik sa mga mag-aaral ang ikalawang teksto. Pagkatapos ay sasagutin ang Gawain 6.

**GAWAIN 6.** Ilarawan Mo

May nakahandang larawan ang guro ng dating anyo ng Maynila partikular na ang Avenida. Mula sa tekstong binasa ay ilalarawan ng mga mag-aaral ang lugar, kilos/gawi at uri ng pamumuhay sa Maynila. Maaari itong isagawa bilang isahan o pangkatan.

Ang susunod na gawain ay ibibigay bilang takdang-aralin. Ito ay ang panonood ng teleserye ng mapipiling bansa.

**GAWAIN 7.** Pagsasanib ng Gramatika/Retorika

Makatutulong sa isasagawang pagganap ang pagtalakay ng guro sa mga panuring bilang pampalawak ng pangungusap. Ipaliliwanag nang mabuti ng guro paano mapapalawak ang pangungusap gamit ang mga panuring na pang-uri at pang-abay. Kapag naunawaan na ng mga mag-aaral ang aralin, pasagutan na ang inihandang pagsasanay.

**Pagsasanay 1.** Isip… Isip…

Magbibigay ang guro ng mga batayang pangungusap na hinango sa mga akdang binasa. Maaaring isagawa bilang paligsahan.

**Pagsasanay 2.** Saliksik… Dunong…

Ibibigay bilang takdang-aralin ang pananaliksik tungkol sa kaugalian at uri ng pamumuhay ng alinmang bansa sa Silangang Asya. Itatala sa papel ang kinalabasan ng pananaliksik at bilinan ang mga mag-aaral na sikaping gumamit ng mga panuring sa pagpapalawak ng pangungusap. Isasagawa ng dalawahan.

**Mga Kagamitan:** tsart ng talasalitaan; grapiko ng kayarian ng kwento; mga larawan; tsart ng gramatika; Maaaring gumamit ng *overhead projector*.

DRAFT
April 1, 2014

**Pagnilayan at Unawain**

Sa bahaging ito, aalamin ng guro kung malinaw na ang mga konsepto ng mga mag-aaral tungkol sa pagkakaiba ng kuwento ng katutubong-kulay sa iba pang uri ng kwento at kung paano nakatutulong ang pagpapalawak ng pangungusap sa paglalarawan ng kultura.

1. Paano naiiba ang maiking kwento ng katutubong kulay sa iba pang uri ng kuwento?

   Sa kuwento ng banghay, ang binibigyang-diin ng sumulat ay ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o ang madulang pangyayari. Sa kuwento naman ng tauhan,nakapokus naman ang mga pangyayari sa tauhan upang mabigyan ng kabuuang pag-unawa ang mga mambabasatungkol sa kanila. Pinapahalagahan naman sa kuwento ng katutubong-kulay ang tagpuan-ang pook/lugar na pinangyarihan ng kuwento. Karaniwan ay maraming paglalarawan tungkol sa pook - hindi lamang pisikal kundi pati na

rin ang pangkalahatang pag-uugali ng mga tao roon, ang kanilang mga kilos/gawi, mga paniniwala,pamahiin at pananaw sa buhay.

2. Paano nakatutulong ang pagpapalawak ng pangungusap sa paglalarawan ng kultura?

Ang sapat na kaalaman sa pagpapalawak ng mga pangungusap ay makatutulong upang mailalarawan nang mabuti ang kultura ng isang bansa. Sa pagbibigay ng isang payak na pangungusap na naglalarawan sa kultura ng isang bansa, ito ay mapapalawak pa gamit ang mga panuring na pang-uri at pang-abay. Mapapansin na lalong nagiging malinaw sa tagapakinig ang kulturang nais ilarawansa tulong ng pagpapalawak ng pangungusap.

**Ilipat**

**GAWAIN 8.** Masubok Nga

Ang mga mag-aaral ay isahang maglalarawan nang may kasiningan sa mga kaugalian at uri ng pamumuhay ng alinmang bansa sa Silangang Asya. Tandaang ang pagganap ay batay sa *GRASP*.

*G-oal:* Makapaglarawan ng kaugalian at uri ng pamumuhay ng alinmang bansa sa Silangang Asya
*R- ole:* Ikaw ay isang *Tourist Guide*
*A-udience:* Ang Kamag-aral ay mga turista
*S-ituation:* Sila ay iyong hihikayatin na magustuhan ang bansang binisita
*P-erformance*: Pasalitang Paglalarawan
*S-tandard*: (nasa ibaba ang pamantayang kung paano tatayain ang *performance* ng mag-aaral)

A. Tiyak ang mga impormasyong ginamit sa paglalarawan …….. 50 %
B. Wastong Bigkas at Intonasyon ……... 30 %
C.Tiwala sa Sarili, Panghikayat at Presentasyon .. …… 20 %
**Kabuuan ..……100 %**

DRAFT April 1, 2014

**Aralin 2.5**

**A. Panitikan:** Ang Munting Pagsinta
Dula- Mongolia
Hinalaw ni Mary Grace A. Tabora

**B. Gramatika/retorika:** *Cohesive Device*s o Kohesiyong Gramatikal na Pagpapatungkol

**C. Teksto:** Naglalarawan

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa dula gamit ang teknolohiya at paglalapi upang mailarawan ang karaniwang pamumuhay ng mamamayan ng bansang pinagmulan nito

**Pamantayan sa Pagganap:** Naitatanghal ang isang dula na naglalarawan ng karaniwang pamumuhay ng mamamayan

DRAFT
April 1, 2014

**Paalala sa Guro:**

Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyaking nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at ang *genre* ng pantikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto. Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugang ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw o sesyon. Ngunit inaasahang malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nauuri ang mga tiyak na bahagi ng dula na nagpapakita ng karaniwang pamumuhay batay sa napakinggang diyalogo/pag-uusap |
| Pag-unawa sa Binasa | Nasusuri ang dula batay sa pagkakabuo at mga elemento nito |
| Paglinang ng Talasalitaan | Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa dula |
| Panonood | Naipaghahambing ang mga napanood na dula batay sa mga katangian at elemento ng mga ito |
| Pagsasalita | Naibabahagi ang mga pangyayari sa sariling buhay at natutukoy ang elemento ng dula na litaw rito |

| | |
|---|---|
| Pagsulat | Naisusulat ang isang iskrip/banghay tungkol sa karaniwang buhay ng isang Asyano |
| Gramatika/Retorika | Nagagamit ang kohesiyong gramatikal na pagpapatungkol sa pagsulat ng diyalogo ng dula |

**Tuklasin**

1. Umisip ng isang mahusay na pagganyak na may kaugnayan sa dula, maaaring maghanap sa *youtube* ng isang dula o bahagi lamang nito at ipapanood ito sa klase. Pagkatapos ay pag-usapan ang napanood.
2. Ilahad ang mga inaasahan sa kanila, ang pamantayang pangnilalaman at pamantayang pagganap, linawin din ang *rubric* sa pagganap. Bigyang-diing ang mga ito ay isasakatuparan sa pagtatapos ng aralin at binanggit lamang ito upang mabatid nila ang direksiyong kanilang tutunguhin.
3. Itanong ang mahalagang tanong sa panitikan at gramatika sa mga mag-aaral sa pagsisimula ng aralin, makabubuting ipaskil ito. Basahin ito nang malakas sa klase at pagkatapos ay ipabasa sa mga mag-aaral. Hayaan ang mga mag-aaral ng ilang minuto na limiin ang mga tanong. Pagkatapos ay ipasagot ito sa papel, ipatupi at ihulog sa isang *Drop Box*.Tawagin ang ilang mag-aaral at ipalahad sa klase ang kanilang sagot ngunit huwag itong wastuhin, sabihin lamang na sila ang makatutuklas ng tamang sagot/konsepto sa pagtatapos ng aralin.
4. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga Gawain 1 hanggang Gawain 3, tandaan na hindi kailangang maging wasto ang kanilang sagot at hindi rin sa bahaging ito tatalakayin ang aralin, iwasan ang pagpapaliwanag. Ito ay magsisilbing gabay lamang sa guro kung ano ang eskima ng mga mag-aaral tungkol sa elemento ng dula at kohesiyong gramatikal. Batay sa kinalabasan ng panimulang pagtataya ay makapaghanda ang guro ng angkop na mga estratehiya.
5. Kung maaari'y isagawa ang yugtong ito sa loob ng isang sesyon.

DRAFT
April 1, 2014

**Linangin**

1. Mabuting simulan mo ang yugto sa isang payak na pagganyak na may kaugnayan sa Mongolia o sa pamumuhay ng mga tagarito. Kasunod nito ang maunawang pagbasa sa dulang “Munting Pagsinta”.
2. Matapos basahin ang dula, ipasagot sa mga mag-aaral ang Gawain 4 na susundan ng Gawain 5. Isunod ang pagtalakay sa elemento ng dula na at mapagtitibay ito sa pagsagot sa Gawain 6.
3. Naririto ang mga sagot sa mga gawain:

**GAWAIN 4.** Ayusin Mo!

1. kulungan
2. nakasalalay
3. magiliw
4. libutin
5. mabagal

**GAWAIN 5.** Unawain Mo!

1. Bahagi ng dula na naglalarawan ng karaniwang pamumuhay:
   - Paggawa ng paraan ni Yesügei upang makasundo ang kaalitang tribo
   - Pagsunod ni Tamujin sa utos ng kanyang ama na mamili ng mapapangasawa
   - Pagpili ni Tamujin ng babaeng kaniyang pakakasalan ayon sa sariling kagustuhan
   - Pagdadalawang-isip ni Borte sa pakikipagkasundo ng kasal kay Tamujin
   - Pghingi ng bendisyon sa mga magulang ni Borte tungkol sa kasunduang naganap
   - Pag-unawa ni Yesügei sa pagpapasya ng kanyang anak na si Tamujin.

2-7. Ang sagot sa bilang ay nasa pamamatnubay ng guro.

DRAFT
April 1, 2014

**GAWAIN 6**. Sagutin Mo!

1. Ang sagot ng mga mag-aaral dito ay hindi magkakapareho batay na rin sa kanilang pagtingin, kaya ang guro ang titimbang sa kawastuhan ng kanilang sagot.
2. Samantala, bago suriin ang ikalawang teksto marapat na mailahad ng guro ang koneksyon ng dalawang akda.
3. Aalamin ng guro ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasang dula sa pamamagitan ng mga tanong na:

   a. Bakit nagtatalo ang dalawang tauhan sa dula?
   b. Bakit kaya mahalaga ang payo ng isang kaibigan batay sa ipinakita sa dula?
   c. Sino sa mga tauhan ang nauunawaan mo/ di mo nauunawaan? Bakit?
   d. Anong uri ng teksto ang binasa? Patunayan.(Naglalarawan sapagkat ipakita sa dula ang relasyong namamagitan sa mag-ama at ang mga kaakibat nitong mga damdamin batay sa mga kaganapan.)
   e. Sa iyong pananaw, dapat bang pakialaman ng magulang ang pagpapasya ng kanyang anak? Ipaliwanag.
   f. Ano ang damdaming nangibabaw sa iyo matapos mong mabasa ang dula? Ipaliwanag.
4. Matapos nito, isagawa ang Gawain 7, hindi na rin inilagay ang sagot sa paghahambing sapagkat nasa patnubay na ito ng guro.
5. Sa puntong ito, ipasuri ang mga pahayag at diyalogong may salungguhit. Itanong sa mga mag-aaral, ano ang napansin nila rito? Mula rito, igiya ang mga mag-aaral tungo sa aralin sa gramatika.
6. Ipaliwanag nang komprehensibo ang kohesiyong gramatikal na
7. pagpapatungkol, ang anapora at katapora.
8. Isunod ang pagsasakatuparan sa mga isinuhestiyong gawain.
9. Naririto ang sagot sa mga gawain sa gramatika/retorika:

**Pagsasanay 1.** Iguhit Mo!

1. kanila- katapora
2. dito- katapora
3. sila- anapora

4. iyan- katapora
5. tayo- anapora

**Pagsasanay 2.** Subukin Mo!

1. sila- katapora
2. siya- katapora
3. ito- anapora
4. dito- anapora
5. kanila- katapora

**Pagsasanay 3.** Subukin Mo!

1. Anong saklap na mapiit sa kulungang malupit? <u>Ito</u> ay silid ng kalungkutan. (Anapora)
2. <u>Ika'y</u> siyam na taong gulang na, sa edad mong iyan Temüjin ay dapat ka nang pumili ng iyong mapapangasawa. (Katapora)
3. Itay ako'y masyado pang bata para sa bagay na <u>iyan</u>. Ang kasal ay sa matatanda lang. (Katapora)
4. Isang simpleng pamimili lamang ng babae ang gagawin mo at pangakong <u>siya'</u>y iyong pakakasalan. (Anapora)
5. Bakit sa Tribong Merit siya kailangang magmula? Hindi naman <u>iyon</u> ang ating tribo. (Anapora)

DRAFT

10. Pagsapit sa Pagsasanay 4, ang kawastuhan ng sinulat ng mga mag-aaral ay nasa pagkilatis na ng guro.
11. Upang hindi gaanong mahirapan ang mga mag-aaral sa bahaging ito, iminumungkahi na ang pagtalakay sa unang teksto ay isang sesyon, isang sesyon rin para sa ikalawang teksto at isang sesyon sa gramatika/retorika.

April 1, 2014

**Pagnilayan at Unawain**

1. Magbalik-aral sa mga natalakay. Mainam gamitin ang larong *Quiz Bee.*
2. Ilabas ang *Drop Box*, ibalik sa mga mag-aaral ang kanilang sagot sa mga mahalagang tanong. Tahimik na ipabasa sa mga mag-aaral ang kanilang naging sagot sa unang araw nang pagtalakay. Matapos nito, ipasagot ang *organizer* ng **kaliwanagan**.
3. Ang inaasahang sagot sa mga mahalagang tanong ay:

| Sagot sa Mahalagang Tanong sa Panitikan | Sagot sa Mahalagang Tanong sa Gramatika/Retorika |
|---|---|
| Ang dula ay hango sa kasaysayan ng buhay ng tao, mayaman ito sa mga makatotohanang pangyayari na ating nasaksaksihan sa pang-araw-araw na pamumuhay. | Gamit ang mga kohesiyong gramatikal na pagpapatungkol na anapora at katapora maiiwasan ang pag-uulit ng mga salita na makatutulong sa mabisang pagsulat ng diyalogo. |

**Paalala**: Tanggapin ang ibang paraan ng pagpapahayag ng sagot ng mga mag-aaral kung nasa loob ng konteksto ng mga konsepto sa itaas.

**Ilipat**

1. Pag-usapan ang kulturang Mongolia na lumitaw sa unang dulang pinag-aralan o iba pang kultura ng Silangang Asya. Maaaring magpalaro ng paramihan ng maitatalang kultura ng Silangang Asya. (Makabubuti rin na bago ang yugtong ilipat ay ibigay na takdang-aralin sa mag-aaral ang pagsasaliksik sa kultura ng Silangang Asya.)
2. Pagkatapos, itanong sa mga mag-aaral kung ano ang inaasahan sa kanila sa pagganap. Ihayag ang *GRASPS:*

   *G*- Makapagtanghal ng isang dula na nagpapakita ng karaniwang pamumuhay at kultura ng Silangang Asya
   *R*- Miyembro ng *Performing Arts*/Mananangha
   *A*- Dignitaryo mula sa Silangang Asya
   *S*- Aliwin ang mga dignitaryo sa unang gabi ng kanilang pagbisita sa bansa
   *P*- Magtanghal ng isang dula sa Silangang Asya
   *S*- Ang pamantayan ay:

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| Kahusayan Sa Pagganap | 30% |
| Orihinalidad | 30% |
| Kabuuang Pagtatanghal | 30% |
| Pagkamakatotohanan | 10% |
| **Kabuuang Marka** | 100% |
| **Marka:**<br>Napakahusay- 100-91%<br>Mahusay- 90-81%<br>Mahusay-husay- 80-75%<br>Nagsisimula- 74%-pababa | |

DRAFT
April 1, 2014

Bago sumulat ng iskrip at magtanghal ang mag-aaral, magbigay ng *input* tungkol dito.

Sa pagsulat ng iskrip ng dula isinasaalang-alang ang sumusunod:

**1. Diyalogo**

- Ang dramatikong diyalogo ay dapat na masining, pili ang mga salita at pinatindi batay sa sitwayon;
- Kailangang mapalilitaw ang natural na pagsasalita ng mga tauhan gamit ang mga diyalogo

**2. Banghay**

- Magkakaugnay ang mga pangyayaring isinisiwalat;
- Masining ang pagkakasunod-sunod ng nito.
- Hinahati-hati ang buong banghay sa mga yugto o bahagi at ang bawat yugto ay sa mga tagpo o eksena.
- Gaano man kahaba o kaikli ang isang dula, dapat itong magtaglay ng paglalahad, suliranin, gusot at ang kawakasan.
- Ang suliranin o ang gusot ay ang pagtaas na ng aksyon na kinakailangan malutas sa pagtutunggalian ng mga tauhan.
- Ang huling bahagi ng dula ay ang resolusyon at wakas na bunga ng tunggalian ng mga tauhan o pwersa sa kapaligiran.

DRAFT

Magbigay ng *feedback* sa pagganap ng mga mag-aaral.

Bilang takdang-aralin, isinusuhestiyong papanoorin ang mga mag-aaral ng isang dula at ipahambing ang mga elemento nito sa mga pinag-aralang akda. Maaari ring mula sa napanood na dula ay pumili ang mag-aaral ng isang karaniwang pangyayari at sumulat ng iskrip tungkol dito na gagamitin ang mga kohesiyong gramatikal na anapora at katapora sa mga pahayag o diyalogo.

April 1, 2014

## PAGNILAYAN AT UNAWAIN PARA SA MODYUL 2

1. Para sa yugtong ito, ipasagot ang Gawain 1-3 upang matiyak na natutuhan ng mga mag-aaral ang mga kasanayan at mahalagang konsepto ng aralin.
2. Nasa pamamatnubay na ng guro ang mga sagot para sa Gawain 1 at 2. Samantala, nasa ibaba ang sagot para sa mahalagang tanong, ngunit tandaan na maaring iba ang paraan ng pagpapahayag ng mag-aaral, ang mahalaga ay nakapaloob ito sa konteksto nng pahayag na nasa kahon.

**Sagot sa Mahalagang Tanong**:

Sa pamamagitan ng malinaw at makatotohanang paglalarawan, pagsasalaysay at paglalahad ng isang akda mabisang maipakikilala ang kultura at kaugaliang ng bansang pinagmulan nito.

## ILIPAT PARA SA MODYUL 2

1. Bilang pagganyak, ipasaayos ang isang teksto (mainam kung sanaysay) sa mga mag-aaral na pinutol-putol. Isagawa ito nang kolaboratibo.
2. Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kung ano ang inaasahang pagganap/produkto. Ilahad ang pamantayan nito sa pagmamarka.

*G* - Makasulat ng isang akda para sa *Literary Exhibit*
*R* - Isang Kontribyutor
*A*- Miyembro ng Samahan ng Nagkakaisang Bansa ng Silangang Asya at ilang piling panauhin
*S* - Magkaraoon ng kamalayan ang mga Asyano sa kanilang lipunang ginagalawan
*P* - Paglulunsad ng *Literary Exhibit* na bahagi ng *Social Awareness Program*
*S* - Ang pamantayan ay:

| Blg. | Deskripsiyon | Bahagdan |
|---|---|---|
| 1 | Kalinawan | 25% |
| 2 | Kaangkupan | 15% |
| 3 | Kahustuhan | 15% |
| 4 | Katiyakan | 15% |
| 5 | Kawastuhan | 15% |
| 6 | May layunin | 15% |
| **Kabuuan** | | **100%** |

3. Magbigay ang guro ng input tungkol sa nilalaman ng panimulang talata, gitna at pangwakas na talata, *transisyunal devices* at pangunahin at pantulong na kaisipan.
4. Mag-*brainstorming* tungkol sa bubuing sulatin. Tiyaking hindi ang guro ang magpapasya, igiya lamang ang mga mag-aaral hanggang sa makabuo ng konsolidong kapasyahan.
5. Simulan ang pagpapaplano ng isusulat na gawain. Isunod dito ang pagsulat ng burador at pagkatapos ay ang pagrerebisa.
6. Markahan ang sinulat ng mga mag-aaral. Tiyaking magbigay ng *feedeback*. Kung maaari, ipaskil sa isang *Bulletin Board* ang mga mahuhusay na gawa.

DRAFT
April 1, 2014

## V. PANGWAKAS NA PAGTATAYA PARA SA Modyul 2.
(Ang susi sa pagwawasto ay nasa huling bahagi.)

1. Maikling tula mula sa Japan na binubuo ng labimpitong pantig lamang.

   A. *Tanka* B. Tanaga C. *Haiku* D. Ambahan

2. Sa bansang ito nagmula ang mga unang pabula sa daigdig.

   A. Korea B. India C. Gresya D. Tsina

3. Tukuyin ang hindi ponemang suprasegmental.

   A. impit B. diin C. hinto D. tono

4. Ang mga halimbawang salita ay modal maliban sa _________.

   A. gusto B. maaari C. tama D. dapat

> Naiiba na ang gampanin ng mga babae at higit itong mapanghamon kung ihahambing noon. Ang kanilang karapatan at kahalagahan ay binibigyan nang pansin. Ngunit hindi ito nangangahulugan na ang mga babae ay tumatanggap nang pantay na posisyon at pangangalaga sa lipunan. Mayroon pa ring mga kompanya na hindi makatarungan ang pagtrato sa mga babaing lider nito.Marami pa ring kalalakihan ang nagbibigay ng mabigat na tungkulin sa kanilang asawa sa tahanan. Ito ay matuwid p arinsakanila. Marami pa ring dapat magbago sa kalagayan ng kababaihan sa Taiwan at malaki ang aking pag-asa na Makita ang ganap at pantay na karapatan nila salipunan.
>
> Halaw sa: "AngKababaihan ng Taiwan Noon at Ngayon
> at Noong Nakalipas na 50 Taon
> ni Sheila C. Molina

5. Ang binasa ay tumatalakay sa mahalagang isyu sa kapaligiran kaya't ito ay mauuri bilang_________.

   A. balita C. lathalain
   B. editoryal D. sanaysay

6. Sa pangungusap na: "Ngunit hindi ito nangangahulugan na ang mga babae ay tumatanggap nang pantay na posisyon at pangangalaga s alipunan". Ang ngunit ay ginamit bilang _______.

   A. pang-ukol C. pang-angkop
   B. pangatnig D. pantukoy

7. Ang patunay na hindi pa ganap na pantay ang kalagayan ng babae at lalaki sa Taiwan ay _________.

A. hindi tinatanggap ang babae sa trabaho
B. hindi binibigyan ng karagdagang sahod
C. hindi makatarungan ang trato sa mga lider na babae
D. lalaki lamang ang napipiling lider sa kompanya

8. Alin ang hindi nabibilang sa pangkat?

A. iskrip
B. direktor
C. diyalogo
D. tanghalan

9. Ano ang pinakateksto ng dula?

A. aktor
B. iskrip
C. direktor
D. tanghalan

10. Ito ay kohesiyong gramatikal na ginagamit sa hulihan bilang pananda sa pinalitang pangalan sa unahan.

A. anapora
B. berbal
C. nominal
D. katapora

11. Ano ang ipinahihiwatig ng hatol nina Pino at Baka na... dapat kainin ng tigre ang tao?

A. Naiinis sina Pino at Baka kaya ito ang kanilang hatol
B. Malupit ang tao sa kalikasan kaya nais nilang mamatay ang tao.
C. Walang silbi ang tao sa puno at baka kaya wala silang pakialam kung kainin man ng tigre.
D. Hindi makatotohanan ang kuwento sapagkat walang nagsasalitang puno at baka sa tunay na buhay.

12. Tukuyin ang hindi wastong pahayag tungkol sa modal.

A. Malapandiwa ang ibang tawag sa modal.
B. Ginagamit bilang pamuno sa paksa ang modal.
C. Ang modal ay ginagamit na panuring sa mga pandiwa.
D. Ang modal ay isang uri ng pangungusap na walang pakasa.

13. Ano ang kahulugan ng pahayag na ito? Hindi, ako ang doktor.

A. Itinatanggi ng nagsasalita na siya ang doktor.
B. Sinasabi ng nagsasalita na hindi siya doktor.
C. Itinatanggi ng nagsasalita na siya ay doktor.
D. Ang nagsasalita ay nagsasabing siya ang doktor na maaaring siya'y pinagkamalang iba.

DRAFT
April 1, 2014

14. Buuin ang kaisipan ng tula ayon sa pinakawastong pagkakasunod-sunod ng mga taludtod.

1 Nang humangi'y yumuko
2 Nagkabunga ng ginto
3 Palay siyang matino
4 Nguni't muling tumayo

A. 3214
B. 3142
C. 1234
D. 3214

15. Ano ang pinakaangkop na pamagat sa nabuuong tanaga sa bilang # 4?

A. Kawayan
B. Damo
C. Palay
D. Ginto

Naligtas ang kanilang mga balat ng kasuotang panlamig ni Huiquan, at ang kanilang pera ay mabilis niyang isinilid sa kanyang bulsa. Bago siya nakapagtinda, matamlay niyang hinarap ang negosyo, ngunit nagbigay ng inspirasyon ang pagbili ng mga karpintero . Tiyaga ang susi para sa isang buhay na matatag. Kahit sa pinakamalalang panahon, walang ibinubunga ang mawalan ng pag-asa. Mas mabuting maghintay kaysa umayaw, dahil walang makakaalam kung kailan kakatok ang oportunidad. Hindi naman sa lahat ng pagkakataon ay malas ka, hindi ba ? Nag-iisip si Huiquan.

Halaw sa "Niyebeng Itim"
ni Liu Hengsalin ni Galileo Zafra

DRAFT
April 1, 2014

16. Batay sa kuwento, ang gawain o trabaho ni Huiquan ay __________.

A. karpintero
B. kargador
C. ahente
D. negosyante

17. Ang kaisipanna makukuha sa talata ay __________.

A. Maging matatag sa buhay
B. Kailangang magtiyaga sa buhay
C. Huwag susuko sa buhay
D. Huwag palampasin ang pagkakataon

18. Batay sa realisasyon ni Huaquan, masasabing isa siyang taong________.

A. inspirado
B. madiskarte
C.mahusay sa buhay
D. may positibong pananaw

19. Ang ibinunga ng pagtitiyaga ni Huiquan ay _________.

A. nakapag-isip-isp siya
B. hindi nawalan ng pag-asa
C. may pagbabago sa buhay
D. may hinaharap na kinabukasan

20. Nag-isip si Huiquan. Batay sa huling pangungusap, ang aksyong gagawin ng tauhan ay:

A. maghahanap ng kasama
B. dadagdagan ang paninda
C. magtitiyaga sa pagtitinda
D. hahanap ng ibang trabaho

21. “Makikita sa loob ng bahay ang kasangkapang antik o sinauna.” Anong elemento ng dula ang lutang sa pahayag?

A. aktor
B. iskrip
C. manonood
D. tanghalan

22. “Ang tanging alam ko lamang ay ito ang ibinigay ng pagkakataon sa akin. Ikaw ang aking nakita.”Ano ang panlaping ginamit sa pahayag ilang kohesiyong gramatikal?

A. akin
B. ito
C. ikaw
D. ko

23. Anong uri ng kohesiyong gramatikal na pagpapatungkol ang sagot sa bilang 4?

A. anapora
B. berbal
C. nominal
D. katapora

DRAFT

24. _____ ay kahanga-hanga, ipinaglaban ni dating senador Ninoy Aquino ang kaniyang pinaniniwalaang tama.

A. nila
B. niya
C. sila
D. siya

April 1, 2014

25. Alin sa mga pahayag ang wasto tungkol sa kohesiyong gramatikal?

A. Binibigyang turing nito ang mga pangngalan
B. Iniiwasan nito ang pag-uulit ng mga pangangalan
C. Napaiikli nito ang mga pangnugusap
D. Napalalawak nito ang mga pangungusap

26. Bakit mahalagang pag-aralan ang pabula?

A. Ang pabula ay sumasalamin sa ating kultura.
B. Ito ay bahagi ng ating panitikan kaya mahalagang pag-aralan.
C. Mayaman sa talinghaga ang pabula kaya nagpapalawak ng ating isipan.
D. Nahuhubog ng pabula ang mabuting pag-uugali ng taong bumabasa nito.

27. Anong mahalagang kasipan ang natutuhan mo sa pabulang “Nagkamali ng Utos”?

A. Huwag maging sakim
B. Tumanaw ng utang na loob
C. Daig ng matalino ang malakas.
D. Masama ang manakit ng kapwa.

28. Alin sa mga karunungang bayan ang nagpapahiwatig ng mensahe ng pabulang "Ang Hatol ng Kuneho"?

A. Daig ng maagap ang masipag.
B. Kung may isinuksok, may madurukot.
C. Kung ano ang iyong itinanim, siya mong aanihin.
D. Ang 'di lumingon sa pinanggalingan ay 'di makararating sa paroroonan.

29. Mahilig gamiting paksa sa *Tanka* at *Haiku* ng *Japan* ang tungkol sa paglipas ng panahon. Ano ang ipinahihiwatig nito tungkol sa kultura at kaugalian ng mga *Japanese*?

A. Mahilig magmuni-muni ang mga *Japanese*.
B. Mahalaga para sa kanila ang bawat oras ng kanilang buhay.
C. Sentimental ang mga *Japanese* kaya labis nilang pinahahalagahan ang paglipas ng panahon
D. Maraming nais ipakahulugan ang iba't ibang panahon kaya kinahiligang gamitin sa pagsulat ng Tanka at Haiku.

30. Bakit mahalagang pag-aralan ang panitikan ng Silangang Asya?

A. Upang makasunod tayo sa agos ng modernisasyon
B. Upang mapagtibay pa ang ating pakikiisa sa mga bansa sa Asya.
C. Upang matuto at mapaunlad ang sarili tulad ng mga kapwa nating Asyano.
D. Upang lubos na makilala ang kultura at kaugalian ng ating mga karatig bansa.

Sa ngayon, ang kababaihan ay unti-unting na ring napahalagahan. Hindi man ito maituturing na ganap dahil sa patuloy na mga karahasang pantahanan na pawang mga kababaihan ang nagiging biktima. Ang *sexual harassment* na madalas ay daing ng mga kababaihan ay nagdaragdag sa mga suliraning pambansa.

Ang babae ay katuwang sa pamumuhay. Hindi sila katulong na tagasunod sa lahat ng mga ipinag-uutos ng ilang nag-aastang "Panginoon". Sila'y karamay sa suliranin at kaagapay sa mga pangyayaring nagdudulot ng pait sa bawat miyembro ng pamilya.

Tunay na ang mga kababaihan ay hindi lamang kasama kundi kabahagi sa pagpapaunlad ng bayan sa lahat ng panahon.

Halaw sa "Pagbibigay Kapangyarihan sa Kababaihang Pilipino sa pamamagitan ng Estadistikang kasarian

DRAFT
April 1, 2014

31. Ang sumusunod ay mga kaisipan na nais ipahayag ng may-akda maliban sa ___________.

A. Angbabae ay may mahalagang papel sa lipunan
B. Ang babae ay kaagapay sa pamumuhay.
C. Ang babae ay katuwang sa mga suliranin.
D. Ang babae ay pinagmumulan ng karahasan.

32.Ang tono ng sumulat ay _________.

A. nagpapaawa
B. nagpapaunawa
C. nangangamba
D. nagagalit

33. Layunin ng sumulat ng talata na ________.

A. Ipagtanggol ang kababaihan.
B. Pahalagahan ang kababaihan.
C. Palakasin ang loob ng kababaihan.
D. Hikayatin ang mambabasa.

DRAFT

Ang kalipunan ng mga taong naglipana sa Azcarraga, Avenida Rizal at Escolta ay mga mamimiling walang puhunan (karamiham) at mga tagapagbili ng mga bagay na wala sa kanila at lalong hindi kanilang pag-aari. Ang hanapbuhay ng mga ito ay magtala sa papel ng mga bagay na nababalitaang ipinagbibili. Madalian ang kanilang usapan. Mabilis magkasundo. Tiyak ang pook na tipanan - - sa harap ng isang mesa: sa ibabaw ng umaasong kapeng-mais na pinapuputla ang kulay ng gatas na may bantong gata ng niyog. Kung sila'y palarin: kakamal ng libo, kung mabigo naman ay gutom maghapon.

April 1, 2014

Halaw sa: Nagmamadali ang Maynila
ni Serafin Guinigundo

34. Ang trabaho o gawain ng mga taong inilalarawan sa talata ay _______.

A. kargador
B. tindero
C. ahente
D. negosyante

35. Sa pangungusap na “Kung sila'y palarin: kakamal ng libo, kung mabigo naman ay gutom maghapon.” Ipinahihiwatig nito na __________.

A. Di-tiyak ang hanapbuhay.
B. Mahirap maghanapbuhay.
C. Mayaman ng ilang oras lamang.
D. Angbuhay ay walang ka

36. Sa pariralang “mga mamimili ng walang puhunan (karamiham), at mga tagapagbili ng mga bagay na wala sa kanila at lalong hindi kanilang pag-aari.” Masasabing ang mga taongt ulad nila ay _______.

A. madiskarte
B. matalino
C. matulungin
D. matiyaga

> Temüjin: Itay ako’y masyado pang bata para sa bagay na iyan. Ang kasal ay sa matatanda lamang.
> Yesügei: Aba’t ang batang ito, hindi naman ibig sabihin na kapag nakapili ka na ng babaing pakakasalan mo ay magsasama na kayo. Isang simpleng pamimili lamang ng babae ang gagawin mo at pangakong siya’y iyong pakakasalan.
> Temüjin: Ganoon po ba iyon?
> Yesügei: Oo, anak.Tayo’y nabibilang sa Tribong Borjigin kaya’t ikaw ay pipili ng babaing mapapangasawa sa Tribong Merit.
> Temüjin: Bakit sa Tribong Merit siya kailangang magmula? Hindi naman iyon ang ating tribo.
> Yesügei: Malaki ang atraso ko sa tribo, kaya’t sa ganitong paraan ako’y makababawi sa kanila.
>
> Halaw sa “Munting Pagsinta”
> Hinalaw ni Mary Grace A. Tabora

DRAFT April 1, 2014

37. Anong kulturang Mongolia ang litaw sa diyalogo?

A. pambayad atraso ang anak
B. maagang pag-aasawa
C. pagpili ng mapangangasawa sa murang edad
D. pag-iisa ng dalawang tribo bunsod ng kasal

38. Anong pangyayari ang nakita sa diyalogo na karaniwang nagaganap sa iyong pamumuhay?

A. pagkumbinsi ng magulang sa anak
B. pagpapaliwang ng magulang sa anak ukol sa isang paksa
C. pagtatalo ng magulang at anak
D. pagpapasya ng magulang para sa anak

39. Anong kaugaliang Pilipino ang masasalamin sa diyalogo sa itaas?

A. pagsasaalang-alang sa damdamin ng nakaalitan
B. pagpili ng babaing mapapangasawa mula sa ibang angkan
C. paggalang sa kapasyahan ng magulang
D. pagsunod sa utos ng nakatatanda

40-50. Sumulat ng isang lathalain tungkol sa kultura at kaugalian ng alinmang bansa sa Silangang Asya.

**SUSI SA PAGWAWASTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. C | 11. B | 21. B | 31. D | 40- 50 |
| 2. B | 12. B | 22. D | 32. B | |
| 3. A | 13. D | 23. D | 33. B | |
| 4. C | 14. B | 24. B | 34. C | |
| 5. D | 15. C | 25. C | 35. D | |
| 6. B | 16. D | 26. D | 36. A | |
| 7. C | 17. B | 27. C | 37. D | |
| 8. C | 18. D | 28. C | 38. D | |
| 9. B | 19. A | 29. C | 39. D | |
| 10. A | 20. C | 30. C | | |

Bilang sintesis o paglalagom para sa kabuuan, iminumungkahi na isagawa ang **Hagdan ng Kosepto** na nakatala sa aklat ng mga mag-aaral. Narito ang mga pahayag na kokumpletuhin:

- ✓ Ngayon masasabi ko na…
- ✓ Natuklasan ko na…
- ✓ Natutuhan ko sa buong modyul na…

Marahil, mainam rin kung makabubuo ang guro ng ibang paraan o estratehiya para sa paglalagom na akma sa mga mag-aaral.

DRAFT
April 1, 2014

# MODYUL 3

## MGA AKDANG PAMPANITIKAN NG TIMOG-KANLURANG ASYA

DRAFT
April 1, 2014

**A. Panitikan:** Epiko,Parabula,Elehiya, Sanaysay at Nobela

**B. Gramatika/Retorika:** Uri ng Paghahambing, Pagpapakahulugang Semantika, Pagpapasidhi ng Damdamin, Pamaksa at Pantulong na Pangungusap, Mga Pahayag na Nangangatuwiran sa Ginawi ng Tauhan

**Deskripsyon ng Modyul 3**

Sa araling ito lalawak ang karunugan ng mga mag-aaral ang panitikan ng Timog Kanlurang Asya at ilang kaalamang pangwika. At sa pagtatapos, ipamamalas ng mga mag-aaral ang mga natutuhan nila sa kabuuan mula sa aralin 3.1 hanggang aralin 3.5. Isang pagganap/produkto ang bubuuin nila sa tulong ng mga kasanayang nalinang at ilang input na inisa-isa sa bahaging ito.

**Pamantayang Pangnilalaman**: Naipapamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga piling akdang tradisyunal ng Timog kanlurang Asya

**Pamantayan sa Pagganap**: Nakagagawa ang mga mag-aaral ng isang Movie Trailer batay sa mga pamantayang inilahad

DRAFT
April 1, 2014

**PAALALA SA GURO**: Ang matutunghayan mga gawain at estratehiya ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat domain ngunit tiyaking nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at ang genre ng pantikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto. Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat domain ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugang ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw o pag-aaral. Ngunit inaasahang malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

1. Bilang **panimulang gawain**, ipaliwanag sa mga mag-aaral ang konseptuwal na balangkas ng mga aralin at agad na isunod ang pagbibigay ng paunang pagtataya. Sikaping linawin sa mga mag-aaral ang layon ng pagkakaroon ng panimulang pagtataya.
2. Narito ang mga sagot sa Paunang Pagtataya:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | B | 7. | B |
| 2. | B | 8. | B |
| 3. | C | 9. | B |
| 4. | A | 10. | A |
| 5. | A | 11. | B |
| 6. | C | 12. | C |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 13. | A | 24. | A |
| 14. | C | 25. | B |
| 15. | A | 26. | B |
| 16. | B | 27. | D |
| 17. | A | 28. | D |
| 18. | A | 29. | A |
| 19. | D | 30. | A |
| 20. | B | 31. | B |
| 21. | A | 32. | B |
| 22. | A | 33. | D |
| 23. | C | | |

34- 50. Nasa pamamatnubay na ng guro ang pagmamarka.

**Tuklasin**

1. Simulan sa isang malikhaing pagganyak ang klase. Maaaring gamitin ang Larong PINOY HENYO upang pahulaan ang mga bansa sa TIMOG KANLURANG ASYA .
2. Itanong ang mahalagang tanong para sa Aralin 3, ito ang "paano mabisa ang mga akdang pampanitikan ng Timog kanlurang Asya sa pagpapakilala ng kultura at kaugalian ng mga bansa nito?" Maaring bigyan ang mga mag-aaral ng ilang minuto upang limiin ang tanong. Matapos nito, isa-isang ipasulat ang kanilang sagot sa ipapaskil na sulatan na tila "malaking haligi ng nakatalang kaisipan".
3. Ilahad ang inaasahang pagganap/produkto gayundin ang pamantayang gagamitin.
4. Ipasagot ang mga panimulang pagtataya para sa yugtong tuklasin na nasa bahaging *ANTICIPATION-REACTION GUIDE*

DRAFT
April 1, 2014

**Linangin**

Dito na papasok ang iba't ibang paksa na nakapaloob sa Modyul 3 na magsisimula sa panitikan ng India tungo sa panitikan ng Saudi Arabia.

**Aralin 3.1**

A. **Panitikan:** Rama at Sita (Isang Kabanata)
Epiko - Hindu ( India)
Isinalin sa Filipino ni Rene O. Villanueva

B. **Gramatika at Retorika**: Uri ng Paghahambing
(magkatulad at di-magkatulad, pasahol at palamang)

C. **Uri ng Teksto**: Naglalarawan

**Deskripsyon ng Aralin:**
Ang Araling ito ay naglalaman ng mga konsepto tungkol sa epiko. Naglalahad ito ng isang epiko ng India na pinamagatang "Rama at Sita" na isinalin ni Rene O. Villanueva. Bahagi rin ng pagtalakay ang mga uri ng paghahambing na makatutulong sa mag-aaral na paghambing ng dalawang bagay na magkaiba sa pasalita man o pasulat.

**Pamantayang pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Kanlurang Asya

**Pamantayan sa Pagganap:** Masining na naitatanghal ng mag-aaral ang kulturang Asyano na masasalamin sa alinmang akda

DRAFT April 1, 2014

**Paalaala sa Guro:**

Ang lahat ng mga gawain at estratehiya sa gabay na ito ay pawang mga suhesyon lamang. Maaaring palitan ang teksto at gawain depende sa nakikitang pangangailangan ng mag-aaral subalit kailangang nakaangkla ito sa pamantayang pangnilalaman at pamantayang pagganap. Maaari ring palitan ng guro ang kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyakin lamang na nakabatay pa rin ito sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto ang *genre* ng panitikan ay maaari ring palitan. Maaari ding gumamit ng iba pang teksto na kaugnay ng aralin.

Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw. Ngunit inaasahang malilinang ang lahat ng ito sa nakatalagang bilang ng sesyon.

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nahuhulaan ang maaaring mangyari sa akda batay sa ilang pangyayaring napakinggan |
| Pag-unawa sa Binasa | Naihahambing ang natatanging kulturang Asyano na masasalamin sa epiko |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang-kahulugan ang mga salita batay sa kontekstong gamit |
| Panonood | Nabibigyang-katangian ang mga tauhan batay sa napanood na *informance* |
| Pagsulat | Nailalarawan ang isa sa mga itinuturing na bayani sa kasalukuyan ng alinmang bansa sa Asya |
| Wika at Gramatika | Nagagamit nang wasto ang mga pahayag sa paghahambing |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nakapagsasaliksik ng iba pang epiko |

Ipagagawa ng guro ang panimulang pagtataya

**Tuklasin**

DRAFT
April 1, 2014

**GAWAIN 1.** *Name the Picture Game* (Mahuhulaan mo ba?)

Batay sa mga klu na nabanggit sa bawat bilang, sagutin ng mga mag-aaral kung ano ang ipinahahayag sa tulong ng larawan.

**GAWAIN 2**. Kilalan**INDIA**

Lagyan ng salitang mapagkakakilanlan sa bansang India gamit ang *graphic organizer*

**GAWAIN b at c mula sa Gawain 2**

Pasagutan ang Pilosopiya ng India at pasagutan kung ano ang pilosopiya nila sa buhay.Isusulat nila sa sagutang papel.

**Gawain D**.

Mula sa gawain A at B, uulitin ng guro ang mahahalagang tanong bago dumako sa susunod na hakbang.

**Linangin**

**a.** Bago basahin ang teksto, pasagutan muna ang tanong na: “Ano ang karaniwang katangian ng pangunahing tauhan sa epiko?”
Maaaring gamitin nila sa pagsagot ang *graphic organizer* na nakalaan.

**b.** Ipabasa ang teksto (Rama at Sit) Epiko mula sa India

**GAWAIN 3.** Paglinang ng Talasalitaan

Pupunan ng titik ng mga mag-aaral ang bilog upang mabuo ang mga salitang ginamit sa akda.

Pasagutan ang mga Gabay na Tanong sa Antas ng Pag-unawa

1. Paano nagkakaiba ang mga katangian ang bawat tauhan
2. Paano pinatunayan nina Sita at Rama ang kanilang pagmamahalan?
3. Makatotohanan ba ang kanilang ginawa upang patunayan ang kanilang pagmamahalan?
4. Bakit ayaw labanan ni Maritsa ang magkapatid na Rama? Ang paglaban ba ay hindi naaayon sa pilosopiya ng India?
5. Isa-isahin ang mga pangyayaring nagpakita ng kababalaghan.
6. Isa-isahin ang mga pangyayaring nagpakita ng kabayanihan ng tauhan.
7. Ipaliwanag at bigyang patotoo ang pilosopiya ng India na pinagpapala ng Diyos ang maganda, matalino at kumikilos nang naaayon sa lipunan.
8. Ano ang mga kulturang Asyano ang makikita sa binasa?
9. Ihambing ito sa kultura ng bansang Pilipinas.
10. Matapos mong mapakinggan ang Rama at Sita, ano ang mabubuo mong hinuha tungkol sa sumusunod na mga pangyayari?

    a. Hindi paglaban ni Maritsa sa magkapatid.
    b. Ipinaglaban nina Rama at Sita ang kanilang pagmamahalan.

DRAFT
April 1, 2014

**GAWAIN 4.** Repleksyon at Salamin, Ating Saliksikin

1. **Pagpapahalaga sa akda**
   Paano nagkakatulad ang epiko ng mga bansa sa Silangang Asya?
2. Masasalamin bas a epiko ang pilosopiya ng India?

**Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

**GAWAIN 5.** Hanap-Hambing

Isulat ang mga salitang nagpapakita ng paghahambing

**GAWAIN 6**. Pag-usapan Natin

Sasaliksikin ng mga mag-aaral ang bansang Singapore at India. Paghambingin sa iba't ibang aspeto. Gagamit sila ng paghahambing na patulad at di magkatulad

**Tatalakayin ang Alam mo ba…**

**GAWAIN 7.** Maghambing tayo

Dalawang bansa sa Timog Asya Paghahambingin. Gagamitan ng mga salitang naghahambing.

**Pagnilayan at Unawain**

A. Ipagagawa ng guro ang Gawin mo

Maghahambing ang mga mag-aaral ng dalawang epiko.

Ang "Rama at Sita" at isang epiko na napag-aralan sa baitang 8. Gagamitan ng mga salitang naghahambing. Pagkatapos ay pasagutan ang mga tanong.

1. Alin sa dalawang epiko ang mas naibigan mo?
2. Sino sa mga tauhan ang ma nagtataglay ng pambihirang lakas?

**Ilipat**

Ipagawa ang *informance* sa LM:

Pumili kayo ng isang tauhan sa epiko na inyong nabasa.Saliksikin ang kanyang kasuotan at sikaping makakuha nito. Alamin din ang pakikipagsapalaran ng kaniyang pinagdaanan at pinagwagihan sapagkat sasabihin ninyo ito sa inyong pagtatanghal. Magkakaroon kayo ng pagtatanghal ng mga kasuotan ng bayani sa epiko.(*Epic Costume Parade*). Maaari rin na *improvised* ang *material* na inyong gagamitin.

DRAFT

Naimbitahan kayo ng isang *performing arts group* na magtanghal ng isang *informance* sa pagdiriwang ng ika-500 taon ng bayan ng Baler. Gaganapin ang pagtatanghal sa Sentro Baler.Kayo ang gaganap na mga tauhan sa epiko na mapipili ninyo. May *coordinator, actor, director, propsman, crew, production staff*, mandudula.

April 1, 2014

Tatayain ang inyong pagganap batay sa mga sumusunod na pamantayan. kasuotan o props, pagganap ng tauhan at kulturang lumitaw sa epiko.

**Paalala sa guro:**

Ang lahat ng mga gawain dito ay pawang mga mungkahi lamang. Maaaring palitan ang teksto at gawain depende sa nakikitang pangangailangan ng mag-aaral subalit kailangang nakaangkla ito sa pamantayang pangnilalaman at pamatayang pagganap.

**Aralin 3.2**

**A. Panitikan:** Ang Talinghaga Tungkol sa May-ari ng Ubasan
(Mateo 20: 1-16)
Parabula - Kanlurang Asya

**B. Gramatika/Retorika:** Pagpapakahulugang Semantika

**C. Uri ng Teksto:** Nagsasalaysay

**Deskripsyon ng Aralin3**

Ang aralin ay naglalaman ng isa sa mga akdang kilala sa Kanlurang Asya. Dito ay iba't ibang gawaing pampagkatuto ang isasakatuparan ng mag-aaral na may kaugnayan sa parabula at tayutay.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa parabula sa tulong ng pagpapakahulugang semantika upang maisabuhay ang mga aral/ mahahalagang kaisipang nakapaloob dito.

**Pamantayan sa Pagganap:** Naihahambing ng may kaangkupan ng mag-aaral ang isang karaniwang bagay sa aral/ mahalagang kaisipang nakapaloob sa akda.

**Paalala sa Guro:**

Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat domain ngunit tiyaking nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at ang *genre* ng panitikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto.Ang mga Kasanayang Pampagkatuto sa bawat domain ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase.

Hindi ito nangangahulugang ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw o sesyon. Ngunit inaasahang malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon. Maaaring gumamit ng ibang teksto.Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugang ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw o pag-aaral. Ngunit inaasahang malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nailalahad ang iba't ibang bisang pandamdamin,at pangkaisipan mula sa mga napakinggang pahayag |
| Pag-unawa sa Binasa | Napatutunayan na ang mga pangyayari sa parabula ay maaaring maganap sa kasalukuyan at sa tunay na buhay |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang-kahulugan ang mga matatalinghagang pahayag na ginamit sa parabula |
| Panonood | Nasusuri ang mga pangyayari sa pinanood na dulang pantelebisyon na may pagkakahawig sa binasang parabula |
| Pagsasalita | Naisasalaysay ang sariling parabula tungkol sa bagay-bagay sa paligid |
| Pagsulat | Naisusulat ang sariling parabula tungkol sa. Karaniwang bagay sa paligid |
| Gramatika/Retorika | Nagagamit ang tayutay sa pagsulat ng parabula |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nakukuha ang mga impormasyon mula sa pahayagan,magasin, panayam o internet |

DRAFT
April 1, 2014

**Tuklasin**

1. Ihahanda ng guro ang kamalayan ng mag-aaral sa mga tatalakaying aralin. Ipapasok na rito ang mga **Mahahalagang Tanong**.
2. Ilahad ang mga inaasahan sa kanila, ang pamantayang pangnilalaman at pamantayang pagganap, linawin din ang *rubric* sa pagganap. Bigyang-diin dito ang isasakatuparan sa pagtatapos ng aralin.Binanggit lamang ito upang mabatid nila ang direksyong kanilang tutunguhin.
3. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga Gawain1 hanggang 4.Tandaan na hindi kailangang maging wasto ang kanilang sagot at hindi rin sa bahaging ito tatalakayin ang aralin. Iwasan ang pagpapaliwanag. Ito ay magsisilbing gabay lamang sa guro kung ano ang eskima ng mga mag-aaral tungkol sa parabula at pagpapakahulugang semantika nang sa gayon batay sa kinalabasan ng panimulang pagtataya ay makapaghanda ng angkop ng mga estratehiya.
4. Kung maaari'y isagawa ang yugtong ito sa loob ng isang pag-aaral.

**Linangin**

1. Ganyakin muna ang mga mag-aaral tungkol sa lugar ng pinanggalingan ng parabulang babasahin.
2. Ipabasa ang parabula at ipakilala ang katuturan nito.

**Gawain 5. Paglinang sa Talasalitaan**

Pabigyang-kahulugan ang pahayag na ginamit sa parabula gamit ang diyagram.

**Gawain 6.Sa Antas ng Iyong Pag-unawa**

Pagpapasagot sa ibinigay na tanong kaugnay ng binasang parabula. (Maaari pang magbigay ng susog na tanong sa bawat kasagutan ng mag-aaral)

**Gawain 7. Sulat Ko, Isalaysay Ko**

Sa tulong ng mga salitang binigyang kahulugan sa Gawain 5 ay magpabuo ng salaysay tungkol sa mensahe ng parabulang tatalakayin.

**Gawain 8.*Honest* Ka Ba?**

Maaaring ibigay itong takdang-aralin ng mga mag- aaral na panonoorin nila sa bahay o maaari ring ipanood ang palabas na ito sa klase. Ipahambing ng guro ang mensahe ng palabas sa binasang parabula.

**Gawain 9.*Draw your Imagination:***

Pagpaparinig ng inirekord na mga pahayag ng iba't ibang mangangaral tungkol sa mabuti at marangal na pamumuhay habang nakapikit ang mag-aaral. Sasabihin ng guro na paganahin ang imahinasyon at unawaing mabuti ang pahayag upang mapulot ng mag-aaral ang mensahe at matukoy ang bisang pangkaisipan, pandamdamin at pangkaasalan. ( tiyakin ng guro na makakuha sa iba't ibang sekta ng relihiyon ng mga pahayag upang maiwasan ang diskriminasyon)

**Gawain 10.Natutuhan Ko…**

Aalamin ng guro ang naging kabisaan ng mensahe ng parabula sa pamamagitan ng pagdurugtong sa panimula ng pangungusap.

**Gawain b.5 Hawiin Natin Ang Ulap:**

Pagpapabasa ng isa pang parabula na hindi hango sa Banal na Kasulatan, "Parabula ng Banga". Pagpapasagot sa mga kaugnay na tanong sa binasang teksto. (Magbigay ng susog na tanong kung kinakailangan). Pagpapabuo ng kaisipan kung paano naiiba ang parabula sa iba pang akdang pampanitikan. (dapat maiugnay ng guro ang huling gawain para maipakilala ang pagtalakay sa gramatika)

**Gawain b.6 Gramatika/ Retorika:**

Pagpapakilala sa katuturan ng tayutay pati na ang mga uri nito. Tiyakin ng guro na bukod sa mga nakalagay na halimbawa ay hingan pa ng halimbawa ang mga mag-aaral.

DRAFT April 1, 2014

## Pagnilayan at Unawain

**Gawain 11. Magsaliksik Ka**

Ito ay pangkatang gawain na ang mga mag-aaral ay magsasaliksik kung ano ang kauna-unahang parabula ng kanlurang Asya. Tiyakin na maipaliwanag ng guro ang mga gabay na tanong at layunin sa pagsasagawa ng gawain.

**Gawain 12. Hawiin Natin Ang Ulap**

Pagpapabigay ng kaugnay na salita sa salitang **banga** at pagpapaliwanag sa ibinigay na sagot ng mga mag-aaral.

**Gawain 13. Mga Gabay na Tanong**

Ipasagot ang mga tanong tungkol sa binasang parabula.

**Gawain14.Pagsasanib ng Gramatika/Retorika**

Pagtalakay sa katuturan ng pagpapakahulugang semantika at kung paano ginagamit ito.

DRAFT

**Pagsasanay 1.**

Pagpapabigay ng iba't ibang kahulugan sa salitang ginamit sa dalawang parabula at pagpapagamit ng mga ito sa pangungusap.

**Pagsasanay 2.**

Pagpapahalintulad ng mga nakatalang salita sa iba pang bagay. Hingan ng paliwanag ang mga mag-aaral kung bakit dito inihalintulad ang mga bagay na ito.

April 1, 2014

**Pagsasanay 3.** Mag-isip-isip

Pagpapabuo ng pangungusap mula sa mga salita sa Pagsasanay 2 na nagpapakita ng magkaibang kahulugan.

1. ***Punto Por Punto:***

   Pagpapabuo ng kaisipan kung paano maisasabuhay ng mag-aaral ang mga aral/ mahahalagang kaisipang nakapaloob sa parabula. (Pokus na Tanong sa Panitikan)

2. ***Share Ko Lang…***

   Pagpapabahagi ng mga mag-aaral sa kanilang mga natutunan kung paano nila maipararating nang maayos ang kanilang iniisip, saloobin at damdamin sa kausap.

## Ilipat

Pagpapasulat ng isang paglalahad tungkol sa isang karaniwang bagay na maaaring hugutan ng magandang aral/ mahahalagang kaisipan. Ipapabasa ng guro ang sitwasyon sa mag-aaral. Ipapaliwanag din ang pamantayan sa pagsulat. Pagkatapos, itanong sa mga mag-aaral kung ano ang inaasahan sa kanila sa pagganap. Ipaliwanag ang *GRASPS*:

*G* - Makapulot ng aral mula sa isinulat na parabula
*R* - Guro sa Baitang 7
*A* - Mag-aaral ng Baitang 7
*S* - Pagsasayang ng papel ng mga mag-aaral para maipakita ang pagpapahalaga sa bagay na ito ay igagawan nila ito ng parabula
*P* - Makasulat ng isang parabula mula sa karaniwang bagay
*S* - Ang pamantayan ay:

| **Pamantayan** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| Masining | | | | | |
| Maayos at makatotohanan | | | | | |
| Maikli at mapanghikayat na pamagat | | | | | |
| Malikhain ang presentasyon | | | | | |
| **Kabuuang Marka** | | | | | |
| **Leyenda:**<br>Napakahusay- 16-20 Puntos<br>Mahusay- 11-15 Puntos<br>Mahusay-husay- 6-10 Puntos<br>Nagsisimula- 0-5 Puntos | | | | | |

DRAFT
April 1, 2014

**Aralin 3.3**

**A. Panitikan:** Elehiya sa Kamatayan ni Kuya
Elehiya – Bhutan
Isinalin sa Filipino ni Pat V. Villafuerte

**B. Gramatika/Retorika:** Pagpapasidhi ng Damdamin

**C. Uri ng Teksto:** Paglalarawan

**Deskripsyon ng Aralin 3**

Ang aralin ay naglalaman ng isa sa mga akdang kilala sa Kanlurang Asya. Isang akdang kakikitaan ng masidhing damdamin na tumatalakay sa labis na pagpapahalaga sa mahal sa buhay. Dito ay iba't ibang gawaing pampagkatuto ang isasakatuparan ng mag-aaral tungkol sa elehiya at gramatika.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa elehiya sa tulong ng teknolohiya upang maipahayag ang sariling damdamin at magamit nang wasto ang mga pahayag sa pagpapasidhi ng damdamin

**Pamantayan sa Pagganap:** Naihihimig ng may angkop na damdamin ng mag-aaral ang isinulat na sariling elehiya

**Paalala sa Guro**:

Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa kaniyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat domain ngunit tiyaking nakabatay pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at ang *genre* ng pantikan ay hindi maaaring palitan. Kung may iba pang teksto na maaaring gamitin sa pagtalakay ng aralin, maaaring gumamit ng ibang teksto. Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugang ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw o pag-aaral. Ngunit inaasahang malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nailalahad ang iba't ibang bisang pandamdamin, at pangkaisipan mula sa mga napakinggang pahayag |
| Pag-unawa sa Binasa | Napatutunayan na ang mga pangyayari sa parabula ay maaaring maganap sa kasalukuyan at sa tunay na buhay |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag na ginamit sa parabula |
| Panonood | Nasusuri ang mga pangyayari sa pinanood na dulang pantelebisyon na may pagkakahawig sa binasang parabula |
| Pagsasalita | Naisasalaysay ang sariling parabula tungkol sa karaniwang bagay sa paligid |
| Pagsulat | Naisusulat ang sariling parabula tungkol sa karaniwang bagay sa paligid |
| Gramatika/Retorika | Nagagamit ang tayutay sa pagsulat ng parabula |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nakukuha ang mga impormasyon mula pahayagan,magasin, panayam o *internet* |

**Tuklasin**

DRAFT
April 1, 2014

1. Ihahanda ng guro ang kamalayan ng mag-aaral sa mga tatalakaying aralin. Ipapasok na rito ang mga Pokus na Tanong.
2. Ilahad ang mga inaasahan sa kanila, ang pamantayang pangnilalaman at pamantayang pagganap, linawin din ang *rubric* sa pagganap. Bigyang-diindito ang isasakatuparan sa pagtatapos ng aralin.Binanggit lamang ito upang mabatid nila ang direksyong kanilang tutunguhin.
3. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga Gawain1 hanggang 4, tandaan na hindi kailangang maging wasto ang kanilang sagot at hindi rin sa bahaging ito tatalakayin ang aralin. Iwasan ang pagpapaliwanag. Ito ay magsisilbing gabay lamang sa guro kung ano ang eskima ng mga mag-aaral tungkol sa parabula at pagpapakahulugang semantika nang sa gayon batay sa kinalabasan ng panimulang pagtataya ay makapaghanda ng angkop ng mga estratehiya.
4. Kung maaari'y isagawa ang yugtong ito sa loob ng isang pag-aaral.

**Linangin**

**Gawain 3**. Ganyakin muna ang mga mag-aaral tungkol sa lugar ng pinanggalingan ng parabulang babasahin.

**Gawain 4**. Ipabasa ang parabula at ipakilala ang katuturan nito.

**Gawain 5.** Paglinang sa Talasalitaan

Pabigyang-kahulugan ang pahayag na ginamit sa parabula gamit ang diyagram.

**Gawain 6.** Sa Antas ng Iyong Pag-unawa

Pagpapasagot sa ibinigay na tanong kaugnay ng binasang parabula. (Maaari pang magbigay ng susog na tanong sa bawat kasagutan ng mag-aaral.)

**Gawain b.6 Gramatika/ Retorika:**

Pagpapakilala sa katuturan ng tayutay pati na ang mga uri nito. Tiyakin ng guro na bukod sa mga nakalagay na halimbawa ay hingan pa ng halimbawa ang mga mag-aaral.

**Gawain 7.** Sulat Ko, Isalaysay Ko

Sa tulong ng mga salitang binigyang kahulugan sa Gawain 5 ay magpabuo ng salaysay tungkol sa mensahe ng parabulang tatalakayin.

**Gawain 8.*Honest* Ka Ba?**

Maaaring ibigay itong takdang-aralin ng mga mag-aaral na panonoorin nila sa bahay o maaari ring ipanood ang palabas na ito sa klase. Ipahambing ng guro ang mensahe ng palabas sa binasang parabula.

**Gawain 9.** *Draw your Imagination*

Pagpaparinig ng inirekord na mga pahayag ng iba't ibang mangangaral tungkol sa mabuti at marangal na pamumuhay habang nakapikit ang mag-aaral. Sasabihin ng guro na paganahin ang imahinasyon at unawaing mabuti ang pahayag upang mapulot ng mag-aaral ang mensahe at matukoy ang bisang pangkaisipan, pandamdamin at pangkaasalan. (Tiyakin ng guro na makakuha sa iba't ibang sekta ng relihiyon ng mga pahayag upang maiwasan ang deskriminasyon)

**Gawain 10.Natutuhan Ko…**

Aalamin ng guro ang nagging kabisaan ng mensahe ng parabula sa pamamagitan ng pagdurugtong sa panimula ng pangungusap.

**Gawain b.5 Hawiin Natin Ang Ulap:**

Pagpapabasa ng isa pang parabula na hindi hango sa Banal na Kasulatan, "Parabula ng Banga". Pagpapasagot sa mga kaugnay na tanong sa binasang teksto.( Magbigay ng susog na tanong kung kinakailangan). Pagpapabuo ng kaisipan kung paano naiiba ang parabula sa iba pang akdang pampanitikan. (Dapat maiugnay ng guro ang huling gawain para maipakilala ang pagtalakay sa gramatika.

DRAFT
April 1, 2014

## Pagnilayan at Unawain

***Share Ko Lang…***

Pagpapapabahagi ng mga mag-aaral sa kanilang mga natutunan kung paano nila maipararating nang maayos ang kanilang iniisip, saloobin at damdamin sa kausap.

## Ilipat

Pagpapasulat ng isang paglalahad tungkol sa isang karaniwang bagay na maaaring hugutan ng magandang aral/ mahahalagang kaisipan. Ipapabasa ng guro ang sitwasyon sa mag-aaral. Ipapaliwanag din ang pamantayan sa pagsulat. Pagkatapos, itanong sa mga mag-aaral kung ano ang inaasahan sa kanila sa pagganap. Ihayag ang *GRASPS*:

*G*- Makapulot ng aral mula sa isinulat na parabula
*R*- Guro saBaitang 7
*A*- Mag-aaral ng Baitang 7
*S*- Pagsasayang ng papel ng mga mag-aaral kaya para maipakita ang pagpapahalaga sa bagay na ito ay igagawan nila ito ng parabula
*P*- Makasulat ng isang parabula mula sa karaniwang bagay
*S*- Ang pamantayan ay

| **Pamantayan** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| Masining | | | | | |
| Maayos at makatotohanan | | | | | |
| Maikli at mapanghikayat na pamagat | | | | | |
| Malikhain ang presentasyon | | | | | |
| **Kabuuang Marka** | | | | | |
| **Leyenda:**<br>Napakahusay- 16-20 Puntos<br>Mahusay- 11-15 Puntos<br>Mahusay-husay- 6-10 Puntos<br>Nagsisimula- 0-5 Puntos | | | | | |

DRAFT
April 1, 2014

- Bago sumulat ng parabula at magtanghal ang mag-aaral, magbigay ng input tungkol dito.

**PAG-USAPAN**

| |
|---|
| ☞ Kinakailangan na damhin ang papel na ginagampanan at tiyakin na ang lahat ng napag-aralan ay isinasagawa sa pagganap. |

DRAFT
April 1, 2014

**Aralin 3.4**

A. **Panitikan:** Usok at Salamin: AngTagapaglingkod at Ang Pinaglilingkuran
Sanaysay- Israel, ni Gordon Fillman
Isinalin sa Filipino ni Patrocinio V. Villafuerte

B. **Gramatika/Retorika:** Pamaksa at Pantulong na Pangungusap

C. **Uri ng Teksto:** Nangangatuwiran

**Deskripsyon ng Aralin**

Ang Aralin 3.4 ay tatalakay sa mga kultura, naiisip at nadarama ng mga taga-Timog-Kanlurang Asya sa pamamagitan ng isang sanaysay. Kasama sa pagtalakay nagagawin dito ay ang kahalagahan ng pamaksa at pantulong na pangungusap para makilala ang makatotohanan / di-makatotohanangargumento.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa sanaysay at paggamit ng pamaksa at pantulong na pangungusap upang mailahad ang sinasang-ayunan/di-sinasang-ayunang argumento tungkol sa ilang napapanahong isyu o paksa

**Pamantayang Pagganap:** Napangangatuwiranan ang sinasang-ayunan / di-sinasang-ayunang argumento tungkol sa ilang napapanahong isyu sa pamama-gitan ng pagtatalumpati

**Paalala sa Guro:**

Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya ay mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan sa pagtuturo na sa palagay niya ay angkop gamitin sakanyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyaking nakasandig pa rin sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansang pinagmulan ng akda at uri ng *genre* ng panitikan ay hindi maaaring palitan. Sa pagtalakay sa aralin ang teksto ng halimbawang ginamit ay maaaring palitan ng tulad din nito ng uri. Ang lahat ng mga kasanayan ay nalilinang lamang sa bawat sesyong itinakda rito.

DRAFT April 1, 2014

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **KasanayangPampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nababalangkas ang pangunahin at pantulong na kaisipan sa napakinggang talumpati |
| Pag-unawa sa Binasa | Nasusuri ang binasang sanaysay batay sa mga elementong paksa, tono at kaisipan |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabubuo ang salita batay sa pinagmulan nito (etimolohiya) |
| Panonood | Nasusuri ang paksa, tono at kaisipan ng dokyumentaryong palabas na pinanood |
| Pagsasalita | Napapangatuwiranan ang sinang-ayunan o di-sinasang-ayunan hinggil sa napapanahong isyu o paksa sa pamamagitan ng pagtatalumpati |
| Pagsulat | Naisusulat ang isang tekstong nangangatuwiran tungkol sa ilang napapanahong isyu o paksa |
| Gramatika/Retorika | Nagagamit ang mga pamaksa at pantulong na pangungusap sa pagbuo ng mga tekstong nangangatuwiran |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nasasaliksik ang kultura ng bansang Israel |

DRAFT

**Tuklasin**

April 1, 2014

1. Magpapakita ng *collage* rito na tumatalakay sa mga napapanahong isyu o paksa. Dito maaaring gumupit ng balita at idikit sa *manila paper* o isulat dito. Pagkatapos ipasagot ang hinihingi sa *graphic organizer*
2. Magpapanood ng alinmang dokyumentaryong palabas pagkatapos ipasasagot ang hinihingi sa *strands organizer* at sa gabay na tanong
3. Magpabasa ng isang sanaysay na tumatalakay sa isa sa mga napapanahong isyu o paksa sa ating bansa at muli gagamitin ang *strands organizer* para talakayin ang mga elemento na ginamit sa pagbuo ng sanaysay
4. Magpaskil ng mga kontrobersyal na isyu sa bansa talakayin ito sa pamamagitan ng *interview whip*. Narrito ang mga hakbang:
   a. Magtatanong ang guro tungkol sa isyu
   b. Tatlo o higit pang mag-aaral ang maaaring sumagot
   c. Mula sa naging sagot doon huhugot ng panibagong tanong na sasagutin naman ng ibang mag-aaral. Magpapatuloy ito hanggang mabuo ang inaasahan na konsepto na lilinangin

**Paalala:** Gagawin lang ito sa isang pag-aaral.

**Linangin**

1. Simulan ang aralin sa pagbabalita ng mga kaganapan sa bansang Israel; ito ang nagsisilbing pagganyak. Itatanong dito kung ano ang kalagayan ng taga-*Israel* batay sa napakinggang balita. Gamitin ang *Five Senses Says* (pandinig, panlasa, paningin, pang-amoy, panalat)
2. Pagkatapos ipababasa ang akdang "Usok at Salamin: Ang Tagapaglingkod at Pinaglilingkuran", gamit ang *reading team*. Kailangan sa estratehiyang ito may koordinasyon ang bawat isa. Ganito ang ayos.

| Akda | T1 | T2 | T3 | T4 | T5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Mag-aaral | M1 | M2 | M3 | M4 | M5 |

3. Balik-aralan ang uri, katangian, at bahagi ng sanaysay upang mataya ang mga kakailanganin pang kaalaman na ibibigay sa mag-aaral. Pagkatapos para higit na maunawaan ng mag-aaral ang alam mo ba ( elemento ng sanaysay ), tatalakayin ito ng buong klase
4. Bago ipasagot ang *graphic organizer sa* Paglinang ng Talasalitaan tatalakayin ang alam mo ba ( etimolohiya )
5. Pasasagutan sa mag-aaral ang *double entry data* na sumusuri sa elementong taglay ng sanaysay na binasa
6. Ang mga tanong sa antas ng iyong pang-unawa bilang 1, 3, 4, 6, 8, 9 ay maaaring talakayin ng isahan lamang samantalang ang bilang 2, 5, 7 ay maaaring sagutin sa pamamagitan ng pangkatan sa paraang koloboratibo
7. Para higit na mapahalagahan ang akdang binasa ilalahad ang kultura ng mga *Israeli* sa tulong ng *mural* sa mga larawang guhit nababasa ang buong konsepto.
8. Ipabasa ang isang tekstong nangangatuwiran na nasa anyong sanaysay na may pamagat na "Tilamsik ng Sining… Kapayapaan", na isinulat ni Magdalena Jocson. Maaaring ipabasa ito ng isahan o pangkatan sa klase. Isaalang-alang ang mga sumusunod bigkas, tinig, at tindig ng mag-aaral para higit itong kawili-wili sa lahat ng mga nakikinig
9. Ipasusuri ang elementong ginamit sa pagbuo ng sanaysay na binasa sa pamamagitan ng *semantic maping* kasunod nito ipasasagot ang mga gabay na tanong na may bilang 1 hanggang 7.
10. Bago talakayin ang alam mo ba sa Pagsasanib ng Gramatika / Retorika ipababalangkas ang sanaysay sa pamamagitan ng pagkilala sa pamaksa at pantulong na pangungusap
11. Ipababasa at ipaliliwanag sa mag-aaral ang alam mo ba para matiyak ang mga kaalamang dapat malinang sa kanila pagkatapos nito ipagagawa ang

DRAFT
April 1, 2014

pagsasanay 1 na susuri sa pamaksa at pantulong na pangungusap. Narito ang sagot.

1. Pamaksa – Sa K -12 magkakaroon ng mahabang panahon ang mag-aaral para matutuhan ang kanilang mga aralin.
2. Pantulong – Mas mapagtutuunan nila ng pansin ang pagpapaunlad sa sariling talento at abilidad. Hindi lamang ang kanilang kakayahang pang-akademiko ang kanilang matu-tutukan.


1. Pamaksa –Totoo ang mgakabataan ay aktibo, agresibo at puno ng ideyalismo.
2. Pantulong –Ang mabisang pundasyon ng edukasyon ang maglalagay sa kanilang isip at lakas sa wastong daan ng nasyonalismo. Ang bagong programa ng ating edukasyon ang magiging hulmahan ng kabataang Pilipino.

DRAFT
April 1, 2014

12. Paalala sa **Pagsasanay 2**, ang pantulong na pangungusap na ibibigay ng mag-aaral ay maaaring tanggapin hangga't nagpapakilala ito sa pamaksang pangungusap.
13. Sa **Pagsasanay 3,** ipababasa ang isa pang tekstong nangangatuwiran at ipahahanay ang pamaksa at pantulong na pangungusap sa bawat talataan maaaring gamitin dito ang *reading relay* kung saan ang mag-aaral mag-uunahan sa pagsasagawa ng kanilang Gawain.
14. Para malinang ang pakikinig ng mag-aaral, magpaparinig ng isang talumpati ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino buhat sa kaniyang SONA (*State of the Nation Address)*, ilang bahagi lamang ang gagamitin. Kung walang makukuhang talumpati ng Pangulo maaari itong palitan ng anumang uri ng talumpati na bibigkasin ng guro o isang mahusay na mag-aaral sa pagbigkas. Pagkatapos, ipababalangkas ang mga pamaksa at pantulong na pangungusap sa napakinggang talumpati.

**Pagnilayan at Unawain**

1. Ipabubuo ang konseptong ipinahahatid ng *graphic organizer* ang sagot dito kailangan tumutugon sa pokus na tanong sa panitikan at gramatika / retorika Kasunod ang *graphic organizer.*




**Paalala:** Tanggapin ang ibang paraan ng pagpapahayag hangga't ang diwa ng konsepto ay nanatili.

DRAFT
April 1, 2014

**Ilipat**

1. Pag-usapan ang kulturang *Israeli* na natuklasan sa sanaysay na binasa. (Ipasaliksik ang iba pang impormasyon para sa bansang *Israel*. Ipagamit ang ulat-balita )
2. Itanong sa mag-aaral kung ano-ano ang mga napapanahong isyu o paksa sa kanilang pamayanan. Gamitin ang *listing style* at pagkatapos iproseso ito sa tulong ng *brainstorming*
3. Ilalahad ang inaasahang pagganap sa mag-aaral ( pagtatalumpati ) bago magtalumpati ang mag-aaral, magbigay ng *input* tungkol dito.

**MGA DAPAT BIGYAN-PANSIN SA PAGTATALUMPATI**

1. **Tinig** – Kaugnay nito ang wastong pagbigkas, pagkontrol sa paghinga, pagtaas at pagbaba ng tinig, pagbibigay diin at wastong pagsasama-sama ng mga salita.
2. **Tindig** – Siguraduhing nakarelaks ang katawan at hindi naninigas. Tumayo nang maayos.
3. **Galaw** – Maging tiyak sa mga pagkilos. Mahalagang *timming*. Sikaping naaayon ang galaw sa nilalaman ng talumpating binibigkas. Tiyaking *synchronized* ang mga pagkilos sa sinasabi.
4. **Kumpas** – Maingat sa pagkumpas dahil bawat kumpas natin ay may ibig sabihin. Ginagamit ang kumpas upang mabigyang-diin ang pahayag na nais ilahad.

4. Ilahad ang inaasahang pagganap batay sa *GRASPS.*

Isa kang nominado para sa Gawad Ulirang Kabataan ng inyong pamayanan. Kinausap ka ng tagapamahala ng paligsahan at sinabi niyang kailangang may kakayahan kang magtalumpati para manalo ka. Layunin niya na mahikayat mo ang mga kabataan na makiisa sa kampanya sa pagsugpo ng bawal na gamot sa inyong lugar. Ayon sa kaniya dapat mong maipamalas ang:

a. Nilalaman ……………………………………………….40%
   - piyesa
   - pagbibigay-diin o damdamin

b. Tinig …………………………………………………… . 35%

c. Hikayat ………………………………………………..15%
   - Hikayat sa madla
   - Kakayahang pantanghalan
   - Kilos, galaw, kumpas
   - Ekspresyon ng mukha

d. Ugnayan sa tagapakinig ………………..……………….10%

**Kabuuan 100%**

5. Pagkatapos ng presentasyon magbibigay ng *feedback* ang guro at mag-aaral.

**Aralin 3.5**

A. **Panitikan**: Isang Libo't Isang Gabi (*Thousand and One Nights*)
Nobela- Saudi Arabia
Isinalin sa Ingles ni Richard Burton
Nirebisa ni Paul Brians
Isinalin sa Filipino ni Julieta U. Rivera

B. **Gramatika / Retorika**: Mga Pahayag na Nagbibigay ng Katuwiran sa Ginawi ng Tauhan

C. **Uri ng Teksto**: Nagsasalaysay

**Deskripsyon ng Aralin**

Ang Araling ito ay naglalaman ng mga konsepto tungkol sa nobela. Naglalahad ito ng isang nobela ng Saudi Arabia na pinamagatang "Isang Libo't Isang Gabi" na isinalin ni Julieta U. Rivera. Bahagi rin ng pagtalakay sa aralin na ito ang mga pahayag na nagbibigay ng katuwiran sa ginawi ng tauhan na makatutulong sa mag-aaral na gumawa nang maayos na sinopsis ng nobela.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nobela ng Saudi Arabia na bahagi ng Timog -Kanlurang Asya at nagagamit ang mga pahayag na nagbibigay ng katuwiran sa ginawi ng tauhan sa akda

**Pamantayan sa Pagganap:** Nakagagawa ng isang mahusay na sinopsis ng nobela mula sa mga akdang nabasa

**Paalala sa Guro:**

Ang lahat ng mga gawain at estratehiya sa gabay na ito ay pawang mga suhesyon lamang. Maaaring palitan ang teksto at gawain depende sa nakikitang pangangailangan ng mag-aaral subalit kailangang nakaangkla ito sa pamantayang pangnilalaman at pamantayang pagganap. Maaari ring palitan ng guro ang kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyakin lamang na nakabatay pa rin ito sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang bansa na pinagmulan ng teksto at *genre* ng panitikan ay maaari ring palitan. Maaari ring gumamit ng iba pang teksto na kaugnay ng aralin.

Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat domain ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw. Ngunit inaasahang malilinang ang lahat ng ito sa nakatalagang bilang ng sesyon.

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nahuhulaan ang maaaring mangyari sa akda batay sa ilang pangyayaring napakinggan |
| Pag-unawa sa Binasa | Nabibigyang katuwiran ang ginawi ng pangunahing tauhan sa akda |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang-kahulugan ang mga salita batay sa kontekstong gamit |
| Panonood | Napatutunayan ang kakaibang katangian ng nobela sa pamamagitan ng pagtalunton sa mga pangyayari at mga tunggaliang naganap dito |
| Pagsasalita | Nasusuri ang mga pahayag na nangangatuwiran sa ginawi ng mga tauhan sa akda |
| Pagsulat | Nakasusulat ng isang sinopsis ng nobela |
| Wika at Gramatika | Nagagamit nang wasto ang mga pahayag na ginagamit sa pangangatuwiran tungkol sa ginawi ng tauhan sa akda |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nakapagsasaliksik ng iba pang nobela gamit ang *internet* |

DRAFT
April 1, 2014

1. **PANIMULA AT MGA POKUS NA TANONG:** (Babasahin ng guro)

**Tuklasin**

Ipapagawa ng guro ang Panimulang Pagtataya.

**GAWAIN 1**. *Scrambled Letter*, Gawing *Better*

Pasasagutan ng guro ang mga larawan na mapagkikilanlan ng bansang Saudi Arabia. Aayusin ng mga mag-aaral ang di nakaayos na titik upang mabuo ang katawagan.

**GAWAIN 2.**Pamagat, Isulat sa Pabalat

Magbibigay ang mga mag-aaral ng limang nobela na nabasa na gawa sa Pilipinas o  sa ibang bansa. Guguhit ang mga mag-aaral.

**GAWAIN 3**.Hinuha*KO*nek

Magbibigay ng hinuha ang mga mag-aaral sa pamagat ng akda. Isusulat sa sagutang papel.

## Linangin

Babasahin ng guro ang teksto, o maaari ring ipabasa sa mag-aaral bago dumating ang araw ng pagtalakay.

**GAWAIN 4.**Pasagutan ang Paglinang ng Talasalitaan

Hahanapin sa hanay B ang kahulugan ng salitang nasa Hanay A. Isusulat ang titik ng tamang sagot.

DRAFT
April 1, 2014

**GAWAIN 5.** Manindigan sa Katuwiran

1. Tama ba ang ginawi ng pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Kung ikaw ang bidang babae sa nobela, gagawin mo rin ba ang ginawa niya para mapalaya ang mahal mo sa buhay?
3. Ano ang gagawin mo sakaling mangyari sa iyo ang katulad ng pangyayari sa akda?
4. Anong mga positibong katangian ang ipinakita ng babae sa nobela?
5. Sa Saudi Arabia, kinikilala ang mga babae bilang mahina at sunod-sunuran sa mga lalaki, paano pinatunayan ng babae sa nobela na siya ay malakas at kayang  magtanggol ng kanyang sarili sa kamay ng mga mapagsamantala?

**GAWAIN 6**. Pagsusuri sa kalakasan at kahinaan ng akda

1. Aling bahagi ng akda ang makatotohanan?di makatotohan? Bakit?
2. Aling bahagi ng akda ang iyong nagustuhan, di nagustuhan, bakit?
3. Naging makabuluhan ba ang nobela sa Iyo? Paano?

Tatalakayin ang **Alam mo ba…**

Babasahin ang sinopsis ng "Isang Libo't Isang Gabi" na isinalin sa Filipino ni Julieta U. Rivera.

Isasanib ang gramatika/retorika

1. Babasahin ang isa pang teksto na may pamagat na "Mga Patak Ng Luha" na isinulat ni Julieta U. Rivera

**GAWAIN 7.** Katuwiran, Panindigan

**PAG-ARALAN MO!**

Katuturan ng Pangangatuwiran, Dahilan ng pangangatuwiran, Kasanayan nalilinang sa pangangatuwiran at Uri ng Pangangatuwiran

**Pagnilayan at Unawain**

Gagawa ang mga mag-aaral ng sinopsis ng nobela o pelikulang napanood gamit ang modelo ng sinopsis ng "Isang Libo't Isang Gabi".

**Ilipat**

Ipagpalagay mong isa kang nobelista. Magkakaroon ng patimpalak ang mga *Writer's Guild sa Pilipinas*. Pararangalan ng *Carlos Palanca Memorial Awards for Literature* ang may pinakamahusay na nobela. Para makahabol ka sa itinakdang araw ng pagsusumite, iminungkahi na ipasa muna ang sinopsis ng nobelang iyong isusulat. Tatayain ang inyong pagganap batay sa sumusunod na pamantayan: a) maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa akda b) pagiging makatotohanan ng mga tauhan, at c) kaangkupan ng tagpuan.

DRAFT
April 1, 2014

**Aralin 3.6**

**DISKRIPSYON NG ARALIN 6**

Ang **Aralin 6** ay tatalakay sa mga kultura, paniniwala, saloobin at pamumuhay ng mga taga-Asya sa pamamagitan ng pagtatanghal ng *movie trailer making.* Gayundin nakapaloob dito ang mga elemento at hakbang sa pagbuo ng *movie trailer*

**PAMANTAYANG PANGNILALAMAN:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pagbuo ng *movie trailer* ng mga akdang pampanitikan ng Asya

**PAMANTAYANG PAGGANAP:** Masining na naitatanghal ng mag-aaral ang kulturang Asya sa pamamagitan ng pagbuo ng *movie trailer*

**Paalala sa Guro:** Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya ay mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaraan sa pagtuturo na sa palagay niya ay angkop gamitin sa kanyang klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat *domain* ngunit tiyaking nakasandig pa rin ito sa pagtamo ng bawat pamantayan. Ang tanong ay maaaring baguhin subalit tiyaking lilinang pa rin ito sa kasanayang inaasahang matamo ng mag-aaral. Ang lahat ng mga kasanayan ay nililinang lamang sa bawat sesyong itinakda rito.

DRAFT
April 1, 2014

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT *DOMAIN***

| ***Domain*** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | Naipadarama ang pagmamalaki sa pagiging Asyano dahil sa mga pahayag na napakinggan |
| Pagunawa sa Binasa | Naipagmamalaki ang kulturang Asyano bunga ng mga nabasang akdang pampanitikan |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang kahulugan ang mga salitang may kaugnay sa kultura sa pamamagitan ng *word association* |
| Panonood | Nailalahad ang mga mungkahi sa napanood na pagtatanghal |
| Pagsasalita | Naitatanghal ang kulturang Asyano na masasalamin sa napiling akdang pampanitikang Asyano |
| Pagsulat | Nabubuo ang plano/balangkas ng isasagawang pagtatanghal ng kulturang Asyano na masasalamin sa napiling akdang pampanitikan |
| Gramatika/Retorika | Nagagamit nang wasto ang wikang Filipino sa pagtatanghal ng kulturang Asyano na masasalamin sa napiling akdang pampanitikan |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nasasaliksik ang mga kulturang nakapaloob sa alinmang akdang pampanitikan ng Asya |

## Tuklasin

- Simulang tatalakayin ang bagong aralin sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagganyak sa tanong na: “Ano ang pakahulugan mo sa *movie trailer”.* Ang lahat ng sagot ay tatanggapin at *ipopost* sa pisara. Babalikan ito kapag natapos na ang gagawin.
- Ipagagawa ang a.1 at a.1.1 para mabatid ng guro kung ano ang kaalaman ng mag-aaral sa bagong aralin.
- Sa gawain a.2 matataya dito ang mag-aaral na maaaring gumanap sa pagtatanghal na gawain.
- Pagbigayin ang mag-aaral ng mga kilalang linya ng mga artista. Kailangang magaya nila ang deliberasyon nito na titiyak sa kung sino ang may angking kakayahan sa pagganap.


**PAALALA:** Gagawin lang ito sa loob ng isang sesyon.

## Linangin

DRAFT
April 1, 2014

- Pumili ng isang *movie trailer* na ipapanood sa mag-aaral. Ipasagot ang sumusunod na tanong:
  - **a.** Ano ang tema ng palabas? Ibigay ang bahaging tumutukoy dito.
  - **b.** Anong kultura ng bansa nila ang nasasalamin mo?

(Maaari itong igawa ng dayagram para mabuo ang konseptong nililinang.)




- Ipasaliksik at ipaulat sa mag-aaral ang mga elemento at paraan ng paggawa ng *movie trailer* para maging magaan ang talakayan sa bahaging **Alam mo ba**.
- Bukod sa gawain sa LMs, magbigay pa ng karagdagang pagsasanay. Maaaring magpakita at ipatukoy ang iba’t ibang anggulo ng kuhang larawan sa mag-aaral. Gayundin para maging ganap ang pagsasanay, pakuha ng iba’t ibang anggulo sa mag-aaral.
  (**Paalala:** Isa lang bawat mag-aaral kung walang *digital camera*, ang *cellphone* ay magagamit din).

- Para mapalalim ang kaalaman ng mag-aaral, papiliin sila ng akdang itatanghal na gagawing *movie traile* (kolaboratibong Gawain).

  Pangkat 1 – Pamagat
  Pangkat 2 – Tunog
  Pangkat 3 – *Story Board*
  Pangkat 4 – Wakas

  (Maaaring gamiting sanggunian ang mga aklat na Pluma at Hulip.)

**Pagnilayan at Unawain**

Ano ang *movie trailer making?* Nasagot na ito kanina, ipababasa ng tahimik sa mag-aaral ang naging sagot nila. Sasabihin ng mag-aaral kung ang sagot nila'y malapit o tama sa araling tinalakay para mataya kung ano ang natutuhan nila sa pag-aaral na ito.

- Ipabigay sa mag-aaral ang hinihingi sa bawat kuwadrado sa nabuong konsepto.

**Ilipat**

DRAFT

1. Isa-isahin ang kultura ng bansang *India, Bhutan, Lebanon, Israel, Saudi Arabia.* Itanghal ito sa klase.
2. Sasabihin sa mag-aaral na magtatanghal sila sa pamamagitan ng *movie trailer.* Ito ang inaasahang pagganap. Dalawang minuto lang ito. Ilalahad ang *GRASPS.*

   *G* – Makapagtatanghal ng isang *movie trailer* na sasalamin sa kultura ng Asya
   *R* – Bagong direktor
   *A* – Samahan ng *Academy of West Asia*
   *S* – Makapaghubog ng mga mahuhusay na direktor na ipanlalaban sa *World Movie Trailer Making Contest.*
   *P* – Magtatanghal ng *movie trailer* ng isang bansa sa Asya.
   *S* – Narito ang pamantayan:

April 1, 2014

| Pamantayan | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| Kahusayan sa Pagganap | | | | | |
| Orihinalidad ng Iskrip | | | | | |
| Sinematograpiya | | | | | |
| *Sound Effects* | | | | | |
| *Editing* | | | | | |
| Kasuotan | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Kabuuang Marka | | | | | |

**Leyenda:**

| | |
|---|---|
| Napakahusay | - 26 – 30 Puntos |
| Mahusay | - 21 – 25 Puntos |
| Di – gaanong mahusay | - 16 – 20 Puntos |
| Baguhan | - 0 – 5 Puntos |

3. Bago gumawa ng *movie trailer,* balik-aralan ang alam mo ba kaugnay nito.
4. Ipasaliksik sa mag-aaral ang *Different Camera Works* ni *Curtis Brown John.* Makatutulong ito sa inaasahang pagganap.
5. Magbigay ng *feedback.*

## PAGNILAYAN AT UNAWAIN PARA SA MODYUL 3

DRAFT
April 1, 2014

Magbasa… Magbasa… Magbasa… sa pagbabasa matututo ka. Tama pamamagitan ang sawikang ito dahil walang gintong kutsara na pinagsusubuan ng karunungan. Sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan tulad ng epiko ng India, .parabula ng Timog Kanluran, elehiya ng Bhuttan, sanaysay ng Israel at nobela ng Saudi Arabia ay mauunawaan mo ang kanilang kultura, tradisyon at paniniwala, at parang nalakbay mo na rin ang mga bansang nabanggit.

Nakamit na ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mag-aaral sa kultura, tradisyon at paniniwala ng mga bansa sa Timog Kanluran ay maaaring maipamalas sa pamamagitan ng pagbuo at pagtatanghal ng TV / movie trailer. Sa pamamagitan nito maipapakita ng mag-aaral kung paano naiiba ang mga akdang pampanitikan sa Timog Kanlurang Asya sa iba pang mga bansa sa Asya? Gayundin kung paano nakatulong ang mga kaalaman sa wika at retorika para higit maunawaan ang iba't ibang kultura sa Kanlurang Asya?

Dito tatayain ang iyong movie trailer sa pamamagitan ng sumusunod: iskrip (kaangkupan sa tema at orihinalidad) at pagpapalabas (screenplay / tagpuan, sinematograpiya, teknikal produksyon, tunog o musika, hikayat sa madla.

## ILIPAT PARA SA MODYUL 3

**GAWAIN 1**

Ilahad ang kultura ng mga bansa sa Timog Kanlurang Asya sa tulong ng *Rays Mapping*. Sipiin ito sa iyong sagutang papel.

**GAWAIN 2**

Bigkasin nang may damdamin ang sumusunod na pahayag buhat sa mga akdang pampanitikan ng Timog Kanlurang Asya.

**GAWAIN 3**

Manood ng isang movie trailer mula sa alinmang bansa sa Timog Kanlurang Asya.

## IV. Pangwakas na Pagtataya para sa Modyul 3

DRAFT
April 1, 2014

1. Ginagamit ito kung ang dalawang pinaghahambing ay may patas na katangian.

    A. komparatibo C. pasahol
    B. palamang d. D. di magkatulad

2. May mahigit na katangian ang pinaghahambingan sa bagay na inihahambing.

    A. pahambing na komparatibo C. pahambing na pasahol
    B. pahambing na palamang D.pahambing na pasahol

3. Ito ay makatotohanang pangyayaring naganap noong panahon ni Hesus batay sa nakasaad sa Banal na Aklat.

    A. pabula B. parabula C. nobela D.epiko

4. Ito ay pagbibigay- kahulugan sa salita bukod pa sa literal na kahulugan nito. Ito ay nakabatay kung paano ginamit ang salita sa pangungusap.

    A.pagpapakahulugang semantika
    B. pagpapakahulugang gramatika
    C.pagpapakahulugang retorika
    D.pagpapakahulugang ponemiko

5. Ito ay isang tulang liriko na naglalarawan ng pagbubulay-bulay o guniguni na nagpapakita ng masidhing damdamin patungkol sa alaala ng isang mahal sa buhay.

A. pasalaysay B. pangkalikasan C. elehiya D.tulang oda

6. Elemento ng sanaysay na pinag-uugatan ng anumang uri ng diskurso. Karaniwan itong sumasagot sa tanong na "tungkol saan ang akda?" Ito ang pinakapayak na antas ng mga pinag-uusapan. Ito rin ang sentro ng ideya ng buong akda.

A. tono B.paksa C.kaisipan D.ideya

7. Ito ay ang saloobin ng may-akda sa paksa. Sa pamamagitan ng mga espesipikong wika na ginamit ng may-akda, mababatid kung sino ang target na mambabasa.

A. tono B.kaisipan C. paksa D.ideya

8. Nakapaloob dito ang nais iparating ng manunulat sa mga mambabasa, dito umiinog ang malilit na himaymay ng akda. Maaaring ito ay hindi tuwirang binabanggit kundi ginagamitan ng pahiwatig ng may-akda para mailahad ito.

D. tono B. kaisipan C.paksa D.ideya

DRAFT
April 1, 2014

9. Ito ay isang maikling buod ng isang paksa.Nasa anyong patalata at hindi sa anyong pabalangkas. Buod ito subalit malaman. Karaniwang ginagamit ito na panimula sa mga akdang pampanitikan para maipakita ang pangunahing daloy ng banghay sa simpleng pamamaraan.Ginagamit din ito sa nobela sa pamamagitan pagpapaikli ng buong nobela mula sa simula hanggang sa wakas. Gayundin ginagamit ito sa manuskrito at sa anumang aklat.

A. kakalasan B.kasukdulan C.sinopsis D. wakas ng nobela

10. Ang sumusunod ay mga dahilan ng Pangangatuwiran. Alin ang hindi?

A. Upang mabigyang - linaw ang isang mahalagang usapin o isyu.

B. Maipagtanggol ang sarili sa mali o masamang propaganda laban sa kanya.

C. Makapagbahagi ng kanyang kaalaman sa ibang tao;

D. makapagpa impress ng sarili

11. Ito ay isang papapahayag na nagbibigay ng sapat na katibayan o patunay upang ang isang panukala ay maging katanggap - tanggap o kapani-paniwala. Layunin nito na hikayatin ang mga tagapakinig na tanggapin ang kawastuhan ang kanilang pananalig o paniniwala sa pamamagitan ng makatuwirang pagpapahayag. (- Paquito Badayos)

A. pagtatalo B. pangangatuwiran C.debate D. panghihikayat

12. Ang nobelang Isang Libo't Isang Gabi ay isang orihinal na akda mula sa bansang:

A. Bhutan B. Singapore C. Saudi Arabia D. Israel

13. Isang Akdang pampanitikan na nahahati sa mga kabanata at may mga kawing-kawing na mga pangyayari.

A. maikling kuwento B. epiko C. parabula D. Nobela

14. Isang uri ng tulang pasalaysay na naglalarawan ng kabayanihan at katapangan ng pangunahing tauhan. Inilalarawan din ang kaniyang pakikipagsapalarang pinagdaanan at binibigyang diin ang katangiang supernatural ng tauhan. Nagtataglay siya ng pambihirang lakas na hindi kapani- paniwala.

A. elehiya B. epiko C. awit D. himno

15. Isang lalaking mahilig maglakbay sa buong mundo ang kaniyang napangasawa.Dahilan ito upang siya ay malungkot. Umibig siya sa isang guwapong lalaking mas bata sa kaniya. Ang pahayag sa itaas ay bahagi ng sinopsis ng nobela. Maaari itong:

A. simula B. gitna C. kakalasan D. wakas

16. Nang makita nila ang kanilang mga hitsura at pananamit, nagtawanan na lamang sila. Lumabas sila ng bahay na tinatakpan ang kanilang mga mukha upang di makilala at makaiwas sa tsismis ng mga kapitbahay. Ang pahayag sa itaas ay bahagi ng _____ng isang kuwento.

A. simula B.w akas C.gitna D. tunggalian

17. "Kailangang makasama ka, kung hindi mapag-iiwanan ka." Ano ang layunin ng nagsasalita?

A. nanghihikayat B. nagpapaliwanag C. nagtuturo D. nang-aaliw

DRAFT
April 1, 2014

**Para sa Blg. 18-20**

| |
|---|
| Tahimik akong nakaupong nag-iisa sa isang gilid na kinagawiang kong likmuan sa pagsusulat. Sa gilid ng isang mesang may katamtaman ang laki, sapat lamang na mailapag ko ang aking mga kakailanganing gamit sa panonood. Hindi ko napigilan ng aking sarili isang gabing hindi ako makatulog.Ako ay umiyak. Malakas noon ang buhos ng ulan ngunit wala namang masabing may masamang namumuong panahon. Wala namang mapakinggang anunsyo sa telebisyon o radio.Nakipagsabayan sa malakas na patak ng ulan ang masaganang pag-agos ng aking luha habang pinanonood ko si Ishaan.Siya ang bida sa aking puso… at si titser…Napukaw agad ang aking interes sa pinanonood kong pelikula. Dala marahil ng pagiging guro ko, nakarelate ako habang ninanamnam ang bawat eksena. Sa una'y mas tamang sabihing dahil ako'y isang guro. Tama. Isa akong guro… at isa rin akong magulang. |

18. Anong uri ito ng teksto?

A. Nagsasaysay B.naglalarawan C. naglalahad D. nangangatuwiran

19. Ano ang tono ng teksto?

A. naiinis B. nagagalit C. nakauunawa D. nahahabag

20. Ang tekstong ito ay nagmula sa akdang:

A. isang Libo't Isang gabi
B. Tilamsik ng Sining …. Kapayapaan
C. Mga patak ng Luha
D. Hindi Ako magiging Adik

DRAFT
April 1, 2014

21. Ang nobelang" Isang Libo't Isang Gabi "ay isinulat sa Ingles ni Richard Burton at nirebisa ni Paul Brians. Isinalin naman ito sa Filipino ni:

A. Vilma C. Ambat
B. Mary Grace A.Tabora
C. Jocelyn C.Trinidad
D. Julieta U. Rivera

22. Ang Talinghaga Tungkol sa May –ari ng Ubasan ay nagmula sa Bagong Tipan ng Bibliya. Ito ay mula sa Ebanghelyo ni:

A. Mateo 20: 1-16 B. Lucas 15:11 C. Juan 14:6 D. Mateo 21:1-15

23. "Huwag mong kalilimutang ikaw ay isang bangang gawa sa lupa," ang tagubilin ng Inang Banga sa kaniyang anak. " Tandaan mo ito sa buong buhay mo." Ito ay hinago sa parabola ng:

A. Parabula ng Banga
B. Talinhaga ng Butil ng Mustasa
C. Parabula ng Isang Lapis
D. Alibughang Anak

24. Lalong maunlad ang ang Saudi Arabya sa India. Ang salitang **lalo** ay salitang naghahambing sa paraang:

A. magkatulad B. komparatibo C. palamang D. pahambing

25-35. Sumulat ng isang Sanaysay sa alinmang bansa sa Timog Kanlurang Asya tungkol sa kanilang kaunlaran.

SUSI SA PAGWAWASTO para sa **Pangwakas na Pagtataya**

1. A
2. B
3. B
4. A
5. C
6. B
7. A
8. B
9. C
10. D
11. B
12. C
13. D
14. B
15. A
16. B
17. A
18. B
19. C
20. B
21. D
22. A
23. A
24. A

DRAFT
April 1, 2014

# MODYUL 4

DRAFT
April 1, 2014

## NOLI ME TANGERE

**I. Panimula**

Ang Noli Me Tangere ay isang akdang pinakamakasaysayan at pinakamaimpluwensiya para sa Pilipinas. Ito ay nagtataglay ng makatotohanang pangyayaring gumising sa kamalayan ng mga Pilipino sa kawalang katarungan, pagmamalupit at pang-aalipin ng mga kastilang sumakop sa ating bansa. Nakatutulong ang nobelang ito para sa pagharap ng bansa sa mga suliraning panlipunan sa panahong ito. Inaasahan ang nobelang ito ay makatutulong hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa mga guro para sa kanilang kinabukasan.

**Aralin 1**: Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere
**Aralin 2**: Ang Mahahalagang Tauhan ng Noli Me Tangere
**Aralin 3**: Mahahalagang Pangyayari sa Mahahalagang Tauhan ng Noli Me Tangere

A. Crisostomo Ibarra
B. Elias
C. Maria Clara
D. Sisa

DRAFT

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa nilalaman at mahahalagang kaisipang nakapaloob sa **Noli Me Tangere**

**Pamantayan sa Pagganap:** Nakapagsasagawa ang mga mag-aaral ng pagtatanghal ng dulang panteatro tungkol sa ilang isyung panglipunan sa kasalukuyan

Ang pagtatanghal ay maaaring tayain batay sa pamantayan, kaayusan ng tanghalan, kaangkupan ng props, ilaw, kostume, pag-arte ng mga tauhan, kaangkupan ng musika/tunog, naiparating sa manonood ang paksang nakapaloob sa dula.

**Mahahalagang Tanong para sa Buong Markahan**

1. Paano naging katanggap-tanggap ang mga solusyong iminungkahi ni Rizal sa paglutas ng mga suliraning panlipunan ng bansa sa panahon ng Espanyol?
2. Bakit naihahanay ang Noi Me Tangere sa mga klasikong babasahin?

**Gawain:** Magsasaliksik ang mga mag-aaral ng mga sagot sa **Mahahalagang Tanong**

**Paalaala sa Guro:** Ang matutunghayang mga gawain at estratehiya sa gabay na ito ay pawang mga mungkahi lamang. Malaya ang guro sa paggamit ng iba pang mga pamamaaan na sa tingin niya ay angkop gamitin sa klase. Maaaring palitan ng guro ang mga kasanayan sa bawat **Domain** ngunit tiyakin na nakabatay parin sa pagtamo ng bawat pamantayan.

Ang mga kasanayang pampagkatuto sa bawat *domain* ay malilinang sa pamamagitan ng mga gawaing magaganap sa loob ng klase. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat na kasanayan ay lilinangin sa loob ng isang araw na pag-aaral. Ngunit inaasahan na malilinang ang mga kasanayang ito sa loob ng nakatalagang bilang ng sesyon.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto sa Bawat *Domain*:**

| **Aralin 1** | **Blg. ng sesyon:** 4 |
|---|---|
| Pagkaunawa sa Napakinggan | Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:<br>• pagtukoy sa layunin ng may akda sa pagsulat nito<br>• pagtukoy sa mga kondisyon sa panahong isinulat ito<br>• pagpapatunay sa pag-iral ng mga kondisyong ito sa kabuuan o ilang bahagi akda |
| Pag-unawa sa Binasa | Nailalarawan ang mga kondisyon sa panahong isinulat ang akda at ang epekto nito pagkara-ang maisulat hanggang sa kasalukuyan |
| Paglinang ng Talasalitaan | Naibibigay ang di-lantad na kahulugan sa pamamagitan ng:<br>• halimbawa<br>• paliwanag<br>• pag-ugnay sa sariling karanasan |
| Panonood | Napatunayan na ang akda ay akda ay may pagkakatulad/ pagkakaiba sa ilang katulad na telenobelang napanood |
| Pagsasalita | Nailalahad sa pamamagitan ng pangkatang gawain ang mga nalikom na datos sa pananaliksik |
| Pagsulat | Naisusulat ang sariling kongklusyon, pananaw, pagbabago sa sarili at bisa ng akda di lamang para sa sarili kundi para sa nakararami |
| Estratehiya sa Pananaliksik | Nasasaliksik ang mga pagkukunan ng impormasyon upang mapagtibay ang paninindigan at makabuo ng kongklusyon at rekomendasyon |

DRAFT April 1, 2014

| | |
|---|---|
| **Aralin 2** | **Blg. ng Sesyon:** 4 |
| Pagkaunawa sa Napakinggan | Nakikilala ang mga tauhan ng nobela batay sa napakinggang pahayag ng bawat isa |
| Pag-unawa sa Binasa | Mga nilalarawan ang mga katangian ng bawat tauhan at ang kahalagahan ng bawat isa sa nobela |
| Paglinang ng Talasalitaan | Nabibigyang kahulugan ang matatalinghagang pahayag |
| Panonood | Nabibigyang hinuha ang maaring maging wakas ng buhay ng bawat tauhan batay sa napanood na *parade of characters* |
| Pagsasalita | Naisasatao ang mga tauhan |
| Pagsulat | Naisusulat ang paglala rawan ng piling tauhan kung babaguhin ang kanilang katangian |
| **Aralin 3:A (Si Ibarra)** | **Blg. ng sesyon:** 8 |
| Pagkaunawa sa Napakinggan | Naibabahagi ang sariling damdamin batay sa pangyayaring naganap sa buhay ng tauhan |
| Pag-unawa sa Binasa | Nailalahad ang sariling pananaw sa kapangyarihan ng pag-ibig sa magulang, sa kasintahan, sa kapuwa at sa bayan |
| Paglinang ng Talasalitaan | Napapangkat ang mga salita ayon sa antas ng paggamit o pormalidad ng gamit nito (*level of formality*) |
| Panonood | Naiuugnay ang mga pangyayari sa akda sa tunay na kalagayan ng lipunan noon at sa kasalukuyan |
| Pagsasalita | Naitatanghal ang mga tunggaliang naganap sa tauhan sa pamamagitan ng *mock trial* |
| Pagsulat | Naisusulat ang pagbaba-gong naganap sa sarili matapos mabasa ang akda |
| **Aralin 3:B (Maria Clara)** | **Blg. ng sesyon:** 8 |
| Pagkaunawa sa napakinggan | Naibabahagi ang sariling damdamin sa naging kapalaran ng tauhan sa akda at ang pag-unawa sa damdamin ng tauhan sa napakinggang awit |
| Pag-unawa sa Binasa | Nailalahad ang sariling interpretasyon tungkol sa pag-ibig |
| Paglinang ng Talasalitaan | Naipaliliwanag ang iba't-ibang paraan sa pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa |
| Panonood | Nasusuri ang pinanood na dulang pagtatanghal na naka-*video clip* ng binasang nobela at ang komplikasyon nito |

DRAFT April 1, 2014

| | |
|---|---|
| | sa sarili, pamilya, panlipunan at pambansa sa kaligirang Asyano |
| Pagsasalita | Naitatanghal ang dulang panteatro tungkol sa ilang napapanahong isyung pangkababaihan sa kasalukuyan |
| Pagsulat | Naipapahayag kung paa-no nakatulong ang karanasan ng tauhan upang mabago ang sarili sa mas mabuting katangian |
| **Aralin 3:C (Elias)** | **Blg. ng sesyon:** 8 |
| Pagkaunawa sa Napakinggan | Natitiyak ang mga bahagi ng pagiging makatotohanan ng akdang napakinggan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ilang pangyayari sa kasalukuyan |
| Pag-unawa sa Binasa | Napapaliwanag ang mga kaugaliang binaggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman ng kuturang Asyano |
| Paglinang ng Talasalitaan | Naipaliliwanag ang ibat-ibang paraan sa pagbibigay pahiwatig sa kahalagahan ng salita sa sitwasyong pinaggagamitan nito |
| Panonood | Naialahad ang mga hinaing ng tauhan na siya ring hinaing ng mamamayan sa kasalukuyan |
| Pagsasalita | Nakikibahagi sa pagtata-ngahal ng dulang panteatro tungkol sa ilang napapanahong isyu sa kasalukuyan |
| Pagsulat | Naisusulat ang ginawang pagsusuri kung ang pahayag ay nagbibigay ng opinyon o nagpapahayag ng damdamin |
| **Arali3:D (Sisa)** | **Blg. ng sesyon:** 8 |
| Pagkaunawa sa Napakinggan | Naibabahagi ang sariling damdamin batay sa napakinggang naging kapalaran ng tauhan sa nobela, at sa kakilalang may pagkakatulad ng nangyari sa tauhan |
| Pag-unawa sa Binasa | Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa aralin gaya ng pamamalakad ng pama-halaan, paniniwala sa Diyos, kalupitan sa kapwa, kayamanan at kahirapan |
| Pagsasalita | Naitatanghal ang *Scenario Building* tungkol kay Sisa sa makabagong panahon |
| Pagsulat | Napatutunayan ang kahalagahan ng pagtupad sa tungkulin ng isang ina at isang anak sa pamamagitan ng pagsulat ng paglalahad |

DRAFT
April 1, 2014

**II. Panimulang Pagtataya**

Pangkalahatang Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang letra ng pinakatamang sagot sa iyong sagutang papel.

A. Piliin ang tamang sagot sa bawat bilang.

1. Ang Noli Me Tangere ay halimbawa ng nobelang:
   A. pampolitika
   B. panrelihiyon
   C. panlipunan
   D. pampamilya

2. Ang sagisag ni Rizal sa panulat ay:
   A. Laong-laan
   B. Lola Basyang
   C. Basang Sisiw
   D. Pepeng Agimat

3. Ang Noli Me Tangere ay inialay sa:
   A. GOMBURZA
   B. kasintahan
   C. pamilya
   D. Inang Bayan

4. Ang huling pag-ibig ni Rizal ay si:
   A. Leonor Rivera
   B. Segunda Katigbak
   C. Josephine Brachen
   D. Maria Clara

5. Ang tulang isinulat ni Rizal sa edad na walo ay:
   A. Sa Aking mga Kabata
   B. Ang Pag-ibig
   C. Inang Wika
   D. Ang Batang Gamugamo

DRAFT
April 1, 2014

6. Ang nagpahiram ng pera kay Rizal para maipalimbag ang nobelang Noli Me Tangere.
   A. Paciano Rizal
   B. Ferdinand Blumentrit
   C. Maximo Viola
   D. Valentin Ventura

7. Naging inspirasyon ni Rizal sa pagsulat ng nobelang Noli Me Tangere.
   A. *The Roots*
   B. *Iliad and Odyssey*
   C. *Ebony and Ivory*
   D. *Uncle Tom's Cabin*

8. Sakit ng lipunan na tinutukoy ni Rizal sa nobelang Noli Me Tangere.
   A. *HIV*
   B. Kanser
   C. Dengue
   D. Tuberculosis

DRAFT

9. Ang salitang panlibak ng mga Espanyol sa mga Pilipino ay:
   A. mangmang
   B. tamad
   C. erehe
   D. indiyo

April 1, 2014

B. Isulat ang titik S kung sanhi, at B kung Bunga ang sumusunod.

10. ____ Nakatulog ang marami sa mahabang sermon ni Padre Damaso.
11. ____ Pinasaringan ni Padre Damaso si Ibarra at ang ama nito.
12. ____ Palagi na lamang umiiyak si Maria Clara at di pinakikinggan ang pag-alo ng kaniyang ate.
13. ____ Naging iskomulgado si Ibarra
14. ____ Namundok si Tandang Pablo.

C. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari. Isulat ang **A – E**.

15. Hinimok ni Elias si Kapitan Pablo na sumama sa kaniya.
16. May dumating na telegrama para kay Kapitan Tiago tungkol sa pagdating ng kapitan heneral.
17. Nakipagkita si Elias kay Ibarra upang ipaliwanag ang nangyari

sa paghuhugos.

18. Nagbigay ng kani-kaniyang opinyon ang mga tao sa nangyari kay Ibarra at Padre Damaso.
19. Bumagsak ang panghugos na ginawa ng taong madilaw.

D. Piliin ang tamang sagot batay sa sumusunod na pahayag.

| |
|---|
| "Mamamatay ako na di makikita ang pagbubukang liwayway sa aking bayan! Kayong nakamamalas sa kanya, batiin ninyo siya at huwag ninyong kalimutan ang nangabulid sa dilim ng gabi." |

20. Binibigyang diin sa pahayag na binasa ang:
    A. naghihingalo
    B. kaliwanagan
    C. mga bayani
    D. inaasahang alayaan

21. Ang pagbubukang-liwayway sa aking bayan ay patungkol sa:
    A. kinabukasan ng bayan
    B. kalayaan ng bayan
    C. kaluwagan ng bayan
    D. kuwentong bayan

22. Ang nagsasalita sa pahayag na binasa ay:
    A. namamaalam
    B. naghahabilin
    C. nanghihinayang
    D. nanunumbat

23. Sa pahayag ay binanggit ang nangabulid sa dilim ng gabi ito ay tumutukoy sa:
    A. mga sundalo
    B. mga bayani
    C. kabataan
    D. matatanda

DRAFT
April 1, 2014

24. Sa kabuuan ng pahayag ay may imaheng:
   A. pambansa
   B. pang-espirituwal
   C. panlipunan
   D. pangkalikasan

25. Matapos mong mabasa ang kabuuan ng pahayag, nangibabaw ang damdaming:
   A. maka-Diyos
   B. makabansa
   C. makatao
   D. makakalikasan

26. Nahihinuha sa pahayag ng nagsasalita na siya'y may katangiang:
   A. matalino
   B. matatag
   C. mapagmahal
   D. maalalahanin

DRAFT
April 1, 2014

27. Ang kinakausap ng nagsasalita sa pahayag na binasa ay ang:
   A. bata
   B. kabataan
   C. matatanda
   D. mamamayan

28. Sa kabuuan ng pahayag ay nanaig sa mambabasa ang:
   A. pagkaawa
   B. pagkalito
   C. pagkatakot
   D. pagpapahalaga

29. Ano kaya ang pinakaangkop na pamagat sa pahayag na binasa?
   A. Huling Panawagan
   B. Paalam sa Inang Baya
   C.Tagubilin sa Kabataan
   D. Ang mga Nangabulid

30. Ang dilim ng gabi ay sumisimbolo sa:
    A. kabiguan
    B. kasawiaan
    C. kamatayan
    D. kadakilaan

> "Kung ang isalubong sa iyong pagdating ay masayang mukha't may pakitang giliw,lalong pagingata't kaaway na lihim."
>
> \- Pilosopo Tasyo

31. Ang ideya/kaisipang lumulutang sa pahayag ay:
    A. pampamahalaan
    B. pampamilya
    C. panlipunan
    D. pansimbahan

DRAFT
April 1, 2014

32. Anong katangian ng nagsasalita ang maliwanag sa pahayag?
    A. matulungin
    B. matalino
    C. mapagmalasakit
    D. mapanakot

33. Anong katotohanan ang nais bigyang-pansin sa pahayag?
    A. kaingatan
    B. kainggitan
    C. kaligtasan
    D. kataksilan

34. Ang "masayang mukha" ay sumisimbolo sa:
    A. nagpapanggap
    B. nagpapasaya
    C. nagpapahanga
    D. naghahambog

35. Binigyang diin sa pahayag na:
   A. ang tao'y di dapat magtiwala
   B. ang tao'y laging may kaaway
   C. ang tao'y laging may pasalubong
   D. ang tao'y pinagpapakitaan ng giliw.

E. 36 – 50. Ipaliwanag ang pahayag na ito mula sa nilalaman ng Noli Me Tangere

> "Mahal ko ang aking bayan 'pagkat utang ko rito at magiging utang pa ng aking kaligayahan."
>
> - Crisotomo Ibarra

DRAFT
April 1, 2014

## III. Yugto ng Pagkatuto

**A. Tuklasin**

Ipabasa ang pamagat ng aralin. Magpabigay ng hinuha sa maaaring nilalaman ng paksa batay sa pamagat ng aralin.

**Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere**

**B. Linangin**

**Aralin 4.1:** Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere

**Panimula**: Naging inspirasyon ni Jose Rizal sa pagsulat ng nobela ang mga pilipinong pinagmalupitan ng mga Espanol. Ang Noli Me Tangere ay tumatalakay sa layunin ni Dr. Jose Rizal bilang may-akda, kalagayang panlipunan ng Pilipinas nang panahong isinulat ang akda at epekto ng pagkakasulat ng nobela mula sa panahon ng Kastila hanggang kasalukuyan.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kaligirang pangkasaysayan ng Noli Me Tangere

**Pamantayan sa Pagganap:** Nakapagsasagawa ang mag-aaral ng debate/ pagatatalo tungkol sa paksang “Dapat ba o di-Dapat ginamit ni Jose Rizal ang panulat sa kapakanan ng bansa?

Ang pagtataya sa isasagawang debate ay batay sa sumusunod na pamantayan: a) kaugnayan sa paksa, b) tumutugon sa layunin, c) taglay ang mga elemento ng debate, d) makabuluhang pananaliksik na may legal na batayan.

## Tuklasin

**Panimulang Gawain**

Ipaayos sa mag-aaral ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga impormasyon. Ipalagay ang bilang 1 – 5.

Marso 29, 1887
Unangnalimbag ang 2000 sipi ng akda.

Dr. Maximo Viola
Tumulong Kay Rizal sapagpapalimbag ngnobela

Uncle Tom's Cabin
Naging inspirasyon ni Riza sa pagsulat ng akda.

Disyembre 30, 1896
Kamatayan ni Dr. Jose Rizal

Resulta ng pagkakalimbag ngNoli Me Tangere
Maraming bumatikos at pumuri sa akda

DRAFT
April 1, 2014

Itanong ang **Mahahalagang Tanong**. Ipasulat sa mag-aaral ang sagot pagkatapos tumawag ng ilang mag-aaral para ibahagi ang kanilang sagot. Bigyan ng sapat na minuto ang mag-aaral sa pagsagot.

**Mahahalagang Tanong:**

1. Bakit isinulat ni Dr. Jose Rizal ang Noli Me Tangere?
2. Paano nakaimpluwensiya ang nobelang Noli Me Tangere sa isipan at paniniwala ng mga Pilipino sa panahong ito?

**Linangin**

**Paglalahad ng Aralin**

Iminumungkahing ibigay ang gawaing pananaliksik sa binuong pangkat bago ang pagtalakay sa aralin. Ipasaliksik sa bawat pangkat ang talambuhay ni Dr. Rizal at kung paano nalikha ang Noli Me Tangere sa pamamagitan ng internet, panayam sa isang eksperto o pagsangguni sa aklatan.

Pangkat 1 - Kapanganakan, mga magulang at kapatid ni Dr. Jose Rizal
Pangkat 2 –Pag-aaral /Pinasukan ni Dr. Jose Rizal.
Pangkat 3 – Mga sinulat ni Dr. Jose Rizal.
Pangkat 4 – Buhay pag-ibig ni Dr. Jose Rizal
Pangkat 5 – Kinahinatnan ni Dr. Jose Rizal

1. Ipasulat sa bawat pangkat ang nasaliksik na mga impormasyon.
2. Ipatala sa mag-aaral ang mahahalagang detalyeng narinig sa ulat.
3. Magbigay ng *feedback* sa isasagawang mga pag- uulat.
   (guro at mag-aaral)

**Pamantayan sa pangkatang pag-uulat:** a) paksa, b) pangunahing kaisipan, c) mga pantulong na detalye, d) organisasyon, e) konklusyon, f) paraan ng pagsasalita, g) kawilihan
Pagpupuntos**: 3**- Napakahusay, **2**- Mahusay, **1**- Higit pang pagbutihin

**Paglinang ng Talasalitaan**

Hanapin ang mga salitang may kaugnayan sa Talambuhay ni Dr. Jose Rizal at Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere sa loob ng *word puzzle*. Bilugan ang makikitang salita na nakalimbag pahalang, pababa, pahilis at pabaligtad. Gamitin ito sa pagbuo ng pangungusap.

DRAFT
April 1, 2014


| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | K | A | P | A | T | I | D | R | O |
| A | A | E | T | N | Y | I | L | E | S |
| L | L | G | O | D | R | O | R | O | S |
| I | A | O | T | D | J | M | U | L | A |
| M | P | K | A | I | B | I | G | A | N |
| B | I | M | O | E | T | M | A | R | I |
| A | S | A | L | A | P | I | A | H | O |
| G | N | S | R | O | E | M | I | A | R |
| A | H | N | I | A | A | R | C | I | H |
| N | P | I | L | I | P | I | N | A | S |


**Mga Gabay na Tanong:** (Maaaring palitan o dagdagan ng guro)

1. Maituturing ba na huwarang pamilya ang kay Dr. JoseRizal? Ipaliwanag.
2. Ano ang mga pagsubok na naranasan ni Dr. Jose Rizal bago isulat at habang sinusulat angnobelang Noli Me Tangere? Sa iyong palagay paano nakatulong ang mga pagsubok na ito sa buhay ng may-akda?
3. Ibigay ang iyong damdamin at naging pagbabago sa iyong pananaw kay Dr. Jose Rizal matapos mong malaman ang pagtitiis na kaniyang ginawa mabuo lamang ang Noli Me Tangere para sa Sambayanang Pilipino.

DRAFT
April 1, 2014

**Damdamin** **Pagbabago**



## Pagnilayan at Unawain

1. Ipaliwanag kung bakit mahalagang pag-aralan ang Noli Me Tangere.
2. Patunayan ang kasabihang "Kakambal ng paghihirap at pagtitiis ang tagumpay."
3. Bakit maituturing na pinakamaimpluwensiyang akda ang Noli Me Tangere sa kasaysayan ng Pilipinas?

## Ilipat

Magtanghal ng debate o pagtatalo tungkol sa paksang "Dapat ba o di dapat ginamit ni Jose Rizal ang panulat sa kapa-kanan ng bansa." Ipaliliwanag ng guro ang ilang patnubay sa gagawing pagtatanghal ng debate. Hahatiin sa apat (4) na pangkat ang mag-aaral at magbibigay ng katuwiran ang bawat panig. Makikinig ang ibang mga mag-aaral sa mga katuwirang ilalahad. Susundin ang mga pamantayan sa pagtataya ng isinagawang pagtatalo. Magbibigay ng puna o *feedback*ang guro at mag-aaral sa isinagawang pagtatanghal.

**Maaaring pamantayan sa pagtataya ng debate:**

1. Mahusay na nakapagpahayag ng mga katuwiran sa paksang pinagtatalunan o panig na kaniyang pinagtatanggol batay sa mga patunay na nasaliksik.
2. Malinaw ang mga salitang ginamit sa pagpapahayag ng katuwiran.
3. Madaling maunawaan ng mga manonood/tagapakinig ang katuwirang inihain ng bawat panig.

DRAFT
April 1, 2014

## Aralin 4.2: Mahahalagang Tauhan ng Noli Me Tangere

**Panimula:**

Makikita sa mga tauhang nilikha ni Dr. Jose Rizal ang mga katangian ng mga Pilipino at Kastila noong kanyang kapanahunan. Ibinatay niya ang mga tauhan sa Noli Me Tangere sa mga taong nakapaligid sa kaniya, kayat masasabing ang nobela ay may bahid ng katotohanan. Ang ilang mga tauhan ay may mga sinasagisag din. Ang lahat ng ito ang pagtutuunan sa aralin. Sa mga tauhang ginamit ni Rizal sa nobela, nababanaag ang maraming kahalagahang pantao na nakatutulong sa mga mag-aaral na makaalinsabay sa mabilis na mga pagbabago sa kanilang paligid sa ksalukuyang panahon.

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipapamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mahahalagang tauhan ng Noli Me Tangere

DRAFT

**Pamantayan sa Pagganap:** Naisusulat ng mag-aaral ang sariling liham na nagpapakita ng paghahabing sa pagpapahalaga ng iyong kaibigan at tauhan ng nobela

**Tuklasin**

April 1, 2014

1. Iminumungkahi na isang mahusay na pagganyak ang isagawa bago gawin ang panimulang pagtataya at ang pahahawan ng sagabal para sa aralin. Maaring magpakita ng larawan ng mga sikat na personalidad na may mahalagang kontribusyon sa lipunan at ipatukoy sa mag-aaral ang maaaring sinasagisag nito.




2. Ilahad ang inaasahan sa mag-aaral, pangnilalaman at pagganap/ produkto kasama ang pamatayan sa pagtataya nito.
3. Pahulaan sa mag-aaral kung sino ang nagwika ng sumusunod na pahayag:

a. “Mahal ko ang aking bayan pagkat utang ko rito at magiging utang pa ang aking kaligayahan.” - **Crisostomo Ibarra**
b. “Tunay pong hindi ako maaaring umibig ni lumigaya sa sariling bayan ngunit nakahanda akong magtiis at mamatay rito. Hangad ko na ang lahat ng Inang Bayan ay magiging kasawian ko rin.” - **Elias**
c. “Ang karunungan ay para sa lahat, ngunit huwag mong lilimuting iya’y natatamo ng mga may puso lamang.” **- Guro**
d. “May mga lalong dakilang bagay na dapat mong isipin- ang hinaharap ay nabubuksan pa lamang para sa iyo, sa akin ay ipinipinid na…” - **Don Rafael Ibarra**
e. “Dapat bigyang dangal ang isang mabuting tao habang buhay pa hindi kung patay na.” **Pilosopo Tasyo**

4. Pangkatin ang mga mag-aaral at hayaan silang magbigay ng hinuha sa **mahahalagang tanong**:
   a. May kaugnayan ba ang mga tauhang likha ni Rizal sa nobelang Noli Me Tangere sa kanyang buhay?
   b. Sino ang sinisimbolo ng mga tauhang nilikha ni Rizal sa kanyang akda? Magbigay ng mga patunay.


5. Tandaan na hindi kailangang maging tama ang sagot ng mga mag-aaral sa **mahahalagang tanong**. Itabi ang sipi ng kanilang sagot at balikan ito sa huling araw ng pagtalakay.
6. Talakayin ang aralin, unahing ipakita ang larawan ng mga tauhan. Mas mainam na makahanap ng mga larawan ang guro. Ipalarawan ang kanilang kaanyuan/pisikal batay sa nakikita bilang pagganyak. Pagkatapos ay kilalanin kung sino ang nasa mga larawan.
7. Ipakilala ng guro nang detalyado ang bawat tauhan.
8. Magbigay ng mga sitwasyong hango sa nobela na kung saan lilitaw ang kasunod na mga pag-uugali. Pagkatapos ay tukuyin ang kasingkahulugan ng mga ito:
   a. maginoo
   b. mapanuri
   c. sunod-sunuran
   d. matiisin
   e. mapaghiganti

DRAFT
April 1, 2014

**Linangin**

Hikayatin ang mag-aaral na pumili ng 6 na tauhan na tingin niya'y mahahalaga. Iranggo ang mga ito sa pamamagitan ng bilang 1-6. Ipapaliwanag ang sagot.

1. Pabuuin ang mag-aaral ng isang dayagram kung saan magkakaugnay ang mga tauhan. Gaya ng kasunod.




DRAFT
April 1, 2014

2. Ilahad ng guro ang mga taong kinakatawan ng ilang tauhan.Sa isang kolaboratibong gawain, ipatukoy sa mag-aaral kung sinong tauhan ng nobela ang kumakatawan sa kaniya at ipapaliwanag. Tunghayan ng talaan ng mga taong kinasangkapan ni Rizal sa nobela.

**Leonor Rivera**- inspirasyon ni Rizal, mahinhin at malapit sa Diyos

**Jose Rizal**- nag-aral sa ibang bansa at humihingi ng payo sa mga pagpapasiya.

**Paciano Rizal Mercado**- nakatatandang kapatid ni Rizal, ang madalas niyang hingan ng payo

**Padre Antonio Piernavieja**- kinapopootang paring Agustino sa Cavite na napatay ng mga rebolusyonaryo


**Kapitan Hilario Sunico**- isang Pilipinong nagpasakop sa mga Espanyol at walang sariling desiyon

**Donya Agustina Medel de Coca**- isang mayamang nagmamay-ari ng Teatro Zorilla at mga lupain, ayaw niyang tanggapin ang kanyang pagka-Pilipina.

**Magkapatid na Crisostomo**- sila'y taga-Hagonoy at namuhay nang puno ng pagdurusa

**Mga Paring Pransiskano**- mapanghamak at mapagmalupit lalo sa mga Pilipino.

3. Kasama ang naunang gawain, ipalahad sa mag-aaral ang sinisimbolo ng mga ito at ipapaliwanag ang kaniyang sagot. Katulad nito:





DRAFT
April 1, 2014

(Narito ang ilang karagdagang gawain, maaaring ibigay na takdang aralin.)

1. *Character Profile*
2. Paghahambing ng mga Tauhan
3. Pagkilatis sa mga Tauhang Mahina at Malakas
4. *Time Travel Interview*- Sino ang nais kausapin sa mga tauhan?
5. *Who am I*? Sino ako sa mga tauhan ng Noli Me Tangere?
6. *Guess* Mo? Ipanood ang ilang *clip* tungkol sa mga tauhan at ipahula ang magiging wakas ng buhay/kuwento nila.

4. Maglaan ng ilang minuto sa pag-uulat ng mga mag-aaral sa kanilang kolaboratibong gawain, susundan ito ng *feedback* ng guro.
5. Bilang pag-uugnay ng magkasunod na yugto ng pagkatuto, magbalik-aral. Makatutulong kung gagamitin ang *organizer* sa ibaba at bilang pagsagot na rin sa isa sa mahalagang tanong.




6. Ipagawa sa mag-aaral ang/ang mga gawaing maglalahad ng konseptong nabuo sa kaniya sa pag-aaral ng aralin. Maaaring sa paraang **dugtungan**…

Natutuhan ko na ang mga tauhan sa Noli Me Tangere ay

______________________________________________

DRAFT
April 1, 2014

**Ilipat**

Bilang pagganap/produkto, maaaring ito ang ipagawa sa mag-aaral.

Gagantimpalaan ang mga nagwaging "Bayaning Pilipino ng Makabagong Siglo" ng isang sikat na istasyong pantelebisyon para sa kasalukuyang taon na mula sa iba't ibang larangan ng pamumuhay. Isa sa mga kasama mo sa trabaho ang napiling parangalan, bilang pagpupugay sa kanyang ambag, ikaw ay naatasang magbigay ng testimonya kung gaano siya kahanga-hanga. Ilalahad mo ito sa isang liham na ang patutunguhan ay ang pamunuan ng istasyon. Sa liham ay ihahambing mo ang iyong kaibigan sa isang tauhan ng Noli Me Tangere na iyong itinatangi. Tiyakang ang liham ay may kaangkupan, lohikal at maayos at makatotohanan sapagkat ipalalabas ito sa iskrin at upang maantig ang damdamin hindi lamang ng iyong kaibigan kundi pati na ang mga sasaksi sa gabi ng parangal na gaganapin sa Aliwan Theater.

Narito ang pamantayan sa pagmamarka ng liham na isusulat ng mag-aaral.

| | |
|---|---|
| 1. Kaangkupan | - 30% |
| 2. Lohikal at maayos<br>(Pagpasok, ang pormat at teknikal<br>na aspeto ng pagsulat ng liham | - 30% |
| 3. Makatotohanan | - 40% |
| **Kabuuan** | **– 100%** |

DRAFT
April 1, 2014

## Aralin 4.3.1: Mahalagang Pangyayari sa Buhay ng Mahahalagang Tauhan ng Noli Me Tangere (A. Crisostomo Ibarra)

**Panimula:**

Ilalahad ng guro sa araling ito ang pagpapakilala kay Crisostomo Ibarra di lamang bilang pangunahing tauhan sa nobela kundi si Ibarra bilang mangingibiig at biktima ng pagkakataon. Ang pagpapatakas ni Rizal sa tauhang si Ibarra ay nagpapahiwatig ng pagpapalaya at pagbibigay ng pagkakataon sa tauhan na ipagpatuloy ang kaniyang buhay na siyang nais ng mambabasa sa kasalukuyan.

Mga Kabanatang may Kaugnayan sa mga pangyayari sa buhay ni Ibarra:

- Kabanata I - (Isang Pagtitipon)
- Kabanata II - (Si Crisostomo Ibarra)
- Kabanata III - ( Ang Hapunan)
- Kabanata IV - (Erehe at Pilibustero)
- Kabanata V - (Isang Tala sa Gabing Madilim)
- Kabanata VII - (Suyuan sa Asotea)
- Kabanata IX - (Mga Bagay-bagay Ukol sa Bayan)
- Kabanata X - (Ang Bayan ng San Diego)
- Kabanata XI - (Ang Mga Makapangyarihan)
- Kabanata XII - (Araw ng Patay)
- Kabanata XIX - (Mga Karanasan ng Guro)
- Kabanata XX - (Ang Pulong sa Tribunan)
- Kabanata XXIII - (Ang Pangingisda)
- Kabanata XXIV - (Sa Gubat)
- Kabanata XXVI - (Bisperas ng Pista)
- Kabanata XXIX - (Ang Umaga)
- Kabanata XXX - (Sa Simbahan)
- Kabanata XXXI - (Ang Sermon)
- Kabanata XXXII - (Ang Paghuhugos)
- Kabanata XXXIV- (Ang naganap sa Tanghalian)
- Kabanata XXXV - (Mga Usap-usapan)
- Kabanata XXXVI - (Suliranin)
- Kabanata XLVIII - (Mga Talinghaga)
- Kabanata XLIX - (Tinig ng Pinag- uusig)

DRAFT April 1, 2014

- Kabanata LIV - (Ang Nabunyag na Lihim)
- Kabanata LV - (Ang Pagkapahamak)
- Kabanata LVIII - (Ang Mga Isinumpa)
- Kabanata LX - (Ang Pagpapakasal ni MariaClara)
- Kabanata LXII - (Nagpaliwanag si Padre Damaso)

(Maaaring ipabasa na ang mga kabanata sa mag-aaral bilang paunang takdang-aralin upang lubusang malaman ang tungkol sa tauhan.)

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas sa mag-aaral ang pag-unawa sa mahalagang pangyayari sa buhay ni Crisostomo Ibarra bilang mangingibig at biktima ng pagkakataon

**Pamantayan sa Pagganap:** Nakapagsasagawa ng pagtatanghal ng Mock Trial ang mga mag-aaral tungkol sa desisyon ni Crisostomo Ibarra sa pagtatapos ng nobela

DRAFT April 1, 2014

Ang Pagtataya sa isinagawang pagtatanghal ng *Mock Trial* ay batay sa sumusunod na pamantayan: a) mahusay na katuwiran, b) makatotohanan, c) kaangkupan ng mga pahayag, d) presentasyon (Maaaring bumuo ang guro ng sariling rubrik sa pagtataya).

**Tuklasin**

1. Magpabanggit ang guro sa mag-aaral ng bahagi ng teleserye na nagpapakita ng sanhi at bunga ng inggit sa kapwa.
2. Pangkatin ng guro ang klase sa tatlo (3). Ipasagot sa bawat pangkat ang **mahahalagang tanong** gamit ang estratehiyang *focus group discussion*. Bigyan ng pagkakataong makapag-usap ang pangkat (maaaring 10 minuto), pagkatapos ipaulat ang napag-usapan ng bawat pangkat.

   Pangkat 1 – Bakit masamang pag-uugali ang inggit?
   Pangkat 2 at 3 – Bakit naging makatarungan ang desisyon ng may-akda na patakasin si Crisostomo Ibarra habang siya ay tinutugis ng mga *guardia civil*?

**Linangin**

b.1. Sa pabuod na paraan, ipalahad sa mag-aaral ang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Crisostomo Ibarra (maaaring ibigay na ito bilang takdang-aralin sa bawat pangkat.) Ipatala sa mga mag-aaral ang mga mahahalagang impormasyon. Magbigay ng *feedback* o puna sa ginawang pag-uulat ng bawat pangkat.

Pangkat 1 – Pagdating ni Ibarra sa San Diego mulasa Europa.
Pangkat 2 – Buhay pag-ibig ni Ibarra.
Pangkat 3 – Pagbabanta sa buhay ni Ibarra at pagtugis sa kaniya.

**b.2 Paglinang sa Talasalitaan**

Bigyang kahulugan ang bawat salitangnasa loob ng bilughaba at gamitin ito sa pangungusap.

1. mapalad - ____________
2. kapangyarihan - ____________
3. mangingibig - ____________

DRAFT
April 1, 2014

**b.3 Pag-unawa sa Nilalaman ng Aralin**

**Mga Gabay na Tanong** (Maaring magbigay pa ng ibang tanong ang guro na may kaugnayan sa mga kabanatang naglalahad ng mga pangyayari sa buhay ni Ibarra)

1. Sino ang mga taong nakapagparanas kay Ibarra ng kasawian, kapighatian at kapahamakan? Paano nila ginamit ang kanilang kapangyarihan para maranasan ni Ibarra ang mga ito?
2. Ibigay ang mga katangian ni Ibarra batay sa hihinging impormasyon.

Crisostomo Ibarra

- bilang mamamayan
- bilang mangingibig
- bilang biktima ng pagkakataon

3. Ano ang isang bagay na sumisimbolo sa tauhang iyong hinahangaan na nagkaroon ng malaking kaugnayan sa buhay ni Ibarra? Iguhit ito at ipaliwanag.
4. Ipalahad ang mga pangyayari sa akda na nangyayari pa rin sa kasalukuyan. Patunayan ito.
5. Sino sa mga tauhan ang higit na nakaantig sa iyong damdamin? Ibahagi ang damdamin tungkol sa mga taong katulad ng naranasan ng tauhan sa akda.
6. Itala ang pangyayaring tumimo sa iyong isipan at damdamin.

**Pagnilayan at Unawain**

DRAFT
April 1, 2014

Bigyan ng pagkakataon mag-aaral na mag-isip sa kasunod na gawain (Maaaring 15 minuto). Ipasulat ang sagot at tumawag ng ilang mag-aaral na mag-uulat nito.

1. Bigyan ng interpretasyon ang salitang **inggit.** Paano ka makaiiwas sa pagkainggit sa iyong kapwa?
2. Ibigay ang sariling pananaw tungkol sa positibo at negatibong dulot ng inggit sa kapwa.
3. Paano ka nabago ng mga pangyayaring naganap sa mahalagang tauhan sa akda?

**Ilipat**

Ibigay na takdang-aralin sa pinangkat na mag-aaral ang pagpapasulat at pagsasanay sa pagtatanghal ng *Mock Trial*. Ipatanghal ang *Mock Trial* tungkol sa naging desisyon ni Ibarra sa pagtatapos ng nobela. Magbigay ng puna sa itinanghal (Maaaring guro o mag-aaral ang magbibigay ng puna)

## ARALIN 4.3.2: Ang Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ng Tauhan (B. Elias)

**Panimula:**

Ilalahad ng guro ang tungkol sa aralin. Makikita kay Elias ang ilang paniniwala at katangian ni Rizal – ang pagiging tapat at mapagmahal na kaibigan, mapagmahal sa bayan at paniniwalang ang bayan ay pinakamahalaga higit sa lahat ng bagay. Likas sa tao ang kabutihan subalit kapag pinagmalupitan at pinagkaitan ng katarungan, natututong maghimagsik at lumaban.

Mga Kabanatang May Kaugnayan sa mga Pangyayari sa Buhay ni Elias

- Kabanata XXIII (Liwanag at dilim)
- Kabanata XXV (Si Elias at si Salome – tagong kabanata ng akda)
- Kabanata XLV (Ang Mga Nagrerebelde)
- Kabanata XLIX (Tinig ng Pinag-uusig)
- Kabanata LII (Ang mga Tao sa Libingan)
- Kabanata LIV (Ang Lihim Na Nabunyag)
- Kabanata LV (Ang Pagkapahamak)
- Kabanata LXI (Habulan sa lawa)
- Kabanata LXIII (Noche Buena)

DRAFT
April 1, 2014

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas sa mag-aaral ang pag-unawa sa mahahalagang pangyayari sa buhay ni Elias

**Pamantayan sa Pagganap:** Naipasasalaysay sa mag-aaral ang ilang pangyayari sa kasalukuyan na may pagkakatulad sa naging desisyon ni Elias na pagtubos sa buhay ng isang kaibigan. Ang Pagtataya sa pagsasalaysay ay batay sa sumusunod na pamantayan: a) masining, b) orihinal,
c) makatotohanan, d) kaangkupan ng mga pahayag, e) presentasyon

(Maaaring bumuo ng sariling rubrik ang guro sa pagtataya).

## Tuklasin

**a.1 Panimulang Gawain**

Bubuo ang guro ng *circle group* sa klase (nasa guro na kung ilang miyembro bawat pangkat). Magpakita ang guro ng mga larawan na nagpapakita ng kasawiang nararanasan ng mga tao. Bigyan ang mag-aaral ng pagkakataong pag-usapan ang nasa larawan. Maaaring gawing gabay ang mga tanong:

a. Ano ang ipinahihiwatig ng larawan?
b. Bakit nangyayari ang ganoong kasawian sa isang tao?
c. Ilarawan ang damdaming namayani sa iyo habang tinitignan mo ang larawan.
d. Ano ang iyong gagawin kapag ang isang tao ay naharap sa ganoong sitwasyon?

DRAFT

Pagkatapos, magtatalaga ang guro ng isang tagapagsalita sa pangkat na magbabahagi ng kanilang pinag-usapan. Maaaring magpalitan ng puna o *feedback* sa mga naging sagot ng mga mag-aaral.

April 1, 2014

**a.2** Ipasagot ng guro sa bawat pangkat ang **mahahalagang tanong** sa aralin gamit ang *3-2-1 strategy*. Sa unang tanong, 3 sagot, ikalawa 2 sagot, ikatlong tanong 1 sagot. Ipasulat sa mga mag-aaral ang mga sagot sa kartolina at ipapaskil ito. Hayaan ng guro na nakapaskil ito hanggang sa matapos ang aralin.

**Mahahalagang Tanong:**

1. Bakit natututong lumaban o maghimagsik ang tao?
2. Paano ipinakita ni Elias ang pagmamahal sa isang kaibigan.
3. Sino ang sinisimbolo ni Elias?

a.3 Ibibigay na ng guro bilang takdang-aralin sa bawat pangkat ang mahahalang pangyayari sa buhay ni Elias. Ipaulat ito sa klase.

Pangkat 1 – Si Elias at Salome
Pangkat 2 – Ang mga rebelde at mga pinag-uusig
Pangkat 3 – Ang kamag-anak ni Elias at nuno ni Ibarra
Pangkat 4 – Si Elias bilang kaibigan

(Maaaring magbigay ng *feedback* sa ginawang ulat ang guro o mag-aaral)

a.4 Pabigyan ng kahulugan sa mga mag-aaral ang salitang **kabiguan** sa pamamagitan ng *word association.*

**kabiguan**

## Linangin

b.1 Ipalahad sa mag-aaral ang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Elias.

**b.2 Paglinang ng Talasalitaan**

Ibigay ang kasingkahulugan ng hinihinging salita ng sumusunod. Ipagamit ang *clue* para madaling maibigay ang sagot.

1. naranasang kabiguan ni Elias

(K) ( ) ( ) (A) ( ) ( ) (A) ( )

2. taong maaasahan sa oras ng kagipitan

(K) ( ) ( ) (B) ( ) ( ) (A) ( )

3. ipinagkakait sa mabubuting tao

(K) (A) ( ) ( ) ( ) (U) ( ) (G) ( ) ( )

4. tao mismo ang gumagawa nito

(K) ( ) (P) ( ) ( ) ( ) (R) ( ) (N)

b.3 Magbibigay ang guro ng mga gabay na tanong/gawain sa pag-unawa sa nilalaman ng gawain.

DRAFT
April 1, 2014

1. Ibibigay ng mag-aaral ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga katangian nila Ibarra at Elias sa pamamagitan ng paggamit ng *T-Chart*.

| Pagkakatulad | Pagkakaiba |
|---|---|
| | |

2. Hihingin ang opinyon ng mag-aaral kung bakit hindi pinigilan ni Elias si salome na umalis sa lugar kung saan una silang nagkakilala at nagkasama. Kung sang-ayon o hindi siya sang-ayon sa pagkakatanggal sa bahagi ng akda na naglalahad sa damdamin nila Elias at Salome.
3. Ipagawa ang dayagram ng mga tauhan na may kaugnayan kay Elias. Ipalahad ang kaugnayan nila kay Elias.

DRAFT

**Pagnilayan at Unawain**

**Gawain:**

April 1, 2014

1. Ipapaliwanag sa mag-aaral ang kulturang Pilipinong inilahad sa aralin at ang kalagayan nito sa kasalukuyan. Gamitin ang *Triple Entry Journal.*

| Mga Kulturang Pilipino na inilahad sa aralin | Saang kabanata ito makikita? | Kalagayan ng mga kulturang ito sa kasalukuyan |
|---|---|---|
| | | |

2. Sa pamamagitan ng dyornal ng mag-aaral, ipasalaysay kung may kakilala siyang tao na katulad ng naging karanasan ng mahalagang tauhan sa aralin at kung mayroon pa bang katulad ni Elias sa kasalukuyan.

## Ilipat

Sa pamamagitan ng pagsasatao, ipasalaysay ang isang pangyayari sa kasalukuyang panahon ang katulad ng naging desisyon ni Elias sa pagtubos sa buhay ng isang kaibigan. Maaaring magbigay ng puna o *feedback* ang guro o mag-aaral.

Ang mga pamantayang gagamitin sa pagtataya ay: a) realistiko at natural ang pagganap sa katauhang binibigyang buhay, b) angkop ang ekspresyon ng mukha sa ipinakikitang emosyon o sa damdaming pinalilitaw, c) umaakma ang gamit ng tinig, saloobin, at kaisipan ng tauhang ginagampanan, d) mahusay at malinaw ang pagbibitiw ng mga pahayag kaya't nauunawaan, e) maayos ang *blocking* sa paggalaw ng tauhan at f) nakapukaw ng interes at kawilihan sa manonood ang pagsasatao.

Ang rubriks ng pagmamarka ay

5 – natatangi

4 – napakahusay

3 - mahusay

2 – kasiya-siya

1 – hindi kasiya-siya

DRAFT
April 1, 2014

## Aralin 4.3.3 – Ang Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ng Tauhan (C. Maria Clara)

**Panimula**

Ang araling ito ay ipinakikilala si Maria Clara ng nobelang Noli Me Tangere. Si Maria Clarang mabining kumilos, mapagmahal sa kasintahan at magulang. Bagamat nagpakita ng kahinaan sa larangan ng pag-ibig nangangahulugan lamang na mas pinili niya ang sariling kabiguan kaysa sa sariling kaligayahan mapasaya lamang ang mga magulang. Marahil ito'y taglay din ng mga Pilipina sa kasalukuyan.

Nilalaman din ng araling ito ang mga kabanatang may kaugnayan sa mahahalagang pangyayari sa buhay ni Maria Clara.

- Kabanata VI (Si Kapitan Tiyago)
- Kabanata VII (Suyuan sa Asotea)
- Kabanata XXII (Liwanag at Dilim)
- Kabanata XXIV (Sa Gubat)
- Kabanata XXVII (Dapithapon)
- Kabanata XXVIII (Mga Sulat)
- Kabanata XXXVI (Mga Suliranin)
- Kabanata XXXVII (Ang Kapitan Heneral)
- Kabanata XXXVIII (Ang Prusisyon)
- Kabanata XLII (Ang Mag-asawang De Espadaña)
- Kabanata XLIV (Ang Pangungumpisal)
- Kabanata XLVIII (Mga Talinghaga)
- Kabanata LXI (Ang Pagpapakasal ni Maria Clara)

(Maaaring ipabasa na ang mga kabanata sa mag-aaral bilang paunang takdang-aralin upang lubusang malaman ang tungkol sa tauhan.)

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mahahalagang pangyayari sa buhay ni Maria Clara

**Pamantayan sa Pagganap:** Nakasusulat ang mag-aaral ng isang maikling kuwentong dekonstruksyon tungkol sa kalakasan ng katangian ng isang Maria Clara sa kasalukuyan

DRAFT April 1, 2014

Ang isinulat na maikling kuwentong dekonstruksyon ay matataya batay sa sumusunod na pamantayan a) makatotohanan, b) kaangkupan ng mga salita, c) wastong gamit ng gramatika at retorika, d) taglay ang mga elemento ng maikling kuwento, e) napapanahon. (Maaaring bumuo ng sariling rubriks ang guro sa pagtataya.)

**Tuklasin**

a.1 Ipakikita ng guro ang ginupit na larawan ng dalawang babae. Larawan ng pilipina noong panahon ng mga ninuno at larawan ng Pilipina sa bagong panahon. Ipasagot sa mag-aaral ang mga gabay na tanong.

**Mga Gabay na Tanong:**

a. Paghambingin ang mga nasa larawan.
b. Ibigay ang kani-kanilang mga katangian.
c. Sino sa kanila ang nais mong tularan? Bakit?

DRAFT
April 1, 2014




a.2. Gawing pangkatang gawain ang pagpapasagot sa **mahahalagang tanong**. Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aara na magpalitan ng kanilang hinuha. Ipaulat sa klase ng napiling tagapagsalita.

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Paano mo maipakikita ang tunay na pagmamahal sa taong itinatangi?
2. Bakit sinisimbolo ni Maria Clara ang mga katangian ng isang tunay na Pilipina gayong sa nobela siya ay inilarawan bilang isang mahinang babae?
3. Ilahad ng guro ang inaasahang pagganap para sa aralin upang

mapaghandaan na ito ng mag-aaral. Indibidwal na gawain ito. (Pagsulat ng maikling kuwentong dekonstruksyon tungkol sa kalakasan ng katangian ng isang Maria Clara sa kasalukuyan).

**Dekonstruksyon-**Isang paraan ng pag-aanalisa ng akda. Batay ito sa ideyang walang permanenteng kahulugan ang akda dahil ang wika ay di matatag at nagbabago. Dahil dito, higit na mahalaga ang mambabasa kaysa sa may-akda sa pagtiyak ng kahulugan ng akda.

4. Ipaulat ang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Maria Clara sa masining na paraan. (maaaring gumamit ng estratehiyang *story frames, Story Board, Story ladder* o iba pa).(Ibigay na ito bilang takdang-aralin sa bawat pangkat). Ipasulat sa mag-aaral ang mga impormasyong mahahalaga. Magbigay ng *feedback*. (Maaaring guro o mag-aaral)
5. Bigyang kahulugan ang mga salitang nasa kahon at gamitin ang mga ito sa pangungusap.

DRAFT
April 1, 2014

| **Mga salita** | | **Pangungusap** |
|---|---|---|
| Pag-uulayaw | ____________ | |
| Asotea | ____________ | |
| Pag-iisang dibdib | ____________ | |

Iugnay ang gawaing ito sa tatalakayin sa bahaging **Linangin**.

**Linangin**

**b.1**. Ilahad ang aralin, pagkatapos ipasulat ang pangungusap na may kaugnayan sa paksang inilahad ang may pagkakatulad sa kanilang karanasan.

**b.2. Paglinang ng Talasalitaan**

Bigyan ng kasingkahulugan at kasalungat sa mga salita at gamitin sa pangungusap.

1. *kalapastangan*
   Kasingkahulugan ________________
   Kasalungat ________________
   Pangungusap ________________
2. *mahinahon*
   Kasingkahulugan ________________
   Kasalungat ________________
   Pangungusap
3. *makipagtuos*
   Kasingkahulugan ________________
   Kasalungat ________________
   Pangungusap ________________
4. *iniibsan*
   Kasingkahulugan ________________
   Kasalungat ________________
   Pangungusap ________________
5. *suyuan*
   Kasingkahulugan ________________
   Kasalungat ________________
   Pangungusap ________________

DRAFT

**b.3 Mga Gabay na Tanong sa Pag-unawa ng Aralin**

(Mungkahi lamang ito, maaaring palitan o dagdagan).

April 1, 2014

a. Sino si Maria Clara? Ibigay ang magagandang Katangian ni Maria Clara bilang anak, kasintahan at tao.
b. Paano ipinakita nina Ibarra at Maria Clara ang kanilang pag-iibigan? Nangyayari pa ba ang ganitong pagsusuyuan sa kasalukuyan? Patunayan.
c. Ano ang iyong pipiliin kung ikaw ang nasa katayuan ni Maria Clara, ang ipaglaban sa magulang ang lalaking minamahal o ang sundin ang utos ng magulang na layuan ang minamahal? Bakit?
d. Bakit kaya si Maria Clara ang sinisimbulo ng mga Pilipina?
e. Anong teoryang pampanitikan ang ipinakikita sa pagsusuyuan nina Crisostomo at Maria Clara sa asotea? Patunayan.

**Pagnilayan at Unawain**

c.1. Gawing pangkatan ang gawaing ito. Bigyang kahulugan ang **tunay na pag-ibig**. (Maaaring estratehiyang gamitin sa pangkatan ay *clay molding*, paglikha ng tula, pagbuo ng *poster*, paglikha ng awit)

c.2. Ipasagot ang tanong sa mag-aaral: Mahalaga bang ipaglaban ang taong iniibig? Alin ang mas mahalaga sa iyo, ang maging mabuting mangingibig o maging masunuring anak?

**Ilipat**

Balikan ang pamantayang gagamitin sa pagtataya. Ipasulat ang maikling kuwentong dekonstruksyon tungkol sa kalakasan ng katangian ng isang Maria Clara sa kasalukuyan. Pagpartnerin ang mga mag-aaral. Ibabahagi nila ang puna sa isinulat nilang kuwento. Gawing gabay ang mga rubriks sa pagmamarka:

5 – Napakahusay
4 – Mahusay
3 – Katamtaman
2 – May Pag-unlad
1 – Pasimula

DRAFT
April 1, 2014

## Aralin 4.3.4 – Ang Mahahalagang Pangyayari Sa Buhay ng Tauhan (D. Sisa)

**Panimula:** Sa araling ito makikilala si Sisa bilang ulirang ina at asawa. Hangga't may mga Ina at asawang patuloy na nagmamahal sa kanilang pamilya nang walang hinihinging kapalit, walang kondisyon, mananatiling may Sisa sa modernong panahon. Mababatid din dito ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay ni Sisa.

Mga kabanatang may kaugnayan sa mahahalagang pangyayari sa buhay ni Sisa.

- Kabanata XV (Ang mga Sakristan)
- Kabanata XVI (Si Sisa)
- Kabanata XVII (Si Basilio)
- Kabanata XVIII (Nagdurusang mga Kaluluwa)
- Kabanata XXI (Kasaysayan ng Isang Ina)
- Kabanata XXXIX (Doña Consolacion)
- Kabanata LXIII (Noche Buena)
- Kabanata LXVII (Ang Dalawang Senyora)

(Maaaring ipabasa na ang mga kabanata sa mga mag-aaral bilang paunang takdang-aralin upang lubusang malaman ang tungkol sa tauhan.)

DRAFT April 1, 2014

**Pamantayan sa Pagganap:** Nakapagsasagawa ang mag-aaral ng *Scenario Building* tungkol kay Sisa sa makabagong panahon. Ang pagtataya sa isasagawang *Scenario Building* ay batay sa sumusunod na pamantayan: a) orihinal, b) makatotohanan, c) kaangkupan ng mga pahayag,
d) presentasyon, e) napapanahon. (Maaaring bumuo ng rubriks ang guro para sa pagtataya.)

## Pagnilayan at Unawain para sa Modyul 4

**Gawain**: (Kolaboratibong Gawain)

1. Magsagawa ang mag-aaral ng isang panayam/ interbyu sa sinuman sa sumusunod: dalubhasa sa panitikan, manunulat, guro, may kaalaman sa kasaysayan (kilala man o hindi). Ang kanilang kakapanayamin ay sasagutin lamang ang tanong na: ‘’Bakit naihanay at itinuring na klasikong babasahin ang Noli Me Tangere?” Ipatala sa mag-aaral ang nakuhang mga sagot/ datos sa kinapanayam. Bumuo ng kongklusyon tungkol dito at ipahandang ipaulat ito sa klase.

2. Magpalabas ang mag-aaral ng isang *Talk Show*. Hayaan silang magplano sa kung ano ang pormat, mga panauhin at presentasyon. Tiyakin lamang na matatalakay sa gawain ang tanong na: “ Katanggap-tanggap ba ang mga solusyong inimungkahi ni Rizal sa paglutas ng suliraning panlipunan ng bansa sa panahong naisulat ang Noli Me Tangere?”. Ipatala sa mag-aaral ang mahahalagang impormasyong kanilang narinig. ( Maaaring magbigay ng puna ang guro at mag-aaral sa ipinalabas na *Talk Show*.)

DRAFT
April 1, 2014

## Ilipat para sa Modyul 4

Pagkatapos matalakay ang mga aralin sa akdang Noli Me Tangere, higit pang malilinang ang kasanayang pagkatuto ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanghal ng dulang panteatro tungkol sa ilang napapanahong isyu kaugnay ng mga natalakay na aralin sa akda. (Hayaan ang mag-aaral na makapag-isip o pumili ng isyung kanilang tatalakayin sa dula at magplano ng kanilang pagtatanghal. Bigyan lamang sila ng sapat na panahon para maisagawa ito.) Maaaring gamiting pamantayan sa pagtataya ng dulang panteatro ang sumusunod: a.) pagbibigay ng interpretasyon b.) pagkakaganap ng mga tauhan c.) mga kasuotan, ilaw, props na gamit sa tagpuan d.) ayos ng tanghalan e.) dating sa manonood f.) kaangkupan ng tunog at musik.

Ang iskala ng pagmamarka ay:

| | |
|---|---|
| 5 ( Napakahusay) | 2 ( Di- Gaanong Mahusay) |
| 4 ( Mahusay) | 1 ( Lubhang Di-Mahusay) |
| 3 ( Katamtaman) | |

## Sintesis

Ang akdang Noli Me Tangere ay paraan ni Dr. Jose Rizal para mailantad ang mga pangyayari sa lipunan at ang kalagayan ng mga Pilipino sa panahong nasakop tayo ng mga Espanyol. Ang mga paglalarawan niya sa mga tauhan at mga pangyayari ay matalisik/ mahinahon (subtle) na pagbatikos sa umiiral na pamahalaan at sa ibang Pilipinong nakikikutsaba. Naimpluwensyahan at mababaw  na portrayal sa mga tauhang hindi naging bahagi ng impluwensiya ngunit napahamak bagamat ang ilan ay pilit na bumabangon at naghahanap ng solusyon.

Pagmamahal at pagmamalasakit sa bayan ang nag-udyok kay Rizal upang lumikha ng akdang tulad ng Noli Me Tangere kaya sa bagong henerasyon lalo na sa kabataan, dapat isipin kung ano ang magagawa para sa bayan at di kung ano  ang magagawa ng bayan para sa tao.

Layunin ni Rizal na ilarawan ang sakit ng lipunan sa panahong naisulat ang akda at mabigyan ng lunas kundi man sa kaniyang panahon ay sa susunod pang salinlahi. Makikita sa mga tauhang nilikha ni Rizal ang mga katangian ng mga Pilipino at Espanyol  noong kaniyang kapanahunan gayundin sa katauhan ni Crisostomo Ibarra na makikita sa akda na tagla niya ang mga katangian ni Rizal at sa mga naranasan niyang hirap at pagtitiis ay may tagumpay.

DRAFT
April 1, 2014

## Pangwakas na Pagtataya para sa Modyul 4

<u>Pangkalahatang Panuto:</u> Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

I. Tukuyin kung sino ang sumusunod at isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. paraluman ng guwardiya sibil
2. tinyente mayor ng San Diego
3. nag-aruga kay Maria Clara
4. maestro de obras ng gusali ng paaralan
5. aninong huling dumating sa libingan
6. Dominikong kura sa Binundok
7. asawa ni Sisa
8. kapatid ng taong madilaw
9. tulisan na anak ng nuno ni Elias
10. matalik na kaagaw ng kura sa kapangyarihan sa bayan ng San Diego

II. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari. Isulat ang titik A-I.

11. Sinabi ng lalaki na siya ay mahina na at mamamatay siya bago magbukang liwayway.
12. Nakilala niya ang anak, niyakap at pinaghahagkan ang walang malay na anak.
13. Tumayo si Elias, humarap sa Silangan, tinitigan ang langit at bumulong na waring nagdarasal.
14. Isang taong sugatan ang nagmasid sa mag-ina.
15. Sinabi pa kung walang darating ay maghukay sa paanan ng puno at ang kayamanang makukuha ay gagamitin sa pag-aaral.
16. Nakarating ang naghahabulang mag-ina sa gubat ng mga Ibarra.
17. Umakyat si Basilio sa puno at nagpatihulog sa libingan.
18. Inutusan si Basilio na sunugin ang kanilang bangkay ni Sisa.
19. Niyakap at pinaghahagkan ang ina at siya'y nawalan ng malay.
20. Namatay din ang lalaki.

DRAFT
April 1, 2014

III. Tukuyin ang uri ng tunggalian. Piliin ang letra ng tamang sagot.

A. Tao sa tao
C. Tao sa lipunan
B. Tao sa sarili
D. Tao sa kalikasan

21. Ewan ko kung si Inay ay buhay pa o patay na. Kayo! Kayo ang sanhi ng kanyang kasawian.
22. Pinagsamantalahan ng isang kura ang aking anak na dalaga. Siya'y malakas at makapangyarihan.
23. "Diyos ko, kung ako'y iyong pinaghihigantihan, huwag ninyo pong idamay ang walang malay kong anak."
24. Sila ang nagmulat sa aking mga mata, ang nagpakita ng kabulukan at pumipilit na maging salarin, magiging totohanang Filibustero.
25. Umalis si Elias sa bahay ni Ibarra na tila nasisiraan ng bait at di malaman kung saan patutungo.
26. Sumpain ako sa ginawa kong pagpatay sa aking kaibigan.

DRAFT

IV. Kilalanin kung sino ang nagsabi sa sumusunod. Piliin ang letra ng tamang sagot sa loob ng panaklong.

27. "Mamamatay akong hindi man lamang namasdan ang maningning na pagsikat ng araw sa aking bayan"

April 1, 2014

28. Diyos ko, ako'y iyong parusahan ngunit iligtas mo ang aking anak."
    A. Tiyago
    B. Pari Damaso
    C. Basilio
    D. Sisa

29. "Hindi ako nangangailangan ng gamot kundi kayong nangasi".
    A. Ibarra
    B. Tasyo
    C. Elias
    D. Pari Salvi

30. "Ang kumbento o ang kamatayan".
    A. Sinang
    B. Andeng
    C. Maria Clara
    D. Victoria

31. "Ang guwardiya sibil ay hindi nakagugunita sa mga api.
    A. Sisa
    B. Pia Alba
    C. Kapitana Tichang
    D. Tiya Isabel

32. "Naniniwala ako na ang mga bata ay hindi nakapag-iisip kung nakikita ang suplina."
    A. Ibarra
    B. Pari Damaso
    C. guro
    D. tinyente

33. Pinakamagaling kong dangal ang isang mabuting tao habang buhay kaysa patay na."
    A. Kapitan-Heneral
    B. Tenyente Guevarra
    C. Elias
    D. alperes

VI. Isulat ang _T_ kung tama ang diwa ng pangungusap, _M_ kung ito ay mali. Itama ang salitang may salungguhit.

34. Ang Noli Me Tangere ay inihandog ni Rizal sa bayan.
35. Ang tanging baon ni Ibarra na galing kay Maria Clara nang siya ay magtungo sa Europa ay dahon ng Sampaguita.
36. Hinimok ni Elias si Mang Tasyo na manirahan sa piling ng mga di-binyagan.
37. Ayon kay Padre Salvi, ang pagdarasal ang nagpagaling kay Maria Clara.
38. Buhat ng magmongha si Maria Clara, si Kapitan Tiyago ay mahilig na sa pag-inom ng alak.

DRAFT
April 1, 2014

39. Ang pangalan ng San Diego ay galing kay San Diego de Alcala.
40. Ang sumawata sa dalawang nag-aaway na senyora ay ang Alperes.
41. Ang nagturo kay Ibarra kung saan nalibing si Don Rafael ay si Tenyente Guevarra.

VI. Ipaliwanag sa tatlo o apat na pangungusap ang kaisipang nakapaloob sa sumusunod na pahayag. (5 puntos).

41-45. “Hindi lahat ay natutulog sa dilim ng gabi”.
46-50. “Iniibig ko ang aking bayan sapagkat utang ko sa kanya ang aking kasawian.”

**Talahanayan ng Espisipikasyon**

| **Mga kasanayang Pampagkatuto** | **Kaalaman 15 %** | **Proseso 25%** | **Pag-unawa 30%** | **Produkto/ Pagganap 30%** |
|---|---|---|---|---|
| Natutukoy ang mga tauhang binanggit sa mga aralin | 10 aytem<br>Blg. 1 – 10 | | | |
| Nasusunod-sunod ang mahahalagang pangyayari sa mga natalakay na aralin | | 9 aytem<br>Blg. 11 – 19 | | |
| Natutukoy ang mga uri ng tunggalian sa mga pangyayari | | 6 aytem<br>Blg. 20-25 | | |
| Nakikilala nag mga tauhang nagsabi ng mahahalagang pahayag sa mga natalakay na aralin | | | 7 aytem<br>26 – 32 | |

DRAFT
April 1, 2014

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Nababatid ang tama at maling pangungusap na may kaugnayan sa mga natalakay na aralin | | | 8 aytem<br><br>26 – 32 | |
| Naipaliliwanag ang ipinahihiwatig ng pahayag | | | | 10 aytem<br><br>41 - 50 |

DRAFT
April 1, 2014